# Book 1-

# My First Love

REVISED VERSION
Cerisemie © Wattpad 2012
[Posted at TRE and Wattpad, *only*]

Written by:
Cerisemie
Or
Jam Mendoza

Property of: **cerisemiestories.weebly.com**

First of all, Book 1 po ito. May kasunod po. Salamat ☺

May original version po ito. Pero ang pahihintulutan ko lang na soft copy ay itong revised version. Anong pinagkaiba ng original sa revised version? WALA. Dahil ganoon pa rin naman 'yung plot. Ganoon pa rin 'yung main problem. Though mas may twist, ganoon pa rin naman 'yung naexperience ng mga characters kahit sabihin kong binura ko lahat at pinalitan.

Utang na loob, 'wag niyo na pong hingin iyong original version dahil sasakit lang 'yung ulo niyo. MWAHAHAHAHA. My way of writing sa original version was really immature, 'yung characters ko, immature rin. NAPAKA-talaga. 'Yung iba naman, walang feelings, minsan kulang-kulang pa. Pagtatawanan niyo lang 'yun, promise. LOL

Sana ma-enjoy niyong basahin ito. Binigay ko lahat para mas mapaganda ang istoryang ito, para mas magandang tingnan kumpara sa original version.

**Plagiarism is a crime po. *Ples, pakitandang mabuti*** ☺

Cerisemie © Wattpad 2012

# PROLOGUE

Pinapangunahan na kita, katulad lang ito nang ibang love stories na kinakailangan mong mamili between two important people in your life dahil syempre nga naman, you can’t have them both.

Kung ikaw naman ‘yung tipo ng tao na ayaw mamili, aba iha, sugapa ka naman ata. Sa buhay, kailangang may bitawan ka kung ayaw mong sila pareho ang bibitiw sayo. Ending? Ikaw ang kawawa. May choice ka na ngang mamili, yet, pinili mong magpakalandi at magpakashunga because you tried to keep them both.

So what makes my story different from the others? Hmmm, well, ako ‘yung tipo ng bida na namili, matapos mamili ay nakuha pang umalis at lumayo, then sa bandang huli, lalabas na sobra naman pala talaga akong tanga. *As in.*

Magulo? Well, that’s another reason why my story is different from the others. Kailangang magulo ang introduction ko para ma-curious ka at makukuha mong basahin ang istorya ko.

Oh ano, gets mo na? Edi go, basa!

xxxxx

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 1 - Hello first day!

*Hello Sunshine, Hello Sunshine*

Okay, ang weird lang ng alarm clock ko. Anyway, it’s time to get up na! This will be my first day of classes. And I know, all of the students especially 4th year high school students like me are very excited because of this day. Syempre, last year, more experiences and at the same time ay huling taon para maging papetiks-petiks bago suungin ang new path ng buhay nila. Edi syempre, mas masaya kung susulitin kaagad hindi ba?

Hay, henebe! Bakit ba nagpapaka-senti ako? I stood up and went to the bathroom. Ginawa ko ang morning rituals ko, after that, bumaba na ako para kumain naman ng breakfast ko together with my Mom.

“Ma, ang aga atang umalis ngayon ni Papa?” Sabi ko pagkatapos kong kagatan iyong sandwich ko, my breakfast for this day.

“Actually, nasa labas na ang papa mo. Hinihintay kang umalis.” Natatawang sabi ni Mama. Natawa na rin ako, mas excited pa pala si Papa sa akin eh!

“Bilisan mo ng kumilos, alam mo naman ang Papa mo, Ace eh.” Okay, that’s my name.

*Antanasia Chloe Emi M. San Diego* to be exact. And yeah, hindi masyadong pinag-isipan ng parents ko ang pangalan kong ito. And because I don’t like this name, I mean ayoko ng masyadong mahabang introduction lalo na kapag tinatawag ako, I prefer to be called as Ace only. I got this name from the first letters of my name. Mas okay din naman ang pangalang iyon kahit pang-lalaki hindi ba?

“Ma, alis na po ako.” Sabi ko pagkatapos kong mag-toothbrush at madala na ang gamit ko. Tumango sa akin si Mama, and syempre binigay na ang aking pinakaaasam na baon! Yipee, 2 months din akong nagtiis sa ipon ko ah?

“Papa, sabi ni Mama mas excited ka pa raw sa akin ngayon.” I said when I saw my father standing beside our car.

“Pareho lang naman tayo ng papasukan hindi ba?” Nakangiting sagot sa akin ni Papa. Okay, guidance councilor nga pala ng Angels Academy which is the school where I am studying ang Papa ko.

“Papa, as far as I know is 9 in the morning ang pasok mo.” Napakamot sa batok si Papa dahil sa sinabi ko.

“Ikaw talagang bata ka. Tara na nga, mala-late ka na.” Hindi ko na inasar si Papa at sumakay na sa kotse namin. Pagdating naman naming ay kaagad kong nilahad ang palad ko kay Papa.

“Okay Ace. What’s the meaning of that?”

“Uhh, baon Papa?” Natatawa kong sagot. Umiling na lang sa akin si Papa at nag-abot ng dalawang ubeng papel na pera. Lumawak ang ngiti ko, nagpaalam na ako kay Papa at lumabas na sa kotse namin. Besides, hiwalay naman ang direksyon ng opisina niya sa building namin kaya nauna na ako.

“BOO!” Nagulat naman ako ng may dalawang biglang nanggulat sa akin pagliko ko sa building namin.

“Ang addick niyong dalawa, alam niyo iyon?” Kaagad kong sabi ng makilala ko kung sino ang dalawang ito.

“Good morning best friend!” Syncronized pang sabi nila sa akin. Well, silang dalawa ang best friend ko. Namely, Christine and Manilyn.

“Hinintay niyo ko?” Tanong ko sa kanilang dalawa.

“Actually, ginulat din ako ni Christine. Kaya masasabi kong hindi sinasadya ang pagkikita nating tatlo rito.” Tiningnan naman naming dalawa ni Manilyn ng masama si Christine.

“Okay, wala akong kasalanan dito?” Kaagad na pagtatanggol ni Christine sa sarili niya.

“Bakit? May sinabi ba akong may kasalanan ka?” Well, I am the bulliest among the three of us kaya kapag nagsimula akong mang-trip, kaagad tumitiklop si Christine sa akin.

“Hoy joke lang naman iyon! Kasali nga si Manilyn hindi ba?”

“When I count from 1…” Natawa ulit kami ni Manilyn ng biglang tumakbo palayo sa amin si Christine. With matching sigaw pa ng medyo malakas iyan ah. Napailing naman kaming dalawa then sabay na kaming pumasok sa loob ng classroom.

Pagpasok namin ay nakita kong halos puno na ng aming mga classmates ang loob ng classroom. See? That’s the evidence of being so much excited from the $4^{th}$ year high schools students. Maaaga kung pumasok. *tawa*

“Mukhang magkakahiwalay tayong tatlo ah.” Napatingin ako kay Manilyn. Yeah, mukhang tama nga siya. By the looks of the chairs inside, kung hindi isa ang bakante sa bawat row, ay puro dalawa na ito.

“So, sino ang—“ Okay, napahiya na ako because nakita ko na lang na nakaupo na pala iyong dalawa with matching turo sa nasa harapan naman nilang dalawang bakanteng upuan doon.

“So ganoon, iwanan?” Sabi ko pagkaupo ko.

“So ganoon? Pabagalan?” Ganting sabi sa akin Christine.

“Alam mo naman itong si Christine eh, mahilig tumakbo at makipag-unahan.” Umirap lang ako sa kanilang dalawa kasabay naman ng tawa nila. Kainis kaya iyon, umagang-umaga and for the rest of our school year, hindi kami magkakatabi!

Like duh? Sino kakausapin ko? Katabi ko? Eh nasaan nga hindi ba? Eh wala naman akong katabi. *tampal sa noo*

--

“Hoy best,” lumingon ako ng maramdaman ko ang kalabit ni Christine sa akin.

“Bakit?” Tanong ko.

“Wala kang balak kausapin iyang katabi mo? New student pa mandin iyan.” Umismid ako paglingon ko sa katabi ko.

“Heh. Pakielam ko sa kanya. Saka nagtatampo pa ako sa inyo.” Sabi ko with matching flip pa ng hair nung tumalikod ako kay Christine.

So what kung may katabi ako? And so what kung new student siya? Care ko naman iyon hindi ba?

"Hey, my name is Lor. Ikaw?"

"Oh Ma'am, ano pong nakasulat sa blackboard?" Yeah, hindi ko siya pinansin. Bakit ko papansinin ang lalaking hindi ko naman kilala hindi ba?

"Pangalan ko lang ang nilagay ko sa blackboard Ms. San Diego. Huwag mong sabihin na hindi mo pa ko kilala? To the fact na naging estudyante ko na kayong lahat except for Mr. Santos dahil transferee siya."

Tawanan. Okay, napahiya ako. Kainis. Ano pa bang mangyayari sa akin ngayong araw na ito?

"Wow best, hindi ko inaakala na hindi mo pa pala kilala ang adviser natin for this school year." Nakangising sabi sa akin ni Christine maya-maya.

"And mind you Christine, hindi pa pala niya kilala ang favorite teacher niya?" Na sinegundahan din pala ni Manilyn.

"Favorite teacher mo si Ma'am?" Narinig ko namang sabi ng katabi ko, which is the transfer student. And also which is the reason why I became the laughing stock of the whole classroom a while ago.

Then, namalayan ko na lang ang pagpipigil ng dalawang magagaling kong best friend sa pagtawa mula sa likod ko because of what the transferee said.

*Oh come on! Wala na bang mas magandang mangyayari sa akin ngayong araw na ito bukod sa tumataginting na malaking baon ko for this day?*

--

*REVISED: May 20, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 2 – Ace's Bad day 1.0

I fished out my phone when I noticed that our adviser, and yeah my favorite teacher is writing on the board. At kahit alam kong number 1 rule sa Academy ang hindi paggamit ng phone while on the school premises ay ginawa ko pa rin para mawala ang boredom at inis ko. I was actually busy answering Logo Quiz nang marinig ko na namang magsalita ang katabi ko.

"That's Nike." Napatingin ako sa kanya.

"I mean, the answer on that logo is Nike." Sabi niya ulit.

"Alam ko ang sagot. Like duh, ang dali lang kaya niyan." Sabi ko with matching roll ulit ng eyes. Kanis kaya, pinapangunahan pa ako sa sagot ko.

"O-okay. By the way, what's your name?"

“Antanasia Chloe Emi M. San Diego.” Mabilis kong sabi.

“Ano ulit?” And from what I expected, hindi niya naintindihan. Ganoon ako magpakilala kapag nauna ang inis sa taong kaharap ko.

“I said, my name is—“

“Yeah, naintindihan ko. Your name is Antanasia Chloe Emi M. San Diego. What I mean is, ano ang pwede kong itawag sa iyo? Ang haba kasi ng pangalan mo.” Natigilan at nagulat ako. This is the first time that someone I didn’t know understand my whole name. Mabilis pa ang pagkakabigkas ko noon ah?

“Uhh—“ Sasagot na sana ulit ako ng magsalita bigla si Ma’am Lacangan, our adviser.

“I understand that Mr. Santos was only a transferee here and maybe he’s just asking something to Ms. San Diego. But Ms. San Diego, you know that this Academy are not tolerating the students to use their cellphones while they are inside the school. You should know that, right?” Napadako na ang tingin ng lahat ng classmates ko sa aming dalawa ng bagong student.

Oh shoot, hello guidance ba ako nito?

“Ma’am, it’s my fault. I’m just asking for her number. Himbis na kunin ko po iyong number niya, pinakuha ko na lang po iyong phone niya at nilagay doon ang number ko. I thought that maybe we could continue our conversation later through cell phone.” Kaagad na sabi ng katabi ko. Nanlaki ang mga mata ko, what is he trying to say? Inaako niya ba ang kasalanan ko?

Napatingin ng mabuti sa amin si Ma’am. Then later ay napabuntong-hininga ito.

“Well, this is your first day. And maybe, you didn’t know that cellphones are not allowed inside the Academy. Ms. San Diego, you should go to the Guidance Office. Surrender your phone there. And Mr. Santos, accompany her. She’s going to discuss with you the rules and regulations here. And also, she’s the one who’ll accompany you with the facilities here in the Academy.”

“But—“

“No but’s Chloe. Go ahead, go back before recess time.” Tumayo na rin ako at sumunod na rin si new student sa akin. Nang tawagin ako ni Ma’am na Chloe ay doon ko nalaman na hindi siya galit. Si Ma’am lang ang tanging tumatawag sa akin sa ganoong pangalan.

“So, can I also call you as Chloe?” Napatigil ako sa paglalakad.

“Why did you do that?” Angil ko sa kanya ng maalala ang ginawa niya.

“That what?” Nag-aalangan niyang tanong sa akin.

“That scene a while ago! You know that it is my fault right? Bakit mo naman inako?”

“I just thought that you need my help. And besides, it’s merely my fault.” Napairap na naman ako.

“I can handle it. Kasalanan ko naman kasi talaga and I know that cellphones are not allowed pero ginawa ko pa rin.”

“Atleast naman ay nakatulong ako hindi ba? Ipapadala lang ang cell phone mo sa Guidance Office.” Binigyan ko siya ng masamang tingin.

“You don’t know what you are talking about.”

“Bakit?” Naguguluhan niyang tanong sa akin.

“I don’t need your help. Bagong student ka pa lang dito, malay ko ba kung may kapalit ang tulong na ginawa mo.” Tinalikuran ko siya at nagsimula ulit na maglakad.

Naramdaman ko ang braso niya sa balikat ko. “Hey, wala akong masamang intensyon okay? But, I would like to say sorry from what had happened.” Natigilan na naman ako sa sinabi niya.

Hinarap ko siya. “Okay, sorry din sa pagtataray ko. It’s just that, ang daming nangyaring nakakainis ngayon pa lang umaga.”

“I understand it. So, ano ang pwede kong itawag sa iyo?” Napangiti na ako.

“Makulit ka rin pala, ano?” Napangiti na rin siya sa sinabi ko.

“Yeah, lalo na kapag talagang kailangang maging makulit.” Napailing ako.

“You can call me Ace. Shorter version ng name ko.”

“Oh, hi Ace. Nice to meet you.” Sabi niya with matching konting bow pa.

“What’s with that gestures?” Natatawa ko ulit na sabi.

“This is the proper greeting in America where I stayed for almost 5 years.” Napatango ako. Kaya rin pala may kaunting accent kapag nagsasalita ito ng English.

“Nice to meet you too, Lor right?” Tumango siya ulit sa akin.

“It’s actually Lucious Orl Rafael S. Santos.”

“Oh, so pareho pala tayong may mahabang pangalan?”

“I guessed so. And from what you had said, Lor is also the shorter version of my name.” Napatango ulit ako, wala akong masabi eh.

“So, friends?” Nginisian ko siya ng malaki.

“Not yet.” Tinalikuran ko na ulit siya with matching flip ulit ng hair katulad ng ginawa ko sa dalawa kong best friend at tinungo na ang Guidance Office.

*Bigla akong kinabahan. Wew. Good luck to me, malalagot ako kay Papa nito.*

--

*REVISED: May 21, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 3 – Ace's Bad Day 2.0

Kumatok ako sa labas ng Guidance Office. And when I heard the "Come in" of my father, mas lalong lumakas ang kabog ng dibdib ko.

Nakayuko pa si Papa ng pumasok ako kasama si Lor, iyong new student. "How may I help you—" Nakita ko sa kanya ang pagkabigla ng makita ako.

Napamura ako sa isip ko, babawiin kaya ni Papa ang baon ko?

"What are you doing here Ms. San Diego?" Nakakunot ang noo ni Papa. "And he is?" Dugtong nito.

"I am Lor, Sir. New student here in Angels Academy." Tumango si Papa.

"So, how may I help you?" Huminga ako ng malalim. Lumapit ako kay Papa at sinilid ang kamay ko para kunin ang phone ko sa loob ng bulsa ko.

"My phone Sir, i-surrender ko raw po sabi ni Ma'am Lacangan."

"Why?" Oh, hayan na ang why question ni Papa.

"K-kasi po…"

“Sir, ako po kasi ang may kasalanan. Tinanong ko po kasi iyong number niya then bigla ko pong naisip na ilagay na lang po sa phone niya ang number ko dahil iniwan ko po sa bahay namin ang cell phone ko.” Napaismid ako, niligtas na naman ako nitong lalaking ito.

“Is that true Ms. San Diego?” Uhh, ano ba ang isasagot ko?

“Well, the truth is. Ako po talaga ang may kasalanan. Naglalaro po ako gamit ito habang nag-di-discussed si Ma’am.” There, I said it. Lagot na ako nito kay Papa.

“You know that we’re not allowing the students to use their cellphones especially when they’re inside the classrooms right?” Napayuko ako.

“Sorry, Sir. Hindi na po mauulit.” Bumuntong-hininga si Papa.

“Kunin mo na ang cell phone mo Ms. San Diego. Ako na ang bahalang magpaliwanag kay Ms. Lacangan.” Naguluhan ako.

“But S-sir—“

“Or gusto mong kunin ito bukas?” Kaagad kong kinuha ang cell phone ko. Sabi ko nga kapag nakuha ni Papa ang cell phone ko ay bukas ko pa ito makukuha.

“Thank you Sir, and sorry again.” Tumango ulit si Papa.

“And you iho, bakit mo pinagtanggol si Ms. San Diego?” Napatingin naman ako kay Lor.

“Hindi po kasi sila magkatabi ng mga kaibigan niya so I guessed that’s the reason why she used her cell phone. It’s just happened that we’re talking when our adviser noticed us and saw that Ace was using her cell phone, kaya po napagdesisyunan kong akuin na lang po ang kasalanan niya.” Ewan ko lang pero nakita kong napangiti si Papa sa sinagot nitong lalaking ito.

“Well, thank you for defending my daughter. But don’t do that again. Go ahead, pwede na kayong lumabas.” Kinaladkad ko na si Lor papalabas ng office ni Papa, pagkalabas naman namin ay nakahinga ako ng maluwag.

“Father mo ang Guidance Councilor natin?”

“I guessed so?” Patanong ko pang sagot. Narinig naman niya kasi iyong sinabi ni Papa na daughter eh, tapos biglang magtatanong ng ganoon.

“I’m sorry ulit. Hindi ko alam na father mo pala iyon.”

“Hey, okay lang iyon ‘no.” Kaagad kong bawi sa kanya. “And besides, I know na hindi galit si Papa sa ginawa mo, or sa ginawa ko.” Mukha namang nakahinga siya ng maluwag.

“So, tara na? I-tour mo pa ako hindi ba?”

--

Nasa last building na kami, which is the library ng Makita ko ang relo ko. It’s already 8:30am, malapit na mag-9am. Ang oras kung saan ito ang recess time namin.

“Ito ang library naman. At dahil wala ka pang library card, hindi pa tayo pwedeng pumasok. Maraming libro diyan sa loob, halos lahat mapa-school related books or hindi man ay nandyan.

Minsan nga, tambayan na iyan ng ilang students dito. Kaya ang closing time niyan ay ginawa ng 6pm because of the students.” Napatawa ako. Hindi lang dahil sa feel ne feel ko ang pag-to-tour sa kanya, kung hindi ay dahil isa rin ako sa mga dahilan kung bakit naging 6pm ang closing time nito. Tambayan kasi namin nila best friend ito. At ako pa mismo ang nagsabi kila Papa at Ma’am Lacangan na i-request nilang i-adjust ang closing time nito.

“Isa ka siguro sa mga dahilan kung bakit nagkaganoon ‘no?” Napatawa ako, tama nga naman kasi siya.

“Masarap kasi mag-stay sa loob. Try mo minsan, for sure ay hindi ka na makakalabas. Depende na nga lang kung wala kang hilig sa books unlike me.”

“Don’t worry, mahilig akong magbasa.” Napangiti ako.

“Tara, balik na tayo sa room. Pagod na ako eh.” Sabi ko.

“Gusto mong pumunta sa Cafeteria?” Napatingin naman ako sa kanya.

“At bakit naman?”

“Hindi ka ba nauuhaw?” And because bnring-up niya iyong topic na iyon, mukha ngang tama siya. Gutom and uhaw na nga ako kanina pa.

“Oh, oo nga ano. Tara, nauuhaw na nga ako. Mukhang hindi ko na mahihintay ang recess time natin.”

“Ate!!” Masaya kong sabi ng Makita ko si Ate na nagtitinda sa loob.

“Oh Ace, ang aga mo naman ata? Nasaan na sila Manilyn at Christine?” Napasimangot ako.

“Hala, iyong dalawa ang na-miss hindi ako.”

“Ikaw talagang bata ka. Sino ba ireng kasama mo? Ke-gwapong bata ah. Ano ba bibilhin niyo?”

“Iyon pong favorite ko.” Nilingon ko si Lor. “Ikaw?”

“Iyong katulad na lang din nung iyo.”

“Dalawa raw po nung paborito ko, Ate.” Nakangiti kong sabi.

“Bayad po.” Sabi ko sabay abot ng bayad kay Ate.

“Bayad na Ace.” Kaagad na sabi noong katabi ko. Dahil pagod din naman na ako, hinayaan ko na lang. Binigay ko kaagad kay Lor iyong kanya habang hinihintay iyong akin. Nang makuha ko naman iyong akin ay humarap ako sa kanya.

“Hala, shet!” Sabi ko ng maramdaman ko ang pagtapon nito sa damit ko. Napatingin ako sa nakabunggo sa akin,

“Ate sorry po, sorry po talaga.” Huminga ako ng malalim. Freshman pa ang nakatapon sa akin, nakita ko sa color ng i.d lace niya.

“Okay lang.” Ano pa nga bang magagawa ko hindi ba?

Nanlulumo na lang akong tiningnan ang basong nalaglag na naglalaman ng paborito kong inumin.

Ni hindi pa nga ako nakakainom tapos ngayon pa natapon?

Iyong totoo? Ano pa ba ang mangyayari sa akin ngayong araw na ito?

--

*REVISED: May 21. 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 4 – Friends

Pumunta naman kami nila Christine at Manilyn sa Girls Comfort Room at sinamahan nila akong magbihis sa loob. Mabuti na lang talaga at hindi masyadong nakakainis ang mga nangyayari sa akin ngayong araw na ito. *full of sarcasm*

“Best, mabuti na lamang at nakapaglagay tayo kaagad ng mga damit sa locker. Kung hindi, basang sisiw ang peg mo.” Sabi naman ni Christine, sinamaan ko naman siya ng tingin.

“Ang bait mo talaga.” Sagot ko sa kanya.

“Thank you best friend.” Inirapan ko na lamang siya sa sinagot niya.

“Ano ba kasing nangyari?” Tanong ni Manilyn. Nang masuot ko na iyong extra uniform ko ay hinarap ko siya.

“Nabunggo ako ng isang freshman student.” Sagot ko.

“Inaway mo?” Nakangiti niyang sagot sa akin.

“Hindi syempre, may kasama rin naman ako ‘no.” Nakakunot noong sagot ko.

“Himala.” Sabay na sabi noong dalawa.

“Do you think that I’m that bad?” Tumango naman silang dalawa sa akin. Inirapan ko ulit silang dalawa.

*Masama raw ako, tsk.*

“Ililibre niyo pa ako ng burger ah?” Sabi ko doon sa dalawa.

“Porket natapunan ka lang ng inumin, magpapalibre ka na kaagad sa amin?”

“Naman, best friend nga hindi ba?” Natawa na lang sila sa sinagot ko.

Bumalik ulit kami kila Ate, sa stand kung saan ako natapunan. “Kamusta ka na Ace? Buti pala at may dala na kayong extrang damit, kung hindi ay manlalagkit ka niyan.” Sabi naman sa akin ni Ate.

“Basang sisiw ang peg niyan kanina hindi ba Ate?” Natawa na lang din ako sa sinabi ni Christine. Hangga’t maisisingit, isisingit talaga iyong basing sisiw daw ako eh.

“Nasaan na ba iyong lalaking kasama mo kanina, Ace?” Tanong ulit sa akin ni Ate.

“Oo nga, nasaan iyong bagong student?” Tanong naman ni Manilyn.

Nagkibit-balikat ako. “Ewan ko, pagkarating ko sa Girls Comfort Room ay hindi ko na siya ulit nakita eh.”

“Baka tinakot mo.”

“So, monster naman ako ngayon, ganoon?” Tumawa na naman sila sa sinabi ko, may nakakatawa ba sa sinabi ko? As far as I remembered, full of sarcasm ang sinabi ko.

Nang makuha naman na namin iyong inumin namin pare-pareho ay tumungo naman kami sa stand ng burger at bumili doon, pagkatapos ay umupo kami sa mga isa sa mga mesang nasa cafeteria.

“Ano nga palang sinabi ng Papa mo sa cellphone mo?” Tanong ni Manilyn.

"Hayun, binigay din sa akin. Sinabi ni Papa na siya na raw bahalang magpaliwanag kay Ma'am Lacangan."

"Ang bait ni Tito ah." Nakangiting pahayag ni Christine.

"Oo nga eh. Nagtaka nga ako at hindi nagalit, tapos mukhang nginitian pa iyong new student. Kung bakit kasi inako na naman niya iyong kasalanan ko eh."

"Eh bakit kasi gumagamit ka ng phone mo?" Sagot naman ni Manilyn.

"Eh paano kasi kayo!" Sagot ko sa kanila. Hindi naman nila pinansin iyong sinabi ko.

"Infairness, ang tapang noong bagong student para akuin ang kasalanan mo ah." Nakangiting sabi ni Christine.

"Oo nga." Pagsang-ayon naman ni Manilyn.

"What's with that smile, huh?" Tanong kay Christine. Then I noticed na pareho na palang nakangiti sa akin iyong dalawa.

"Wala lang naman. Masamang ngumiti?"

"Ewan ko sa inyo." Kinagatan ko iyong burger ko.

"Ace." Napatingin ako sa biglang tumawag sa akin,

*Oh, si new student pala.*

“Bakit?” Sagot ko nang makitang nasa may likod ko lang siya.

“Nakapagpalit ka na pala ng damit?” Iniwasan kong i-roll iyong mata ko, isn’t that obvious?

“Oo, kanina pa.” Sagot ko at ininom ko iyong inumin ko.

“Ah, sige. Mauna na ako.” Tumango na lang ako.

*How weird,*

“Wait, hey new student.” Narinig kong tawag ni Christine kay Lor. Lumingon naman ito at lumapit ulit.

“Ano iyang nasa likod mo?” Tanong naman ni Manilyn. Napakunot ang noo ko. Bakit kaya?

“W-wala lang ito.” Is he stammering? Napansin ko namang tumayo si Manilyn at parang may kinuha mula sa likod nito.

“Then, what is this? Imposible namang ikaw ang magsusuot nito hindi ba? For sure naman ay alam mong pangbabae ito.” Sabi niya ulit. Mas lalong kumunot ang noo ko. Ano bang nais iparating noong dalawang best friend ko?

Napatingin naman ako sa kinuha ni Manilyn. Isa iyong t-shirt na maybe ay kakasya sa akin, and yes, imposible ngang kumasya ito kay Lor. Ano namang gagawin nito sa t-shirt?

Nakita kong napakamot sa batok niya iyong si Lor. “Actually, it’s for Ace. Kinuha ko siya ng t-shirt sa may stock room na siya na mismo ang nagturo sa akin. Then humingi ako ng extrang t-shirt, nag-alala lang na baka wala siyang isuot.” Nabigla naman ako sa sinagot niya at hindi ako nakasagot.

“Oww.” Iyong dalawa na lang ang sumagot sa akin.

“A-ah,” Now it’s my turn to stammer. Argh. “S-salamat na lang. Huwag ka ng mag-alala, may ini-stock naman kami sa locker naming extrang uniform just in case na mangyari itong ganito eh.” Tumango na lang ulit siya sa akin then nagpaalam nang umalis. Ako naman ay tumango na lang ulit at si Lor ay umalis na.

Napatingin naman ako sa dalawa na kung makangiti ay wagas sa harapan ko. “Okay. May mali sa inyong dalawa, ano iyon?”

“Crush ka niya, best.” Sabay na sabi noong dalawa. Nabuga ko iyong kinakain ko.

“Eww, ano ba iyan! Walang good manners and right etiquette!” Sabi ni Christine at pinunasan ang braso nito, gayon din ang ginawa ni Manilyn.

“Eh kasi kayo eh! Mga pauso kayo. Porket ganoon lang ang ginawa, crush agad? PBB Teens ang peg?”

“Laos na PBB Teens ‘no.” Sagot naman sa akin ni Manilyn.

“Uso na iyong i-Janine Tugonon mo ako at i-Jed Salang mo ako.” Sabi naman ni Christine.

“Anong connect?” Sagot ko at inirapan silang ulit.

“Heh. Basta, mukhang crush ka noong new student. Period.” Sagot ulit nilang dalawa sa akin.

Inirapan ko ulit silang dalawa at uminom na lang ulit ng inumin ko.

*Seriously?*

---

*REVISED: June 2, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 5- I want to meet him

Maaga akong gumising kinabukasan dahil maaga rin akong ginising nila Papa at Mama. Hmm, I smell something fishy here.

Huwag lang sanang tungkol sa malaking baon ko yesterday, malalagot ako nito for sure.

Nang Makita ko na nag-ri-ring ang phone ko at nakita ko kung sino ang tumatawag, kaagad ko namang sinagot ito.

“Why?” I answered. Well, hindi kasi uso sa akin ang salitang hello. But, doon lang iyon applicable sa dalawa kong best friends. And yes, isa sa mga best friends ko ang tumawag sa akin.

[Hello!] Oh, mali pala ako. Naka-conference pala kami. And sabay na naman ulit silang nagsalita.

“Ang aga niyo atang gumising?” Sagot ko sa kanila. I immediately looked at my watch, 5:30am pa lamang. And as far as I know, 7:30am pa ang pasok namin.

[Ginising ako ni Manilyn, actually.] Sagot ni Christine sa kabilang linya.

“Oh, bakit Manilyn?” Tanong ko.

[Well, naisip ko lang na for sure ay hindi mo magagamit ang phone mo buong araw kaya tinawagan ka na namin kaagad ni Christine.]

“Huwag kang mag-di-dilang anghel, best.” Sagot ko naman.

[Oo nga ano. Tama si Manilyn, best. Baka nga kunin ni Tito iyang phone mo. Confiscated dahil sa ginawa kahapon.] Sagot naman ni Christine at tinawanan ako. I rolled my eyes.

“Humanda kayo sa akin kapag nagkatotoo iyang sinabi niyo.” Pagbabanta ko naman sa kanilang dalawa. Tinawanan lang naman nila ako.

[Sige na, ibaba ko na. Tinawagan ka lang namin to wish you a good luck.] Natawa na rin ako sa sinabi nila, ang kulit kasi eh.

“Sige babay, kitakits mamaya.” Sagot ko then I pressed the end button.

Ilang minuto pa muna akong tumanga when I finally fixed my things and entered the bathroom. When I’m done on my morning rituals, bumaba na ako mula sa kwarto ko to eat my breakfast naman. Then I saw my parents both exchanging weird looks at me. Nagkibit-balikat at pinagwalang-bahala ko na lamang iyon.

Umupo naman ako and I placed the bacon, egg and large amount of rice on my plate.

“Uhh, may problema po ba?” Hindi ko na mapigilang itanong dahil kanina pa ako pinapanood nila Mama at Papa sa pagkain ko. Simula sa pag-upo ko, paglalagay ng pagkain sa plato ko hanggang sa paraan ng pagsubo ko. Sanay naman akong kumain na kasama sila, pero hindi ako sanay na pinapanuod akong kumain kahit sabihin pang sila lang naman ang manunuod sa akin.

“Magdahan-dahan ka nga sa pagkain mo Ace, parang hindi ka babae. At saka, ang dami mong kumain.” Sagot sa akin ni Papa. I looked at my plate, hindi naman marami ito ah? And besides, kahit naman gawin kong marami ang kinakain ko ay hindi ibig sabihin na hindi ako babae.

May iba ngang magulang na nagagalit kapag kaunti lamang ang kinakain ng kanilang mga anak, then now that I’m eating a large amount, nagagalit naman ang parents ko.

*How ironic it is,*

“Pa, bakit po ba?” Kunot-noong sabi ko.

Nagpalitan na naman sila ng mga weird na tinginan bago sumagot si Mama sa akin. “We just noticed ng Papa mo na malaki ka na pala, there will be a big chance na magka-boyfriend ka na anak.”

My jaw dropped. “Seriously, Mama?”

Tumawa naman sila pareho sa akin. “We’re just stating the fact Ace, alam naming sa edad mong ito ay maaari ka ng magkaroon ng boy friend. And we’re just trying to help you.”

“Bakit po ba gusto niyo na akong magka-boy friend agad-agad?” Sagot ko naman.

“We never said na agad-agad. We just said na sa ngayon ay may chance ka ng magka-boy friend.” Sagot naman sa akin ni Papa.

From what my father said, parang ngayon ay naiintindihan ko na. “Is it all about Lor? The new student?”

“I want to meet him actually, Ace.” Sagot sa akin ni Mama. Kumunot ng lalo ang noo ko.

“Papa, what are you trying to say?” Sabi ko ulit. For sure, may kinalaman si Papa dito. And I’m very sure na may sinabi siyang kung ano kay Mama kaya nagkaganyan.

“Well, napansin ko lang na that young boy likes you.”

“Papa! You know that’s not true!”

“Yes it is, Ace.” Sagot naman sa akin ni Mama.

“Tama ang Mama mo. Sino bang isang transfer student ang gagawin ang ganoon sa isang classmate niya? You know that every transfer student wishes that they would be out of trouble on their first day.” Sinegundahan naman ni Papa, I rolled my eyes.

“Maybe Lor was just so mapagkawang-gawa Papa.” Sagot ko.

“Wrong answer, honey. Accept it, he likes you.”

“Ma, ayokong maging assuming or what. Hanggang hindi ko naririnig sa kanya iyang sinasabi niyo, I won’t believe you.”

“Your adviser said na inako rin niya ang kasalanan mo. See, that new student did it not once but twice.”

I sighed, defeated. “Pa, anong gusto niyong gawin ko?”

Nagkibit-balikat naman sila pareho. “Nothing, none at all. Gusto lang namin na once mangligaw sa iyo ang lalaking iyon, gusto naming makilala muna siya.” Napatampal na ako sa noo ko.

Oh now, I’m really thankful na hindi ako nagmana sa mga weird kong parents.

Nang makatapos akong kumain, mag-toothbrush at maayos ang gamit ko ay naglahad na naman ako ng palad kay Mama. Inabutan naman niya ako kaagad ng baon. Pagkatapos kong magpaalam at humalik sa pisngi niya ay lumabas na rin ako ng bahay namin para salubungin si Papa sa kotse namin.

Tumahimik ako buong biyahe upang hindi na maalala ni Papa na kunin ang phone ko. Nang huminto naman na ang kotse namin sa loob ng Academy ay hindi na rin ako naglahad ng palad para humingi ulit ng karagdagang baon.

“Bye, Pa.” Sabi ko at binuksan na ang pintuan ng kotse namin.

“Wrong answer ulit, Ace. Akala mo nakalimutan ko ang ginawa mo kahapon? Ngayon ko kukunin ang phone mo. Give it to me, makukuha mo ito bukas.” Napabuntong-hininga na lamang ako at iniabot kay Papa ang phone ko.

*Argh. I hate to say this but, mukhang nag-dilang anghel nga ang dalawang baliw kong best friends.*

---

*REVISED: June 11, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 6- Crush

Pagdating ko sa school even though maaga akong gumising, ay nakita ko ng sinalubong ako ng dalawa kong best friends at kaagad akong nilapitan.

“Ow Christine, may dala ka bang sunglasses? Ayokong makita ang mapanuring mga mata ng isa diyan.” Narinig kong sabi ni Manilyn and I rolled my eyes.

“Actually, nakalimutan kong magdala best. Sa susunod, magdadala na ako promise.” Christine answered with a salute.

“You guys know what?” Pareho silang napatingin sa akin. “Nagkatotoo nga iyong itinawag niyo sa akin. Papa just confiscated my phone a while ago.” Then, nakarinig ako ng hiyaw from Manilyn.

“Yes! Christine, I won! Where’s my teddy bear?” Napakunot ang noo ko dahil sa narinig ko.

“Bakit? Anong mayroon?” Tanong ko sa kanilang dalawa.

Ang tanging napansin ko lang ay ang victorious smile from Manilyn, at ang isang nanlulumong tingin naman from Christine.

“Here’s the teddy bear. Ingatan mo iyan ah!” Sabi ni Christine at saka iniabot kay Manilyn iyong favorite teddy bear niya na kinuha niya mula sa bag niya. Mas lalong kumunot ang noo ko kaya kaagad kong kinuha ang teddy bear na iyon bago pa man mahawakan ni Manilyn.

“You guys will tell me what’s happening or itatapon ko ito?” I mocked them. Pero kahit nililoko ko lang sila para naman magsalita sila ay halata namang seryoso ako.

“Don’t.” Sagot sa akin ni Christine. Halatang kabado sa ginawa ko.

“Hey, huwag naman Ace! Sa akin muna iyan!” Manilyn said.

“Then, sabihin niyo sa akin kung anong mayroon!” Sagot ko sa kanila.

“Well, nagkaroon kami ng bet. Christine said na kapag hindi na-confiscate ang phone mo, she will take all my gadgets for a day. And kapag ako ang nanalo, kukunin ko naman iyong favorite

teddy bear niya for a day din. How nice isn't it?" Nakangiti niyang sagot sa akin habang nakalahad ang dalawang kamay to motion na iabot ko na sa kanya iyong teddy bear.

"So ako pa pala ang pinagpustahan niyo?" Sagot ko naman.

"Okay lang iyon best. Andyan na eh." Sagot naman sa akin ni Christine. I stuck my tongue out at them at pinagtawanan nila ako.

Dumiretso naman na kami sa loob ng classroom. Pagkatapos ko namang umupo ay inikot nila bigla ang upuan ko para makaharap sila.

"Why?" Tanong ko naman kaagad sa kanila.

"May hindi ka sinasabi sa amin." Christine said.

Kumunot ang noo ko. "At ano naman iyon?" Sagot ko sa kanila. I tried to remember anything na hindi ko raw sinabi sa kanila, and wala akong maalala.

"Bakit maaga ka ring nagising kanina?" Sabi nila sa akin. *Oww, I get it.*

I sent them a weird look. "Kasi tinawagan niyo ako?" Nagmamaang-maagan kong sabi.

"Engk. Wrong answer."

"Kasi naabala niyo ang sleeping beauty ko?"

“Masyado pang maaga para magsinungaling, best. Just try it again.”

I sighed. Pero natatawa na rin. “Okay fine, you guys win. Kinausap ako nila Mama at Papa kanina.”

Lumapit naman sila sa akin lalo, halatang interesado sa kung anuman ang sasabihin ko. “Well, maaga nila akong ginising. Tapos tumawag kayo, pagkatapos niyong tumawag ay inayos ko iyong kama ko, naligo ako, bumaba ako ng hagdanan, umupo sa mesa, kumuha ng pagka—”

“Ang daming pasakalye!” Natawa na ako sa sinabi nila. Sinadya ko naman talagang marami ang sabihin para mainis sila eh. And syempre, nainis nga sila.

“Noon ngang nakaupo na ako, kumuha ako ng bacon, egg and large amount of rice at inilagay ko sa—”

“Eh inulit mo lang din eh! Direct to the point na best.” Sabi ulit nila.

“Nandoon nga kasi iyong kwento okay? Kaya tumahimik kayo.” Sagot ko sa kanila. Nag-gesture naman sila ng zinipper nila ang mga bibig nila.

Nagpatuloy naman ako, “Iyon nga, noong mailagay ko na iyon sa plato ko ay biglang nagsalita si Papa. Ang dami ko raw kumain, tapos parang hindi ako babae. Then idinagdag nila na may malaking chance na magka-boy friend na raw ako.”

“Wait lang,” Napatingin naman kami kay Christine noong sumingit siya. “Babae ka nga ba?” Inismiran ko siya dahil sa sinabi niya, kahit kailan kasi talaga ay panira sa mga sinasabi ko eh.

“Anyway, after nilang sabihin iyon ay naisip ko. Porque may boy friend si Manilyn ay dapat magka-boy friend na rin ako?” Pa-segway na sabi ko. Kahit hindi ko naman talaga sinabi kila Papa ang ganoon.

“Oh, bakit nadawit ang pangalan ko aber?”

“Wala lang, dinagdag ko lang para mas masaya.” Sagot ko, natawa naman sila.

“Then ang dami pa nilang pasakalye when they’ve finally said na may gusto raw sa akin iyong new student.” Sabi ko ulit.

“Si Lor?” I nodded.

“See, pati sila Tito ay napansin na may gusto sayo iyang new student na iyan.” Manilyn said.

“Pati ba naman kayo ay ipagpipilitan iyan? Sinabi niyo na rin sa akin iyan kahapon, and seriously you guys knew that I’ve done with that.” Sabi ko sa kanila.

“Eh kasi ayaw mong maniwala sa amin eh.” Sagot naman ni Christine.

“Eh sa hindi naman kasi kapani-paniwala eh.” Napabuntong-hininga naman sila sa sinagot ko. Parang nasisiraan na ata sila ng bait.

“Do you want a proof?” Napatingin ako ng maigi sa kanila.

“What kind of proof?” Alanganin kong sabi.

Napansin kong tumingin sila sa katabi ko, nang-laki ang mga mata ko.

Huwag mong sabihin na—

“Hey Lor, crush mo ba itong best friend namin?” Nanlaki na ang mga mata ko, kailangan ba kasi talagang tanungin on the spot? Pwede namang hayaan na lang iyong iniisip nila hindi ba?

Nakita ko na lamang na nakaharap na iyong upuan ng new student, iniharap ata ni Manilyn or ni Christine.

Ewan, hindi ko na alam kung paano siya nakaharap. Alam ko kasing kinakabahan na ako dahil maski itong new student na ito ay nadamay na sa kagagahan ng mga kaibigan ko.

Then napansin kong tumingin siya sa akin. Tumingin kila best at muling tumingin sa akin.

And with that look, I admit that I’m anticipating for his answer too. Kahit sabihin ng para na rin akong tanga dahil maski ako ay nakisali na, kumapal na rin ang mukha at hinayaan pang itanong iyan ng mga kaibigan ko.

Hindi ko alam kung ano, but I know na nag-e-expect talaga ako sa kung anuman ang isasagot niya.

---

*REVISED: June 15, 2013*

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 7- So what now?

Napansin kong lumubog na iyong ball point ng ballpen ko sa notebook kong maliit, saka ko lang tinantanan iyong panggigigil ko. At pagkawawa sa kaawa-awang papel pero kahit anong gawin ko ay hindi ko makaawaan.

The nerve! The heck! The what! Argh!

“Best, okay ka lang?” Sinamaan ko naman ng tingin si Manilyn, katabi niya si Christine at nasa Cafeteria kami pare-pareho.

“Do I look like I am okay?” Sabi ko sa kanila with matching turo pa sa mukha ko.

“Bakit ka ba inis na inis?”

“Ewan! Hindi ko alam! At wala akong planong alamin!”

“Tapusin mo na lang nga iyang ginagawa mo.” Sabi naman ni Christine. Umirap na lang ulit ako at diniin ulit ang ball pen ko sa papel.

“Tungkol ba ito doon kay Lor?”

Napatingin naman ako sa kanila at binitawan ang ball pen ko. “As if naman tungkol ito sa kanya? Pakielam ko naman sa kanya hindi ba?”

“Best, 4 years. 4 years na tayong magkakaibigan. Idagdag mo pa na 7 years naman kayo ni Christine. Kilala ka namin, alam na namin ang sagot pero gusto lang talaga naming marinig ang sasabihin mo. Best friend nga tayo hindi ba?”

Napabuntong-hininga ako sa sinabi ni Manilyn. “Fine, it’s all about him.”

“Bakit?”

“Dahil ba hindi mo narinig ang isasagot niya?”

Umiling ako. “Hindi naman sa ganoon. Nainis lang din ako sa sarili ko na parang umasa ako sa isasagot niya.” Sagot ko pagkatapos ay bumuntong-hininga.

“Gusto mong sabihin namin kung ano ang sinabi niya?” Alok naman ni Christine.

Umiling ulit ako. “Hindi na. Ayokong marinig ang sinagot niya. Tama na sa akin iyong ganito.” Sabi ko at ipinagpatuloy na lang iyong ginagawa ko. Narinig ko naman ang pagbuntong-hininga nila.

Oo, hindi ko narinig. And I don’t want to hear again kung anuman ang isinagot niya. Sakto kasing dumating ang adviser namin at kaagad akong tinawag at may pinagawa sa akin. Dumiretso na lang ako ng Cafeteria para kapag dumating ang recess time ay didiretso sila best’s dito.

Pinagpatung-patung ko naman iyong mga papel at saka ako tumayo. “Best, ibibigay ko lang ‘to kay Ma’am. Mauna na kayo pabalik ng classroom okay?” Sabi ko doon sa dalawa. Hindi ko na hinintay na sumagot sila kaya tumayo na ako at dumiretso na sa office ni Ma’am Lacangan.

“Ma’am, heto na po iyong mga papers.” Sabi ko sabay abot ng mga papel kay Ma’am.

Tumingala naman sa akin si Ma’am na noon ay busy dahil may ginagawa. Pagkaraan ay kinuha niya sa akin iyong hawak kong papel. “Salamat, Chloe.”

Umupo naman ako sa upuan na nasa harap ng table ni Ma’am. “May maitutulong po ba ako?” Sabi ko naman.

Tumingin ulit sa akin si Ma’am. “Actually, oo. Okay lang ba?”

Tumango naman ako, natatawa. “Syempre naman po.” Sagot ko.

“Naalala ko na ang favorite book mo ay “The little prince” hindi ba?” Tumango ulit ako. “Gagamitin ko kasi iyon sa mga first year mamaya. Eh dahil nga sa ginagawa kong ito ay hindi ko makuha. Kung pwede sana ay kunin mo sa library.”

Sumegwey naman ako ng pagsasalita. “Hindi ba Ma’am, sa fourth year lang po kayo nagtuturo?”

“Anong magagawa ko? Utos ng head monster eh.” Natawa naman ako sa sinagot ni Ma’am. Halos lahat din kasi ng mga teachers sa Angels Academy ay ayaw ang paraan ng pamumuno ng bagong Principal. Maski nga si Papa ay ayaw din eh.

“Sige po Ma’am, kukunin ko na lang po sa library. Kailangan niyo na po ba kaagad?” Pagtatanong ko.

“Oo sana Chloe. Marami kasi akong ginagawa sa ngayon kaya hindi ko na makukuha iyong libro.”

“Ako na pong bahala. Ibibigay ko rin po kaagad.” Tumayo na ako at nagpaalam kay Ma’am. Pagkatapos ay dumiretso na ako papunta ng library.

Tiningnan ko naman iyong bawat shelves ng fictional stories. Pagkakatanda ko ay lima ang kopya nito sa library kaya siguro ay imposibleng mawalan ako ngayon ng maibibigay kay Ma’am. Besides, kung sakaling makuha ang apat ay mahahanap ko pa rin ang panglimang libro ng The Little Prince. Tinago ko kasi iyon. *tawa*

Aba, favorite story ko iyon. Kahit sabihing may tatlong kopya ako nito sa kwarto ko sa loob ng bahay namin, minsan gusto ko pa ring basahin ito kahit nasa Academy ako.

Nang Makita ko naman na wala nga iyong apat na kopya sa shelves nito, tinungo ko naman iyong shelves ng Religious books dahil doon ko siningit iyong libro. Sumilip ako sa mga bawat sulok para hanapin ito. Tiningnan ko naman iyong dulong bahagi nito at muling sumilip. Natuwa naman ako nang Makita ko na nandoon iyong libro.

Bigla akong napatingin sa nakita kong pares ng mga mata na nakatingin sa akin ng sumilip ako sa pwestong iyon. “Oh my God,” Bigla kong sabi dahil nagulat ako.

At sa hindi sinasadyang pagkakataon, napasandal ako bigla sa nasa likod kong divider at sa hindi ko malaman na dahilan, pumunta ito sa direksyon ko at mukhang sa akin pa ata babagsak.

Sabihan na rin akong tanga at nakuha pang magkwento dahil himbis na umiwas ako, pumikit pa ako at hinintay na lang na bumagsak sa akin iyong hindi kalakihang divider but for sure is masakit dahil nga sa mga librong nakalagay doon.

Kung sabagay, kapag sinabihan ka ng ibang tao na “Umilag ka!”o hindi kaya “Tumabi ka!”, kabaligtaran naman ang ginagawa natin eh.

Nanlaki naman lalo ang mga mata ko nang Makita kong nasa ibabaw ko siya, ang lalaking dahilan kung bakit ako biglang napaatras at nangyari ang ganitong sitwasyon. Namely Lucious Orl Rafael S. Santos or simply Lor. Pinakiramdaman ko ang paligid, bigla akong nahimasmasan at naisip ko na nakadagan siya sa akin, at saka nakadagan iyong divider na puno ng libro, so ibig sabihin ay masakit iyon!

“Ahhhh!” Nag-panic na ako ng marinig kong sumigaw siya. Kinuha ko ang phone mula sa bulsa ko at tatawagan sana sila Manilyn para humingi ng tulong dahil iyon palang ang naiisip kong paraan nang tila namanhid ang kamay ko at hindi makakilos. Idagdag pa iyong bigla na naman siyang sumigaw.

“Tulong! Ma’am!” Sigaw ko ng maisip ko na kung ano ang dapat kong gawin. Humingi pa ako ng humingi ng tulong hanggang sa maramdaman ko na magaan na at siya na lang ang nakadagan sa akin.

“Okay ka lang? Anong masakit sa iyo?” Pagtatanong ko sa kanya ng makatayo na ako at nakahiga pa rin siya. Niyuyugyog ko pa nga siya kahit gising pa siya eh, iniisip ko kasing baka alam niyo na.

“Ms. San Diego, kailangan siyang dalhin sa clinic.” Narinig kong sabi ng Librarian. Ah oo, clinic! Bakit nga ba hindi ko naisip iyon?

Tumayo ako bigla at naghanap ng pwedeng tumulong sa amin. Nakita ko naman na marami ng tao doon kaya for sure ay may tutulong sa amin. Pagtingin ko naman ulit kay Lor ay nakita kong bitbit-bitbit na siya ng dalawang Teacher na lalaki at palayo na sila sa akin, tumakbo ako palapit sa kanila at sinundan sila. Habang sumusunod sa kanila ay napapakamot na ako sa ulo ko, naiinis ako. Bakit ang bagal gumana ng utak ko sa ganitong sitwasyon?! Bakit hindi ko alam ang gagawin ko? At higit sa lahat, bakit nagpa-panic ako gayong alam ko naman ang dapat gawin pero hindi ko naisip iyon ng mga oras na iyon?!!

Naiinis ako! Naiinis ako sa katangahan ko! Naiinis ako sa pagpapanic ko! Naiinis ako sa hindi pag-gana ng utak ko! *Argh!*

Pero kung meron ng higit sa lahat, ito na ang pinakahigit sa lahat, kapag may nangyaring masama sa kanya Antanasia Chloe Emi M. San Diego, hinding-hindi kita mapapatawad.

Hinding-hindi kita mapapatawad kapag may nangyaring masama sa *kanya*…

Omyghad, saan nanggaling ang salitang iyon?!!

---

*REVISED: June 15, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 8- Omyghad!

Pabalik-balik ako sa loob ng Clinic habang tinitingnan iyong nakaharang na kurtina sa harap ko. Tinext ko na rin sila Manilyn and Christine na pumunta rito para samahan ako. Sa ngayon kasi ay kailangan ko ng makakasama, kanina pa ako hindi mapalagay.

At saka,  pinagbawalan kasi ako ni Nurse Alora na pumasok sa loob mismo ng bawat kurtina, sinabi rin niyang kumalma ako dahil hindi naman daw malala iyong nangyari kay Lor at may sugat lang daw ito na natamo sa likod at ulo nito, but seriously, I can’t. Hindi ko kayang kumalma. Kaya nga pinapunta ko rito iyong dalawa. Sana nga lamang ay bilisan nila.

“Nurse, okay na po ba siya?” Sigaw ko kay Nurse. Hindi naman niya ako sinagot, siguro kasi ay nakukulitan na siya sa akin. Kada minuto na lang kasi ay sumisigaw ako at nagtatanong kung maayos na ba ang lagay ni Lor.

Siguro kasi ay nakokonsensya ako dahil ako ang may kasalanan kung bakit siya nagkaganoon. But seriously Ace? Iyon lang ba talaga ang dahilan? Hindi ka nag-aalala sa kanya?

ARGH! Nakakainis!

Tiningnan ko na lang iyong relo ko at inalam kung anong oras na. Naiinip na ako sa oras, idagdag pa na ang tagal naman dumating noong dalawa. Kanina ko pa sila tinext ah!

Napatingin ako bigla sa may pintuan nang marinig ko ang medyo malakas na katok at pagkabukas naman nito ay nakita ko ang dalawa kong best friend na humahangos papunta sa akin. Ako naman ay lumapit na rin sa kanila. Sa wakas! Dumating din sila.

“Hey best! Anong nangyari? Okay ka lang ba? Bakit ka nandito?” Narinig kong sunod-sunod nilang tanong sa akin. Pero hindi ko naman maintindihan dahil parang nahihilo ako sa mga sinasabi nila at umiikot ang paningin ko.

“A-ano sabi niyo?” Pagtatanong ko sa kanila.

Npanansin ko namang nagkatinginan silang dalawa. “Nag-text ka sa amin remember?” Tumango naman ako sa sinabi ni Manilyn.

“Oo nga, bakit?” Sagot ko.

“Nagamit namin iyong phone namin dahil hindi pa naman nag-ta-time for the next subject. Then heto nga, hindi namin maintindihan ang sinend mong text. Ang na-gets lang namin ay ang salitang clinic, kaya nagmamadali naman kaming pumunta rito. Naisip naming baka may nangyaring masama sa iyo.”

“Ang sabi ko ay pumunta kayo ng Clinic ASAP. Sabi ko rin na kailangan ko kayo. Anong hindi niyo naintindihan doon?” Tanong ko sa kanila pagkatapos ay umupo ako sa silya na nakalaan sa Clinic Room.

Lumapit naman silang dalawa sa akin. Kinuha ang kamay ko at hinawakan itong mabuti. Napatingin ako sa kanila, “Anong ginagawa niyo?”

Iniabot naman ni Christine sa akin iyong phone niya. “Aanhin ko ito? May phone ako, remember?”

Napailing naman sila sa akin. “Nandiyan iyong text mo. Basahin mong mabuti, para malaman mo ang sinasabi naming hindi namin maintindihan ang sinend mong text.”

Kinuha ko naman ito at tiningnan ko nga iyong pinadala kong message.

*Conversation:*

*Bestie@Ace: Puvmnumta kaauyoo sas clliiinc kklianangn kioo kasoyo*

Napatingin naman ako sa kanilang dalawa. “Sinend ko ba talaga ito sa inyo?” Tumango naman sila sa akin. Binasa ko naman ulit ito, napailing na rin ako. Papasalamat pa ata ako at naintindihan nila iyong salitang clinic eh.

“Sisihin niyo iyan kay Qwerty keypad.” Pagbibiro ko, pero mukhang hindi nila ito pinansin.

“Ano bang nangyari?” Tanong naman sa akin ni Christine. Halatang nag-aalala nga talaga sila sa akin.

Napahawak naman na ako sa ulo ko, sumasakit na talaga ito. Idagdag pa na nahihilo ako, hindi ko alam kung bakit.

“Mamaya na ako magpapaliwanag.” Hinawakan ko ang braso ni Manilyn, “Best, pabili nga ng Paracetamol. Super sakit na talaga ng ulo ko.” Sabi ko.

Naramdaman ko naman bigla ang kamay ni Christine sa braso ko, narinig ko pa ang sinabi niyang, “D-dugo! Best! D-dugo! Nasa braso at kamay niyong dalawa!” Ngunit bago ko pa mamalayan ang susunod na pangyayari, naramdaman ko na lang na umikot na ang paningin ko at nawalan na ako ng malay.

---

Pagkagising ko ay napahawak agad ako sa ulo ko, masakit pa rin kasi ito. Saka ko naman naramdama na mukhang may benda ang ulo ko.

Tumingin ako sa lugar na kinalalagyan ko, nasa Hospital ata ako.

Inisip ko naman iyong nangyari kanina at kung bakit ako nandito ngayon.

*Nasa Cafeteria ako kanina,*

*Pumunta sila best sa Cafeteria para kausapin ako,*

*Then, I went to Ma’am Lacangan’s desk para iabot iyong pinagawa niya sa akin.*

*Inutusan niya akong pumunta ng library para kunin iyong book na The Littile Prince,*

*Kinuha ko ito then I saw Lor na naging dahilan ng aksidenteng nangyari kanina.*

*I went to the Clinic para samahan siya doon, pumunta rin sila best at nag-usap-usap kami, tapos humawak ako sa ulo ko, then black-out.*

Napailing naman ako. Mukhang lapitin ako ng disgrasya this past few days. Kailangan ko ng mag-ingat ng mabuti.

Tatawag na sana ako ng Nurse para humingi ng maiinom dahil nauuhaw ako nang makarinig naman ako ng may kumatok. Nagmadali akong humiga ulit at magtulug-tulugan muna.

Naramdaman kong may umupo sa may tabi ko dahil narinig ko na umingit iyong silya. Ididilat ko na sana iyong mga mata ko para makita kung sino ito dahil baka sila Mama at Papa pala ito nang bigla naman itong magsalita.

“Alam kong hindi mo ako naririnig dahil tulog ka pa pero heto, binilhan kita ng prutas. Pagkagising mo sana ay kainin mo ito. Kanina lang ako nakaalis sa Clinic at dumiretso ako kaagad ditto para bisitahin ka.” My eyes went wilder. What is he doing here? Hindi ba dapat ay nagpapahinga siya?

“Siguro ay nagtataka ka at narito ako. Pasensya na, sinabihan nila akong umuwi na muna at magpahinga pero hindi ko ginawa.” Is he a psychic? Narinig niya kaya ang mga sinasabi ng utak ko?

“Nag-aalala lang kasi talaga ako sa iyo.”

Namalayan ko na lang nga na hinawakan niya ang kamay ko, pero hindi ko magawang tumutol kahit gusto ko. Paano naman ako makakatutol? Edi malalaman niyang nagtutulug-tulugan ako? Ayoko nga!

Tapos ay nagsalita ulit siya. “Ah, sorry kasi alam kong ako ang dahilan kung bakit nangyari iyong kanina sa may library.” Heck, thank you! Buti alam mo!

“Hindi ko naman kasi sinasadyang gulatin ka. Nakita lang kasi kitang pumasok ng library kaya pinuntahan kita.”

Why would he follow me? Baliw ba siya? Hindi ko naman siya stalker para gawin niya iyon hindi ba?

“Don’t worry, I know that you’ve been in a lot of accidents since yesterday. So I came out with a decision na simula ngayong araw na ito, iiwasan na kita. For your own safety na rin.”

Now, I’m gonna admit that he’s crazy. He’s really crazy.

“But before I go out in this room, may isa pa akong gustong sabihin sa iyo.”

“I know it’s really fast to say this, but I like you Antanasia Chloe Emi M. San Diego.”

Oh, the word crazy is an understatement for him. He’s insane. Yeah, that’s the proper word to use for him.

He’s really insane.

---

*REVISED: July 06, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 9- He volunteered

It’s been 2 weeks since that accident, and yes simula nga noon ay hindi na ako naaksidente pang muli, and yes tinotoo nga ni Lor iyong sinabi niya sa akin sa hospital na iiwasan niya na ako. Well, kahit sabihin niya o hindi naman niya sabihin iyon ay wala akong pakielam.

Ang arte naman kasi, may ganun-ganun pa siyang nalalaman.

So what? Who cares by the way?

“Hey, 3rd year anniversary niyo ngayon ni Harold hindi ba?” Narinig kong sabi ni Christine kay Manilyn.

“Yup. Lalabas kami mamaya, bakit?”

I looked at the window when I noticed na may babaeng sumisilip sa loob ng classroom namin.

“Wala lang. Wait best, look at Ace.”

Then nakita ko na lang na may lumabas mula sa classroom namin para kausapin ito. And nakita kong si Lor ito, I rolled my eyes and look at my best friends again.

“What’s with that look?” Angil ko sa kanilang dalawa.

“Sino ba tinitingnan mo sa labas?” Sagot sa akin ni Manilyn.

“Wala ‘no.” Sagot ko.

“Weh?” Sabi sa akin ni Christine. Tapos napansin ko na tumingin siya sa may bintana. I immediately touch her face para magawi ko ito sa kabila at upang hindi niya Makita iyong nasa labas.

“Hey! Ano ba?” Angil naman niya sa akin.

“Eh sa wala naman nga akong tinitingnan sa labas eh!” SAgot ko sa kanya.

Napansin ko namang hinawakan ni Manilyn si Christine sa balikat, “Bakit?” Tanong nito kay Manilyn.

“I guess, alam ko na kung sino ang tinitingnan niya sa labas.” Tumaas naman ang kilay ko.

“Sino naman?” Curious na sabi ni Christine.

“It’s Lor.” Then Manilyn pointed Lor who’s currently putting some papers on our teacher’s table.

“Ofcourse it’s not him!” Sabi ko doon sa dalawa.

“Fine, fine, fine. It’s not him, joke lang iyong sinabi ko Christine.” Sabi ni Manilyn kay Christine.

“Hey, sinabi ko na ngang hindi si Lor iyong tinitingnan ko hindi ba?” Sagot ko sa kanya.

“Naniwala na nga ako sa iyo hindi ba?” Natahimik naman ako sa sinagot niya. Oo nga naman, bakit ba ipinagpipilitan ko pa rin?

“Fine,” Sagot ko at ipinagpatuloy na ang pagtingin sa notebook ko.

“Anniversary niyo nga pala ni Harold ngayon, ‘di ba?” Tanong ko kay Manilyn, tumango naman siya sa akin.

“Anong plano niyo?”

“Lalabas lang mamayang uwian. Tapos baka magdinner ulit siya sa bahay.” Napatango na lang din ako sa sinagot niya.

“Happy anniversary sa inyo, tagal niyo na. 3 years na rin, sana tuloy-tuloy na iyan ha?” Nakangiti kong sabi sa kanya.

"Thanks. And ofcourse, bessy."

Pagkatapos sabihin iyon ni Manilyn ay dumating na iyong teacher namin sa English na si Ma'am Cruz. Tumayo naman kami to say our usual greeting to the teachers. "I'm sorry if I am late because I did something important. Anyway, group yourselves into three because we're going to have an activity."

"3." Ako iyon.

"1." Si Manilyn.

"1." Si Christine.

Siguro naguguluhan kayo kung bakit biglang nagkaganoon, 'no? Dahil 'di ba magkatabi sila Manilyn and Christine while me is nasa unahan nila? Well, ang pagbilang kasi samin ng group is first, pa-box. Magsisimula sa leftmost, pa-vertical then horizontally naman. Then vertical ulit at hozitontal. Basta, paikot iyong process ng pagbibilang. Nakakahilo yes, pero atleast, sa apat na taon na magkakasama kami bilang magkakaklase is sanay na kami sa ganito. Kaya there is a chance na magka-group kayo ng friends mo.

"Okay, go now to your respective groups. Group 1, here in front right side. Group 2, at the right side of Group 1. Then, Group 3 at the back."

Tumayo naman ako at pumwesto doon sa sinabi ni Ma'am. Dumating na rin naman iyong iba naming kaklase na magiging group ko for today's activity.

"Oh class, I forgot to tell you that your group would be your permanent group for the rest of the school year."

Oh, edi sabi ko nga permanent group na pala ito for this school year eh. Umupo naman ako sa tabi ni Carl, a classmate ofcourse.

May ibinigay naman si Ma'am na kanya-kanyang folder sa bawat grupo, at dahil ako ang nasa malapit kay Ma'am ay sa akin niya ito binigay. Binuklat ko naman ito at nakibasa sa akin si Carl.

"What, speech choir? Ngayon na ba iyon?" Hindi ko napigilang sabi.

Tumingin sa akin si Ma'am. "Yes, you're right Ace. Besides, next month, third week of July would be your performance day. So, the whole class still has a month to prepare." Declared ni Ma'am sa buong klase.

Lumapit sa akin iyong iba kong grupo. "Anong title?"

"The Anatomy of the Filipino." I answered.

"Madali lang kaya iyan?" Tanong ni Mariel.

"Ata? Nabasa ko na ito before, eh kaya lamang ay hindi namin ginamit since ayaw magvolunteer nung mga nakasama ko sa solong lalaki dyan. So, gumamit kami ng ibang piece." Sagot kong muli.

"So, sinong magiging leader natin? Si Ace?" Carl asked.

Na, sinang-ayunan din naman noong iba naming ka-grupo.

Papayag na sana ako since all my classmates knew na madalas nga akong pinanglalaban sa ganyan at nagiging leader ako kaya lamang ay may biglang sumingit. “No, I volunteer to become the leader besides I became a part of our Speech choir group since I was in first year high school at U.S.”

Nagtiningnan naman sa kanya lahat. Well pati ako, syempre.

“Are you sure?”

“Yes.”

*Says who?*

*Says Lucious Orl Rafael Santos. Or simply,*

*Lor.*

Tss. ‘Kala mo kung sinong matalino.

“Oh, he volunteered. ‘Edi siya na.” I said to them. Then, when all of my groupmates looked at him, I rolled my eyes.

*Kung alam ko lang talaga na nandito iyan sa group namin at kung alam ko lang na gusto niya pala iyang position na iyan, ibibigay ko sa kanya!*

*Kanyang-kanya na iyong leader thingy na iyan, isaksak pa niya sa baga niya, isaksak pa niya sa baga nilang pareho noong babaeng kinausap niya sa labas kanina!*

*Kabanas!*

*Mang-aagaw! Hindi naman sa kanya pinapaako eh!*

--

*REVISED: December 22, 2013*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 10- I hate him

Everybody looked at him and nodded, well, I think they'd already decided. He'd be the leader.

"I'll be back after 30 minutes. I'll check your developments after." Ma'am Cruz said then went out.

I read the piece and scanned it again. Nag-usap-usap naman iyong iba para magshare ng ideas nila together, or maybe para rin magkwentuhan. "Do you guys have an idea already?" Tanong naman ni Mariel saktong pagkatapos kong basahin.

I raised my hands, well, may naisip naman na kasi ako. Tumingin silang lahat sa akin. "I have. Well, we can use what I learned about this piece."

"Kailangan ng soloist dyan, hindi ba?" Tanong ni Carl, um-oo naman ako.

"For the boy solo, sino mag-vo-volunteer?" I asked them.

Nagtaas naman ng kamay si pabibo kid, "Ofcourse, me."

"So sino naman ang sa girl so—" I stopped from mid-air when he interrupt,

"Mariel would be the girl solo." Sabi ulit ni pabibo kid. I rolled my eyes.

"E-ehh 'di ba mas maganda kung si Ace na lamang tutal ay may alam naman na siya dyan?" Mariel defended.

"We, also you should try new environment, malay mo, nag-e-excel ka pala sa field na ito."

Umiling naman si Mariel. "I don't think so, Lor. Alam ng buong klase na wala akong kakayahan sa ganito, in fact, they knew how *shy* I am in terms of facing a lot of people. Sa musics na lang ako totoka, or sa paggawa ng props." Hindi komportableng sagot nito.

"Why don't you try it?" He insisted.

"Ayaw niya, bakit mo pinagpipilitan?" Hindi ko na napigilan na sumingit. Tumingin sa akin iyong iba naming ka-grupo as if smelling na may mangyayaring gulo.

I looked at Mariel, "Mariel, don't worry. Kung hindi mo naman talaga kaya ay hindi ka namin pipilitin. Right guys?" Sabi ko, tumango ang mga ka-grupo namin.

“We should talk about this thing later, after class. Sa ngayon, pag-usapan natin kung ano ang gagawin natin dito sa piece na ito. About the props, or costume. Alam naman natin na big deal ito sa ating fourth year students lalo na at iyong mananalong grupo ay ilalaban naman sa bawat section ng fourth year. I have this idea na mag-suot ng tshirt na kakatawan sa bandera ng Pilipinas. I mean, some of us were probably wears the color blue, color red, white or yellow tshirts. Not the thing to your minds na, mismong iyong apat na kulay ang nasa t-shirts natin, gets? Parang ang gandang tingnan noon hindi ba?”

“Ohh, good idea Ace. Ano naman sa iba?” Sabi naman ni Kristel.

“What about wearing a baro’t saya for the soloists?” Sabi ni Mark.

“Hmm, good suggestion also. Kung mag-suot kaya tayo ng native costumes? Iyong sa mga taga-igorots? Besides nag-sho-showcase rin iyon ng sinaunang Pilipinas.” Lor said.

“Point taken, pero mas gugustuhin ko ang idea ni Ace.” –Carl.

“Kayo guys? Anong gusto niyo?”

“I’m fine with the idea of Ace.” Pauline said, sinang-ayunan din noong iba.

“But—“ I knew this would happen kaya sumingit na ako sa kanya.

“We’re a group. Hindi porket *ayaw mo* ng suggestion ko ay masusunod ka na *naman*. Kaya nga may botohan hindi ba? They’d agreed to my suggestion, kaya please, um-oo ka na lang pwede?”

He looks stunned, pero nanahimik din naman. Maya-maya ay dumating na si Ma'am Cruz, humalukipip naman ako at sumandal sa kinauupuan ko. Nilapag ni Ma'am iyong gamit niya sa table at dali-daling lumapit sa group 1, which is the group of my two bestfriends.

"What happened to your group?"

"Ma'am, si Christine po ayaw mag-boy solo, mukha naman po siyang lalaki hindi ba?" Manilyn said. Sumama naman ang tingin sa kanya ni Christine.

"Ma'am, mas bagay po kay Manilyn iyong boy solo, mukha naman po siyang bading eh. Magiging straight pa po iyan." Gumanti naman ng sasabihin si Christine.

Nakarinig ako ng tawanan sa paligid, maski iyong mga katabi ko ay tumatawa. "Ikaw Ace, lalaki ka rin ba? Nag-aaminan na iyong mga best friend mo oh." Tanong sa akin ni Carl. Napa-face palm na lamang ako, iniisip ko na kung paano ko ba sila naging best friends at ganito ang takbo ng utak nila. Pati tuloy ako nadadamay.

"Well, I must say wala pa kayong naiisip." Sabi ni Ma'am.

"Ma'am wala po talaga. Ang nangyari lang po sa grupo namin eh panuorin sila Manilyn na magbangayan at magbarahan."

Natawa si Ma'am. "Nako, kayong dalawa talaga. Pasalamat na lamang ako at wala si Ace dyan dahil baka mas lalong nagsalpukan iyong tatlo." Lalong nagtawanan, napasimangot na lamang tuloy ako. "But remember, dapat may mas malaking development na kayo bukas ah?"

Lumapit naman sa pangalawang grupo si Ma'am. "Eh sa grupo niyo, Janeth at Alvin?" Nag-ayie naman kaming lahat noong mabanggit iyong dalawa.

“Tanong niyo po kay Mr. Class President na nagmamagaling, Ma’am.” Sagot ni Janeth.

“Magaling naman talaga ako, ikaw lamang ang ‘di pumapansin sa akin.” Sagot din naman ni Alvin. Nag-ayie na naman kaming lahat.

Si Ma’am naman ay napailing na, “Developments, tomorrow okay?”

Finally, lumapit sa amin si Ma’am. “Sa grupo niyo Ace? Ikaw ba ang leader? Oh, you should be tutal lagi naman ikaw ang nagiging leader sa ganito lalo na at naipanlalaban ka.”

Umiling naman ako. “No, Ma’am. Hindi po ako iyong leader. Tutal, it’s *a new environment* for me na first time ko pong hindi naging leader sa speech choir.” Stress that a-new-environment, note the sarcasm.

“Well, what happened to your group?” Pagkatanong na pagkatanong ni Ma’am noon ay hindi na ako nakinig, sinundan pa ng iba pang subjects na kulang na lamang ay tulugan ko na.

---

*[After Class]*

Naiwanan din iyong iba naming classmates sa room at pinag-usapan ang tungkol sa speech choir namin. Iyong isang grupo naman ay mas pinili na pag-usapan ito sa ibang bahay ng classmate namin.

“For the t-shirts and other props, iyong perang gagastusin ay ibibigay kay Lor tutal siya ang leader. Iyon namang mga props ay bibili na sa sabado. Practice naman tayo sa hapon ng araw na iyon tutal ay iyon lang ang free time natin lahat. Siguro, sa Sunday kung sino ang pupwede ay saka itotoka kung kani-kanino mapupunta ang mga gawain. Pwede na rin tayong gumawa ng props sa araw na iyon.” Sabi ni Carl.

“So the schedules are already settled. Now, we’ll choose kung sino ang mapupunta sa harap. 15 tayo sa group minus the 2 solo, so probably 6 ang nasa harap at 7 ang nasa likod. Any volunteers?” I asked them.

Hindi naman ako pinapansin ng mga ka-grupo ko, nakatuon sila sa isang direksyon so nakitingin na rin ako. Nakita ko namang kinakausap ni pabibo kid si Mariel.

Kaagad na kumunot ang noo ko at lumapit sa mga ka-grupo ko. “Anong nangyayari doon?”

“Pinipilit pa rin ata ni Lor na mag-solo si Mariel.” Sagot sa akin ni Kristel.

“Mukha na ngang paiyak si Mariel eh,” Sabi naman ni Mark.

Tumingin ako sa kanila, tama si Mark, mukhang papaiyak na si Mariel. “Talagang may sayad ang lalaking iyan, ‘no?” Sabi ko naman.

“Hindi naman alam ni Lor kung ano ang dahilan ni Mariel eh, kaya siguro ganyan magpumilit.”

Lumapit din sa akin si Carl, “Kausapin mo na nga iyang si Lor, Ace. Nahihirapan na si Mariel, oh.”

“Don’t worry Carl, kahit hindi mo sabihin sa akin iyon, gagawin ko pa rin.” Sagot ko at saka lumapit doon sa dalawa.

“Ano ’to?” Sabi ko pagkalapit ko sa kanila.

Tumingin sa akin si Mariel na tila na-relieve. “Ace, please sabihin mo kay Lor na huwag na lang ako ang gawin niyang sa solo. Alam mo namang ayos na ako na sa musics na lang or other things, pero huwag lang tungkol sa ganyan.”

Tumingin naman ako ng masama kay Lor. “Ano na naman ba ito? Ayaw nga ni Mariel, ‘di ba?”

“She needed to get out of her shell, kaya naman niya iyan eh.”

“Bakit ba pinagpipilitan mo kay Mariel ang isang bagay na alam naming lahat na hindi niya kaya?”

“Bakit niyo pinagpipilitang lahat na hindi niya kaya? Talagang hindi niya kakayanin dahil iyon ang pinaparamdam nyo sa kanya!”

“Huwag mo akong sinisigawan!” Angil ko sa kanya. Napansin kong nagtinginan na lalo ang lahat nang magtaas na rin ako ng boses, pero wala akong pakielam. Nakakainis na talaga siya! “Kung may problema ka sa akin, huwag kang mangdamay ng ibang tao!”

He creased a knot on his forehead. “Look, I am the leader kaya ako ang masusunod.”

Doon na ako mas sumabog. “Wala kang alam, Lor. Don’t act as if you know us all. Don’t act as if matagal mo na kaming kilala because the truth is, bago ka lang. You just transferred here two weeks ago. Ano bang alam mo sa amin? Don’t you know that Mariel has a agoraphobia? Oh, you probably don’t. Wala ka noong mga panahon na nakikita namin kung anong nangyayari sa kanya habang nasa harap ng maraming tao. Kaya wala kang karapatan na ipagpilitan sa kung sino man sa amin ang gusto mo dahil wala kang alam…” I stopped.

Pero nagsalita rin akong muli. “Dahil hindi mo alam na may nasasaktan ka na sa ginagawa mong kakapilit kung anong gusto mo, *lang*.” Then, I stormed out of the classroom.

Pang-inis siya, *I hate him.*

--

*REVISED: January 3, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 11- Awkward

*Saturday Morning,*

Pagkalabas namin ng sinehan ay dumiretso naman kami sa foodcourt.

“Ay shet, nakakakilig iyong bandang dulo! Havey!” Sabi ko doon sa dalawa.

“Viceryllle! Huuu! Nakakakilig nga iyong titig ni Karylle kay Vice! Ay shete naman! Naalala ko ulit!” Sabi ni Christine, nag-apir naman kaming dalawa.

“Ikaw Mane, any thoughts from the movie?” Tanong ko.

“Mas kinikilig ako sa upcoming movie nila Piolo at Toni! Grabe iyon! Super cute, iyong tipong college professor tapos nakatuluyan mo? Mas havey iyon!”

Mag-co-comment na sana ako ng mapatingin ako sa restroom na nadaanan namin, umatras ako at napatakip ng bibig nang makita ko kung ano iyon. Kaagad kong hinila sa buhok iyong dalawa kong bestfriends at nginuso iyong nakita ko.

“Ohmy! My virgin eyes!” Sabi ni Christine.

“Ano ka ba Ace! Alam naming mahilig kang manuod ng ganyan pero huwag mo naman kaming idamay!” Napanguso ako sa sinabi ni Manilyn.

“Oy, ang sama niyo naman. Nag-ki-kiss lang naman sila. As if naman they were making love in this public place.” Depensa ko.

“Hayan ka na naman sa pagiging green mo!”

“Tse! I am not a green minded okay! I just want to say na ang grossed nila dahil dito pa sila gumagawa ng milagro! And fyi, I’m not into watching rated +16 movies okay!”

Inirapan ako noong dalawa saka nagpatuloy sa paglalakad, sumunod naman na ako sa kanila.“Kfine. As I was saying kanina before ako pinigil ni Ace magsalita, kinikilig ako sa upcoming movie nila Toni at Piolo. Curious ako kung bakit nakipaghiwalay si Toni sa kanya.”

“Hmmm, baka hindi na niya mahal?” Sabay naming binatukan si Christine sa sinabi niya.
“Oww! My hair! Guluhin niyo na buhay ko, huwag lang ang buhok ko!”

“Big deal!” Sabay naming sabi ni Manilyn. She just rolled her eyes at us.

“Hindi na mahal kaagad? Heller, hinabol mo iyong tao buong College life mo, tapos biglang ganoon? Iiwanan mo kaagad?”

“At saka, *hindi ganoon kadaling mawala ang pagmamahal mo para sa isang tao lalo na kung ilang taon din ang ipinuhunan mo para sa taong iyon*.” Sabi ni Manilyn.

“Sa inyo ata big deal eh! Panuorin natin iyan next month nang malaman niyo kung bakit!”

“Kfine.” Sabay naming sabi ni Manilyn.

Pagkarating namin sa foodcourt ay kaagad kaming humanap ng mauupuan at saka umupo doon. Pinag-usapan naman namin kung anong kakainin namin. Nagtalo pa nga iyong dalawa kung anong kakainin nila, na actually is pinag-aawayan pa rin nila hanggang ngayon.

“Mas bagay sa iyo ang dinuguan, tutal kakulay mo iyon!” Sabi ni Christine kay Manilyn.

“Mas bagay sa iyo ang sisig, tutal maliit ka naman!” Sagot naman ni Manilyn.

“Anong connect ng sisig sa pagiging maliit ko?”

“Wala lang! Para mai-connect lang. At saka, sa maliit ka naman talaga eh!”

“Pwede ba?” Tumingin silang dalawa sa akin. “Pareho kayong maliit okay? Kainin niyo pareho ang sisig!”

Bumulong naman si Christine kay Manilyn. “Mas bagay ata kay Ace ang dinuguan, bessy. Mukhang may period siya ngayon eh.” Na ewan ko ba kung bulong oh talagang sadyang pinarinig sa akin. Nakita ko pa ngang tumango si Manilyn at humagikhik pa sila pareho.

Sinamaan ko naman sila pareho ng tingin. “Sabi nga namin, oorder na kami.” At saka sila parehong tumayo para um-order.

Inilabas ko naman iyong papel na nasa bulsa ko na naglalaman ng mga bibilhin ngayon para sa speech choir namin. Pupunta rito sa SM si Kristel mamaya para samahan akong bumili sa NBS. Well, kasama rin iyong dalawa kong bestfriend sa pagbili.

Napalingon naman ako sa paligid nang maramdaman kong may nakatingin sa akin. My gaze landed on my front and I saw a much-more-like 5 year old kid na nakikipaglabanan ng titig sa akin ngayon.

I shrugged at saka hinarap ulit ang hawak kong papel. Maybe, may kasama iyong bata at hinahayaan lang na gumala rito sa foodcourt. At saka, sino namang magulang ang basta-basta iiwanan ang anak sa kung saan-saan hindi ba?

Dumating na rin naman iyong dalawa at inilapag ang mga pagkain sa mesa. “Pupunta pa tayo ng NBS ah? Hindi nagtetext si Kristel and tinatamad akong tawagan siya kaya tayong tatlo na lang ang bumili.”

“Ang sabihin mo, wala ka lang load.”

I hissed. “Para saan pa’t ginawang naka-line ni Papa ang phone ko ‘di ba?”

“Whateves, bessy.”

“Iyong bata dyan sa harap mo, kanina pa nakatitig sa iyo.” Sabi naman ni Manilyn sa akin. “Actually, it’s not creepy naman dahil cute iyong bata. But come to think of it, bakit nakatingin sa iyo iyan?”

Saka ko naman binalingan iyong bata na nakatingin pa rin pala sa akin hanggang ngayon. “Where’s your parents?” Nang tinanong ko naman iyon ay bigla itong umiyak.

“Hala Ace! Nagpapaiyak ka na pala ng bata ngayon!”

Binatukan ko si Manilyn. “Ofcourse not! I just asked him if where’s his parents! Aba, kasalanan ko bang umiyak bigla iyan?”

“Patahimikin mo kaya!”

“How? You know guys how much I dislike kids, ‘di ba?”

“Bilisan mo na! Pinagtitinginan na tayo ng mga tao!” Tumingin naman ako sa paligid. And yes, based on what Christine had said, pinagtitinginan na nga kami ng mga tao.

Tatayo na sana ako nang may biglang lumapit doon sa bata. “Hey, Harris don’t cry okay?” Ewan ko kung bakit pero bigla akong *kinabahan* sa boses na iyon.

Lumingon sa amin iyong lalaking lumapit sa bata, kung nagulat kaming tatlo ay nagulat din itong lalaki na nasa harap namin. “O-ohh, a-ah, sorry sa pang-iistorbo nitong si Harris.” Sabi niya sa amin.

“Anak mo ba iyan, Lor?” Christine asked.

Magsasalita na sana ako nang magsalita si Manilyn. "Don't state the obvious, Christine." O-oo na sana ako nang dugtungan nito ang sasabihin. "Halata namang anak niya iyong bata, tinatanong mo pa."

Napatampal na lang ako sa noo ko at ibinaling na lamang ang paningin sa dalawa pang tao na lumapit sa table namin na sa tingin ko ay kasama ni Lor. "I told you Ate, iiyak lang si Harris kapag iniwanan niyo siya. Ayaw niyo naman kasing maniwala. Mabuti na lamang nga at mabilis lang natin nahanap itong anak niyo."

*Wait, mabilis ba iyon? Eh kanina pa nga nakatitig sa akin iyong bata.*

"Eh Lor, please do understand. Sandali lang naman kami aalis nitong Kuya mo at may kailangan lang kaming ayusin. Mag-be-behave naman si Harris sa iyo eh. Isama mo na lang siya sa pupuntahan mo." Sabi naman noong Ateng tinukoy nito.

"Oo nga Lor, sandali lang talaga." Napansin ko namang bumulong iyong lalaki sa asawa ata nito pagkatapos ay biglang tumakbo. "Promise Lor, sandali lang kami!"

"Ay talaga naman!" Narinig kong sabi ni Lor sa gilid ko pagkatapos ay napakamot sa batok.

"Ay, hindi mo pala anak iyan?" Tanong ni Manilyn.

Tumingin naman ito kay Manilyn. "Ah, nope. He's my nephew. Anak siya noong dalawang umaastang teenager na tumakbo kani-kanina lang."

Napatango naman iyong dalawa kong bestfriend sa sinagot nito at saka pinagpatuloy iyong pagkain nila. Umupo naman sa tabi ni Manilyn si Lor at saka tumingin sa akin. Nagulat naman ako kaya bigla akong napasubo ng pagkain ko ng 'di oras. "A-ah, nagtext kasi sa akin si Kristel

at sinabi niyang hindi siya makakasama sa iyo dahil may emergency daw siyang gagawin. Kaya,”

I looked at him. “Kaya?”

“Ako na lang daw ang sasama sa iyo.”

*He said, iiwasan na niya ako ‘di ba?* “No need, kami na lang nila Christine ang bibili.”

“A-ah, wala naman sa iyo iyong pera hindi ba?” Sabi nito habang ikinalong sa kanya iyong bata. Nanatili namang nakatitig sa akin iyong Harris.

“Papaluwalan ko na lang muna.” Sagot ko kaagad.

“Ah, hindi ano. Sasamahan na lang kita.”

I tried not to roll my eyes. “Ibigay mo na lang nga iyong pera sa akin ng matapos na.”

Ibibigay na sana ni Lor sa akin iyong pera nang biglang magsalita itong si Manilyn. “Ay, mag-cr lang kami ni Christine ah? Dyan ka muna, Lor.” At saka hinigit si Christine patayo.

“Teka, hindi pa tayo tapos kumain!” Angal ni Christine.

“Mamaya ka na lamang kumain ulit!” Sagot sa kanya.

Ako naman iyong pumigil sa dalawa. “Bakit dala niyo pa iyang gamit niyo?”

“Ah, magre-retouch na rin sa loob?” Tumaas lang iyong kilay ko, pero umalis pa rin sila.

Ibinaling ko iyong paningin sa harap ko at saka itinuloy iyong pagkain ko. “A-ah.” Tumingin naman ako kay Lor nang magsalita ito.

“Sorry nga pala sa nangyari kahapon.”

I was shocked, pero hindi ko pa rin pinahalata. “Bakit ka nag-so-sorry sa akin?”

“Hindi ko naman alam na, may phobia palang ganoon si Mariel. And besides, sorry din dahil hindi ko naman alam na may alam ka sa ganito. I mean, sa speech choir. D-dapat, binigay ko na lang sa iyo iyong pagiging leader.”

“Why do you have to say these things to me?”

“Because I feel that I need to?”

I inhaled deeply. “It’s okay, no harm done.”

“At saka, napagtaasan kita ng boses kahapon. Tama nga iyong sinabi mo, dapat ay hindi ko pinipilit ang mga tao na gawin ang gusto ko dahil hindi ko alam na, hindi ko alam na baka nasasaktan ko na sila.”

Ininom ko iyong softdrink na nasa harap ko, pagkatapos ay saka ako nagsalita. “I-it’s okay.”

*Really Ace? You're okay?*

Hindi na ako kumibo after 'nun, he on the other hand did the same thing.

Natapos ako sa pagkain nang hindi pa rin dumarating iyong dalawa. Kinuha ko iyong phone ko at saka tinawagan si Christine, sinagot naman kaagad nito. "Kinain na ba kayo ng C.R?"

[Nangangain ba ang CR?]

"I said, kinain na ba kayo ng CR?"

[Hindi nga nangangain ang CR! Gamit iyon eh! But wait, anong CR ka dyan?]

"'Di ba sabi niyo mag-c-CR kayong dalawa?" Tumingin ako sa relo ko. "Ang tagal niyo naman, 15 minutes na kayong nandyan ah."

[Sinabi ba nating mag-c-CR tayo Manilyn?] Sumagot naman iyong tinanong. [Hindi ah. Ang sinabi natin ay uuwi na tayo.]

"Anong uuwi na kayo? Wala kayong sinabi ah!"

[May sinabi nga kami! Sabi mo pa nga is, 'okay']

Napahinga ako ng malalim. "So, wala kayo sa CR. At pauwi na kayo?"

[Yu-yups. Ang galing mo bessy mang-hula! Ayie!]

“Sinadya niyo ‘to ‘no?” Naiinis ko ng sabi doon sa dalawa.

[Oy, makabintang naman ito—Ayy, aray Manilyn, makahila ka naman ng buhok ko! Sabi ng huwag ang buhok ko ‘di ba?] [Mali ka ng sagot kasi!] [Ay oo nga’no? Wait—Ano be-best? H-ha? D-di kita marinig? Wuuuushhhhh. H-ha? Ch-choppy ka! A-hh, a-anong sabi mo? B-bye? A-ah, s-sige, b-bye!]

“Teka, wala akong sinabing—Aish.” Nasabi ko ng marinig ko ang dial tone.

*Pinagtulungan ako noong dalawa.*

Come to think of it, alam noong dalawa kung gaano ako ka-bully lalo na sa kanila. Ngunit, bakit madalas akong mainis sa pang-aasar nila sa akin ngayon?

At lalong bakit na, hindi ako makasagot sa kanila at mas naiinis pa ako?

Binalingan ko naman si Lor sa harap ko. “May problema ba?”

Malaki ngang problema.

“Actually, Manilyn and Christine left us. And I think, I think..”

He looked at me with full of curiousity. “You think what?”

I inhaled deeply. “I think, I think ikaw nga ang makakasama ko sa pagbili ng kakailanganin for our speech choir sa National Book Store.”

*Drat.*

And what’s more confusing was, pagkatapos kong sabihin iyon ay saka biglang humagikhik iyong batang nakakalong sa kanya, pero nanatiling nakatitig parin sa akin.

--

*REVISED: January 4, 2014*

A/N: Sorry, wala akong maisip na movie eh. Just think na pinalabas ang Girl, Boy, Bakla, Tomboy ng June. Hehehe. Peace! :)

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 12- Questions

Kinuha ko iyong cellophane at nagsimulang gumupit. Actually, we’re at Carl’s house at gumagawa ng props para ma-lessen na ang mga gagawin namin for the next days. Para na rin puro practice na lamang kami.

“Ace! Pa-help namang gumawa ng circle please!”

I looked at Mariel na nasa sahig ng bahay nila Carl. Kaunti lamang kami na nandito compared kahapon na kumpleto because practice namin iyon, at gagawa lang naman kami ng props today. Out of 15 members, 9 lang kaming nandito. "Ohh, okay. Wait lang ha? Tatapusin ko lang itong ginagawa ko." Sinubukan kong hawakan iyong dulo ng cellophane para mabilis ng magupit pero hindi ko naman nagawa dahil masyado itong mahaba.

"Ako na." Narinig kong sabi ng taong nasa harap ko.

Tumingin ako sa kanya, and it was Carl. "May ginagawa ka 'di ba? Tapos mo na ba?"

"Katatapos ko lang." Sagot nito sa akin pagkatapos ay hinawakan iyong cellophane.

"Ohh, okay. Hawakan mong maige ah."

"Yes, Ma'am."

Napaling ako sa sinabi niya. "Baliw." Tinawanan naman niya ako.

"Thanks." Sabi ko sa kanya nang matapos. Tumayo naman na ako at saka pumunta sa direksyon ni Mariel. Nakita ko namang nandoon si Lor, at pilit na gumagawa ng circle.

*Hmmm, circle.*

A smile formed to my lips. Now Lor, watch me. Ipapakita ko sa iyo ang tamang paggawa ng circle.

“Mariel, mayroon kang tali?”

Tumingin siya sa akin na kasalukuyang nagpa-paint.”Wala Ace eh. Hanap ka na lang dyan.” Tumango naman ako.

Nakakita ako ng nakausling tape na nakadikit sa karton at saka ko hinila, iyon na lang ang ginawa kong tali. Then, kinuha ko iyong ballpen sa bulsa ko. Kinuha ko iyong dulo ng ginawa kong tali at idinikit sa top ng ballpen at saka hinawakan din iyong isang dulo ng tali. Saka ko pinoint sa karton iyong ballpen, at iniikot.

“Nice Ace, forte mo talaga iyan.” Sabi sa akin ni Mariel.

Tumingin ako kay Lor at iniwasang matawa nang makita ko iyong bilog niya na wala sa hugis. “I know right. Gawin niyo na lamang na tularan iyong ginawa ko, tutulungan ko lang si Carl doon.”

Aalis na sana ako nang may biglang puimigil sa akin. “Ikaw na lamang ang gumawa nito.”

Tumingin ako kay Lor. “Eh anong gagawin mo?”

“Tutulungan ko si Carl.”

---

“Anong tingin mo kay Lor?”

Tinigilan ko iyong ginagawa ko at muling tumingin kay Lor na nagpa-practice sa may garden ng bahay nila Carl. “Kulang pa ng diin eh. Medyo kulang pa rin sa emotions.” Sabi ko.

“Oh no. Not that, I mean the other way around. Anong tingin mo kay Lor?”

“What are you talking about?”

“I mean, anong tingin mong ugali ni Lor.”

Napangiti ako. “Bakit? Crush mo siya, Mariel?” Panunudyo ko sa kanya.

“Ofcourse not!” Tanggi niya sa akin.

“Defensive!” Pang-aasar ko sa kanya.

“You know what? Kasi, kapag magkatabi kayo, you do look good together.”

“Ohh, you didn’t say that.” Tanggi ko.

“Yes Ace. Plus the fact na naging close kayo before nung bago pa lamang siya rito. Tapos, bigla kayong hindi nagpansinan. May nangyari ba?”

Bigla ko namang naalala iyong sinabi ni Lor before.

*[Flashback]*

*"Don't worry, I know that you've been in a lot of accidents since yesterday. So I came out with a decision na simula ngayong araw na ito, iiwasan na kita. For your own safety na rin."*

*[End of flashback]*

Napatungo ako. "Ofcourse none. At saka, malay ko sa kanya 'no." Sagot ko, pagkatapos. Tinigilan ko naman iyong ginagawa ko dahil pakiramdam ko, bigla akong nainis.

"Puntahan mo si Lor. Turuan mo muna siya. Kaya pa naman namin ito eh. And besides, kayong dalawa ang nasa solo, kailangan niyong mag-practice."

Tumayo naman ako. "Okay, fine."

Lumapit ako kay Lor at narinig kong patuloy pa rin siya sa pagbigkas ng spiel niya. *"I must confess, I' am an extremely confused, and Bewildered young man. Wherever I' am, whatever I may be doing, I' am Bombarded, on all sides, by people who want, me to search for my national identity."*

"May kulang pa sa iyo." Sabi ko.

Halata namang nagulat siya dahil biglang tumaas iyong dalawang balikat niya. "Sorry, nagulat ata kita." Sabi ko ulit.

"Ah, no. It's okay. Pero, anong ibig mong sabihin na may kulang?"

“Emotions. Which is the most important element of speech choir.”

Kumunot ang noo niya sa akin. “How?”

“Hmm, come to think of this. Iyang part na iyan is something like you are bombarded of that things. Isipin mo na lang na, iniwan ka ng isang taong mahalaga sa iyo. Many questions keeps on torturing you. Thinking that what you had done at ginawa sa iyo iyon. Iyong maraming tanong, pero wala kang mahanap na sagot. Just think of that while delivering your spiel. And also, think of a person na hindi mo pinaka-inaasahang iiwan ka pero iniwanan ka.”

Napansin ko namang sandali siyang napaisip, pero nagsalita rin maya-maya. Pero ang sinabi naman nito ay iyong kanyang spiel. *“I must confess, I’ am an extremely confused, and Bewildered young man. Wherever I’ am, whatever I may be doing, I’ am Bombarded, on all sides, by people who want, me to search for my national identity.”*

Napangiti ako ng matapos siya. “See, much appealing.”

Sasagot na sana ito ng may biglang pumalakpak. Tumingin naman kami pareho sa direksyon ‘nun, at kumunot ang noo ko sa nakita ko. “Anong ginagawa niyong dalawa rito? Bawal sabotage! Mga espiya!”

Lumapit naman sila sa amin. “Hala ka Christine, nalaman ni Ace na mangsasabotahe tayo! Pumalakpak ka pa kasi eh!”

“Aba! Pumalakpak ka rin kaya. At saka, ginaya lang kita!”

“At saka, may atraso kayong dalawa sa akin. Baka nagkakalimutan tayo.” Sabi ko ulit.

“Oy, lagot ka. Idea mo iyon kahapon, Manilyn!”

“Ano ba Christine! Nilalaglag mo naman ako eh!”

“Ayy? Ay, mali. Idea pala ni Mariel iyon! Oo, tama. Kay Mariel iyon!”

Napairap na lamang ako at pumasok muli sa loob ng bahay, nilapitan ko naman si Kristel. “May gagawin pa ba tayo?”

Nag-unat naman ito bago ako sinagot. “Actually, wala na. Papatuyuin pa kasi yung paint at bukas na lang siguro ulit. ‘Yung iba naman is, inako na noong ibang lalaki kaya halos okay na rin.”

“Ayos! Wala na pala kayong gagawin eh! Tara, maglaro na lamang tayo!” Narinig ko iyong boses ni Manilyn sa likod ko. Sumunod pala iyong dalawa sa akin.

“Makapag-aya ng laro, bata ba, bata?” Sabi ko naman kay Manilyn. Inirapan lang niya ako. “Wooo, pikons.” Sabi ko ulit.

Nagsilapitan naman iyong iba naming kaklase. “Game! Anong laro?”

“2 truths, and 1 lie.”

“Ah, iyong magsasabi ka ng dalawang katotohanan tapos isang lie? Tapos, huhulaan namin kung alin doon ang lie? Kapag nagkamali, parurusahan?” Tanong ni Mark.

“Yeps, yeps, yeps.” Excited na sagot ni Christine.

“Ay game kami dyan!”

“Ay sige, manunuod na lamang kami rito.”

Nagsipuntahan naman iyong iba sa sala, tumabi naman iyong ibang ayaw sumali. “Ano Ace, ayaw mong sumali?” Sabi sa akin ni Christine.

Inirapan ko siya. “Heto na nga po ‘di ba?”

“Eh si Lor? Hindi rin sasali?” tanong naman ni Manilyn.

Napansin ko namang nasa likod ko pala si Lor. “Ofcourse, sasali ako.” Sagot naman nito. “Tara?” Aya naman niya sa akin, sabay naman na kaming umupo sa sala at nakisali sa ikot nila.

Bale, kung kaninang 9 kami, nadagdagan ng 2 because of my bestfriends, nabawasan naman kami ng 3 para sa ayaw sumali, so 8 kami na maglalaro all-in-all.

“Wait, dapat hirapan ang sasabihin. Because of the fact na, matagal na tayong magka-kaklase kaya posibleng alam na natin ang info’s ng bawat isa. Minus na lamang si Lor dahil syempre, transferee siya.” Sabi ni Carl.

“Ay tama iyan. Kaya dapat, hirapan niyo ah? Pero bago iyan, para pabor sa lahat at walang unfair, bibilang ng 1 to 3 iyong magsasabi ng 2 truths and 1 lie, tapos yung ibang kasali lahat magtaas ng kamay either 1,2, or 3 ang sagot.” Singit nman ni Manilyn, tumango ang lahat. “So dahil ako ang nag-aya, ako ang magsisimula.”

“May inirapan ako kanina. May kaaway ako. At may aso kami.” Pare-pareho naman kaming lahat ng sinagot, iyong pangalawa.

“Ay daya, tama silang lahat.” Himutok ni Manilyn.

“Paano naman kasi, ang dali noong sinabi mo! Unang-una, alam naming lahat na may aso kayo. Paano ba naman kasi lagi mong kasama sa mga posts mo sa instagram. Pangalawa, lahat kami, basta ma-trip-an mo, iniirapan mo. So it leaves us with one choice.” Explain ni Christine.

“De ikaw na po Mahal na Reyna. Magsalita na po kayo at kayo na.” Sagot naman sa kanya ni Manilyn at saka ito inirapan.

“Oo, alipin. Ako na ang magsasalita.” Nagtawanan naman kaming lahat. “May crush ako. Mayroon din namang nagpapatibok ng puso ko ngayon. I fall in love, once.”

“Yuck, nagpapatibok ng puso. Gross.” Comment ko ulit. Binelatan lang ako ni Christine.

Kaming dalawa lang ni Manilyn iyong tumama, sinagot namin iyong pangalawa. Nang-asar pa nga iyong iba, palibhasa raw bestfriend kami kaya alam namin iyon. Eh, anong magagawa namin hindi ba? Lol.

Ang isinagot nila Kristel, Carl, Mariel, Mark at Lor is the third one. “Explain mo na Christine kung bakit!” Inis na sabi ni Kristel.

“Eh kasi naman! It’s really obvious kaya! Sasabihin kong I fall in love once eh sinabi ko ring may nagpapatibok ng puso ko ngayon.”

“Malay mo, baligtad.” Katwiran ni Mariel.

“Eh, mali pa rin kayo. Ang consequence is, lagyan nyo ng pintura ang braso niyo. Tapos susulatan nyo ng ‘Mali kami’.”

After naman ‘nun ay sila Mariel, Kristel at Mark na ang nagsalita. Nagkamali kaming lahat kay Mariel, paano ba naman kasi nalito kami sa sinabi niya! Ang consequence naman is, nilagyan namin ng pulbo ang buhok namin. Yes, oo, tama kayo. Magmumukha kaming matanda nito.

Kay Kristel naman, si Carl, Mark at Lor ang nagkamali because iyong sagot is somewhat girl thing. Ang consequence naman sa kanila eh uminom ng suka.

Kay Mark, gumanti naman siya sa aming mga babae. Lahat kaming babae, mali. Ang pinagawa niya is, kainin ang Nips na nilagay niya sa noo namin. Iyon bang pagugulungin hanggang sa makababa sa bibig.

“Ako naman is, may pinagsisisihan akong bagay na dapat ginawa ko before. Mahilig ako sa bata. At, nagka-girlfriend na ako.” Sabi ni Carl.

Sinagot naming mga babae kasama si Mark ang pangatlo, sagot naman ni Lor iyong pangalawa. “Hindi pa ako nagkaka-girlfriend.” Sagot sa amin ni Carl.

“Eh sino si Minah?” Tanong ko sa kanya.

“Sa maniwala kayo at sa hindi, kababata ko lang iyon.” Sagot niya sa amin.

“Ang dayaa naman kasi. Pinagkalat kaya ni Minah na naging kayo.” Sabi ni Mariel.

“Ay wait, eh ano iyong pinagsisisihan mo?” Tanong ni Christine.

“Basta, hindi naman tungkol sa inyo iyon eh.” Sagot ni Carl. Nagkibit-balikat na lamang kaming lahat. “Ang gawin niyo ay, mag-10,20. Invisible iyong garter.”

After naman ‘nun eh nagsalita na ako. “So, ako na. Mahilig ako sa bata, may kinaiinisan akong tao ngayon at mapagparaya ako.”

Obviously, dahil mukhang madali ang sinabi ko, tama silang lahat. “So, sino ang kinaiinisan mo?” Tanong nila sa akin.

Umirap muna ako bago sumagot. “Iyong dalawa. Naiinis ako kung bakit ko pa sila naging bestfriend. Mga may sira kasi sa utak.” Nagtawanan naman kaming ulit lahat.

Nang turn naman na ni Lor para magsalita, napatingin ako sa kanya. Ewan, from the moment na nag-start itong nilalaro namin, ngayon lang ako tumingin sa kanya. “May Kuya ako. Mayroon akong gusto at may iniiwasan akong tao ngayon.”

Automatic naman na natigilan ako sa sinabi niya. Actually, it left me with one choice. Iyong una. Dahil kahit hindi ako sure kung may Kuya ba siya or what pero dahil doon sa pangalawa at pangatlo niyang sinabi eh nag-come-up ako sa isang decision.

I’m not assuming or what, pero sa bibig na niya mismo nanggaling before iyong pangalawa at pangatlo eh.

*“Don’t worry, I know that you’ve been in a lot of accidents since yesterday. So I came out with a decision na simula ngayong araw na ito, iiwasan na kita. For your own safety na rin.”*

*"I know it's really fast to say this, but I like you Antanasia Chloe Emi M. San Diego."*

Ipiniling ko ang ulo ko ng bigla ko itong maalala.

Sinabi naman na namin iyong sagot namin. Lahat sila nagkamali sa kanya, well, except for me. "Wala ka palang kapatid?"

"No, meron naman. Pero Ate ang meron." Sagot ni Lor. Napa-ahh naman sila.

Ang sagot kasi nilang lahat ay iyong pangalawa. Katwiran nila na hindi naman daw obvious na may nagugustuhan ito.

"Paano mo nalaman iyon Ace?" Tanong naman nila sa akin ngayon.

Kaagad akong kinabahan sa tanong na iyon. Eh, paano ko nga ba sasagutin kasi iyon?

"Ah, hinulaan ko lang naman. We saw Lor yesterday. Nakita ko iyong Ate niya, kamukha niya kaya iyon na lang ang pinagbasehan ko." Naiilang kong sagot.

"Ang consequence nyo naman ay, sabunutan niyo na lamang iyong sarili niyo. Wala akong maisip na iba guys eh."

Right after matapos iyon, nagtanong muli si Manilyn. "So Lor, edi, may iniiwasan ka nga? Bakit naman?" Napatitig ako kay Lor nang banggitin ito ni Manilyn. Syempre, I am waiting for his answer.

Umaasa pa rin ako na kahit narinig ko ng malinaw sa kanya before, sana mali pa rin ang pagkakaintindi ko.

"Actually, same person lang ang taong gusto ko sa taong iniiwasan ko."

*Pero mali ako.*

---

*REVISED: January 5, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 13- Performance Day

I saw my groupmates na halatang nagpa-panic dahil kanina pa nila winawasiwas iyong mga kamay nila. I called out their attentions, "Kalma guys! Tapos na tayong mag-perform. And we all knew na we did all our best for this day. Mananalo tayo!" Pang-e-encourage ko sa kanila.

"Eh, you know and saw what your bestfriends did. Ang galing kaya nila." Katwiran naman ni Kristel.

Tumango naman ako because tama naman sila. I saw my bestfriends performance at maganda ito pero ayoko namang magpaapekto doon. "Okay lang iyon. Mas magaling pa rin tayo!" Sabi ko sabay kindat sa kanila.

“Hmmm, sabagay. Ilang beses ding nagkamali iyong dalawang grupo compared satin na nakaisang pagkakamali lang. And, halata ko rin na maganda ang ginawa natin based on what I saw from the judges eyes at sa ibang nanunuod.” Sagot naman ni Carl.

“See?” Sabi ko sa kanila. “Don’t lose hope guys! Masasayang ang halos isang buwan nating preparation kung ganyan kayo eh.” Sabi ko sa kanila at saka ngumiti. Inabutan ako ni Carl ng tubig at kinuha ko naman ito.

“Sabihin mo, inspired ka lang!” Pang-aasar sakin ni Mariel na sinegundahan noong iba naming ka-grupo.

“Ofcourse not!” Pagtatanggi ko naman.

“Wuuuu! Defensive!” Sabay ulit nilang sabi at saka tumawa.

Inabutan naman ulit ako ni Carl, this time ay tinapay naman. “Oh ‘di ba, inspired nga!” Sabi ulit nila. At sinabayan pa ng malakas na “Ayieeehhh!”

Napailing na lamang ako at saka kinuha iyong tinapay na iniabot sakin ni Carl, tumabi naman siya sa akin. “Napagod ka ba?” Tanong niya sa akin.

Umiling ako. “Hindi naman masyado. Pero kinabahan talaga ako ng sobra kanina, hindi ko na lang nga pinahalata sa inyo.” Sagot ko.

“Ang galing mo nga kanina eh.”

Inirapan ko naman siya. “Huuu, bola.” Saka ako tumawa.

“Hindi ah. Alam mo naman na seryoso ako sa iyo.” Sabi niya sa akin.

Ohh, I think you missed something from me guys. Hindi kayo naduling or what, sinabi nga ni Carl sa akin iyan.

Actually, he’s been courting me since a week ago.

Don’t worry, kung nabigla kayo, the feeling is mutual guys. I mean, who would have thought that Carl might hit on me? I just thought that he’s just that friendly to me, pero hindi ko inisip na yeah, may gusto pala siya sa akin.

He talked to me after we had a practice before, and he told me that he like me and wants to court me. Sounds cheesy, he told me that he have this kind of huge like to me since we’re First year but he’s just so shy to show it to me. Sabi ko sa kanya na pag-iispan ko, naka-one week ko pa ngang pinag-isipan iyon and I don’t know kung bakit tumagal pa ng ganoon iyon. Besides, pwede ko namang sabihin after one day na pwede dahil wala naman akong nagugustuhan. Pero ewan ko kung bakit ganoon ang nangyari.

But anyway, why do I have to contradict my own thoughts huh?

Tumingin ako sa kanya at saka ngumiti. Pagkatapos ay iginala ko ang mata ko, and it landed to Lor. To Lor na siyang nakatingin din pala sa akin ngayon. I was shocked, ofcourse. Sino ba ang taong mananatiling titingin pa rin once na mahuli mo na?

To Lor, na siyang may kinalaman kung bakit nagkamali kami ng isang beses kanina. To Lor, na napapansin kong, laging nagpapagulo sa isip ko, *ngayon*.

Bigla ko naman naalala iyong araw na sinagot niya iyong 2 truths and 1 lie.

*[Flashback-1 month ago]*

*“Actually, same person lang ang taong gusto ko sa taong iniiwasan ko.”*

*Alam ko naman talagang isasagot niya iyon. Pero nakakagulat pa rin kapag narinig mo ng dalawang beses. Nakakagulat pa rin pala talaga na marinig mo ito with your own two eyes opened.*

*Matitigilan pa rin pala ako.*

*I also noticed na right after niya sabihin iyong reason niya, biglang napatingin sa akin iyong dalawa kong bestfriend. Mukhang, mukhang alam ko na ang tumatakbo sa utak nila ngayon.*

*“Ohh, so sino naman siya?” Tanong ulit ni Manilyn.*

*I really saw it, I really saw he made a quick glance at me. “A-ah, pwede bang sa akin na lamang iyon?” Nagkibit-balikat naman silang lahat pagkarinig noon.*

*Saka naman ako nakahinga ng maluwag. I didn’t notice na medyo kanina ko pa pala pinipigilan ang sarili ko sa paghinga.*

*Right after na matapos iyong laro at kami sa props ay isa-isa na kaming umuwi. Kasabay ko naman iyong dalawa since ginulo nila kami at magkakapit-bahay din naman kaming tatlo.*

*I walked slowly, pero ramdam ko naman na sinasabayan nila iyong lakad ko.*

*"Christine, what can you say about the things Lor had said kanina?"*

*Naramdaman kong tumingin sa akin si Christine, pero hindi ko na lang pinansin. "I don't know. Basta, I don't know. He's weird. Really weird. Come on, gagawin ba iyon ng isang tao sa taong gusto niya? Hindi naman siguro, 'di ba? Eh ikaw ba?"*

*Napansin kong saglit nag-isip si Manilyn. "All I knew is, Lor is very stupid. He just wasted his opportunity."*

*Tumango si Christine sabay tingin sa akin. "Ikaw bessy, anong masasabi mo sa sinabi ni Lor?"*

*Nagulat ako sa tanong niya, "B-bat ako nasali?" Kaagad kong sabi.*

*They both shrugged their shoulders. "Wala lang. Nagtanungan lang din naman tayo eh." Manilyn answered.*

*Huminga ako ng malalim. "I-I don't care, r-really." Sabi ko ng mabilis.*

*Napansin kong napabuntong-hininga sila parehas. "Uhm, iniiwasan ka ni Lor, 'di ba?"*

*Nanglaki ang mata ko sa sinabi nila. "Anong ibig niyong sabihin?" Sabi ko sa kanila.*

*"Nothing. We just noticed that thing, 2 weeks na rin ata 'di ba?"*

*“E-ewan ko.” Sabi ko sabay napatungo. “Bakit niyo ba natanong?”*

*Pareho silang pumunta sa harap ko at saka tumitig sa mata ko, “You sure you really don’t want to know kung anong isinagot niya sa amin kung crush ka ba niya?”*

*I know that look. That look na nagsasabing, ‘alam na alam ko, ang tinutukoy nila.’ Na lalong parang ‘alam nila ang nangyari sa hospital kahit hindi ako nagsasalita sa kanila.’*

*Umiwas ako ng tingin. “N-no. Ayoko ng marinig. And ayoko ng pag-usapan pang muli.” Sagot ko at saka ko naglakad ng mabilis.*

*But before ako nakalayo sa kanila, I heard them say again. “Lor really make this so complicated.” Christine said.*

*“Really complicated.” Na dinugtungan naman ni Manilyn.*

*[End of Flashback]*

Umiwas ako ng tingin sa kanya dahil para na kaming tanga na kanina pa nagtititigan dito. Pinakiramdaman ko ang sarili ko, hindi ako mapakali.

I know, I know that there’s a strange feeling inside of me.

Nagulat ako ng hawakan ni Carl ang kamay ko, kaagad ko naman itong binawi. “Ah, sorry.” Narinig kong sabi niya. “Napansin ko kasing hindi ka mapakali, hinawakan ko lang iyong kamay mo para kumalma ka.”

Napatango naman ako, saka humugot ng malalim na hininga. “Ah, sorry. Nabigla lang.” Sagot ko rin naman.

“Okay lang.” Sabi niya sabay ngiti sa akin. Napatungo ako at muling tumingin sa iba, pero muli lang akong napatingin kay Lor, na ngayon eh kasama na iyong pamangkin niyang si Harris at nakakandong sa kanya.

“Guys! Doon na raw tayong lahat sa stage! I-a-announce na raw iyong winner!” Sigaw ni Janeth sa aming lahat.

I heard my groupmates gasped. Ganoon din ang ginawa ko. “Ang grades natin sa fourth quarter, dito talaga nakasalalay! Sana manalo tayo!”

Pumunta naman na kaming buong section sa stage. Pumunta na rin iyong English teacher namin na si Ma’am Cruz dahil siya iyong mag-a-annouce noong panalo. Kami namang magkaka-grupo eh bumilog at saka naghawak-hawak ng kamay. Ni hindi ko na nga alam kung sino ang katabi ko dahil ramdam ko ang malakas na tibok ng puso ko sa kaba at saka pumikit na rin ako.

“I’ll announce one winner. Alam ko namang alam niyo na lahat iyon. And, iyong tatawagin ko na lamang ay iyong kung sinong panalong group. Alam kong big deal sa inyong lahat itong 4$^{th}$ year, and I’m proud of you because you guys did very well. So here it is, the winner is….”

"Group 3!"

Minulat ko ang mata ko at nanglaki ang mata ko sa narinig. At saka na ako nagtatalon-talon. "Oh my, we won. We won. We won!" I exclaimed. "Omygosh, we won!"

At dahil may katabi ako, natural lang sa reflex ko na yumakap sa taong iyon. But before I could actually embrace that person, nagulat na lang ako ng may niyakap itong iba.

Naramdaman ko namang may yumakap din sa akin, and it's Carl. "Congrats to our group!" Narinig ko pang sabi nito.

Then, I just realized, si Lor pala iyong akma kong yayakapin.

*Pero yumakap sa iba..*

---

*REVISED: January 5, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 14- Volleyball

I nudge Christine na busy-ng busy sa harap ng computer. Hindi naman niya ako pinansin, so I nudged her again. Pero nainis na ako at lahat-lahat, ni hindi pa rin ako nilingon. So I left with only one choice, inikot ko iyong swivel chair niya.

“What the he--” Kaagad naman niyang angil pero mabuti na lamang at natakpan ko ang bibig niya.

“Hey, don’t shout!” Bulong ko sa kanya.

She glared at me. “Bakit ba?”

Luminga naman ako sa paligid. Hindi naman nakatingin si Ma’am sa amin. “Pakopya ako! Kanina ka pa dyan ah! Nagfa-facebook ka na lang diyan eh!”

“Adik ka ba?  Nagfa-facebook ako kasi iyong sagot hindi pa dumarating sa akin!”

“Eh kung kalabitin mo rin kaya si Manilyn nang dumating sa iyo iyong sagot? Hindi lang ikaw ang naghihintay ng sagot nila ano. After mo, ako pa. After ko, may iba pa. Kaya bilisan mo!”

“Kapag nahuli ka ni Ma’am! Sige ka! Nakaharap ka pa kasi talaga sa akin!”

Napangisi naman ako sa sinabi niya. “Wow, hiyang-hiya naman ako sa nagfafacebook ‘di ba? Don’t worry bessy, kapag nahuli ako, isusumbong kita.” Sabi ko sabay kindat sa kanya.

Inirapan naman niya ako but she did what I told to her. Narinig ko pa ang sinabi nito kay Manilyn dahil katabi ko naman sila. “Pandak, iyong sagot. Bilisan mo!”

Tumingin naman sa kanya si Manilyn. “Maka-pandak ka! Maliit ka rin naman ah!”

“Pero hindi parin maikakaila na mas maliit ka sa akin!”

“Ilang inch lang naman!”

Napakamot na ako sa ulo ko dahil parang alam ko na ang mangyayari sa kanilang dalawa. Tinitigan ko na lamang iyong nasa harap kong screen, siguro kahit maglupasay ako at mag-iiyak ay walang lalabas na sagot ditto. Lalung-lalo na, na kahit umiyak ako ng dugo ay hinding-hindi ko ito masasagutan.

Kaya nilingon ko na lamang iyong katabi ko nang sumakit ang ulo ko. “Sam, may sagot ka na ba?” Bulong ko sa kanya pero nakaharap sa desktop, mahirap na, baka mahalata kami ng teacher namin.

Para-paraan din ‘pag may time.

“Wala pa nga eh. Wala pa ring sagot iyong katabi ko. Ikaw ba?”

“Wala pa rin. Nakakainis naman kasi iyang si Ma’am eh! Porket badtrip sa kabilang section eh dinadamay tayo. Magpapagawa pa ng seatwork na hindi pa niya tinuturo!” Sagot ko pa.

Magsasalita na sana si Sam ng maramdaman ko ang kalabit ni Christine sa akin. “Ace, bilisan mong kumopya. Nakakopya na ako.”

Napangiti ako. Wala pa rin pala akong dapat ikainis, dahil kahit nadamay kami sa kabwisitan ni Ma’am, kahit hindi niya ito naituro, nakahanap pa rin kami ng paraan para makapagkopyahan.

Kaming lahat, kaming magkakaklase.

Really, this is one of the things that I would definitely miss once I graduated from high school. And speaking of which, ilang buwan na lang pala.

*Hayy.*

---

“May mali pala doon sa kinopya ko kanina kay Carl.” Narinig kong walang buhay na sabi ni Manilyn sa tabi ko habang nagpapalit ng jogging pants for our P.E Subject.

Kaagad namang nanglaki ang mata ko. “Edi, mali na tayong lahat simula sa iyo?”

Napakamot ito sa ulo. “Eh kasi nga hindi ko napansin iyong decimal point niya. Huli na noong napansin ko.”

“Hala kang bata ka. Mahahalata tayo niyan.” Sabi ko naman.

Lumapit naman sa amin si Christine na tapos nang magpalit ng t-shirt. “What with that faces? Anong nangyari?”

Sumandal naman ako sa pinto. “Mali iyong kopya natin sa seatwork kanina. Nagkamali ng tingin sa Manilyn.”

Napansin kong ngumisi sa amin si Christine. “Sus, iyon lang ba ang problema niyo?”

Napatingin naman kami pareho rito. “Nagawan na ng paraan ng classmate natin iyon. Actually, iyong sa iyo Ace ang nakita niya sa una. Then napansin niyang lahat nga mali na ng sagot. Pero dahil sa kanya pinapapasa, pinalitan niya muna bago ibigay kay Ma’am. So galing right?”

For the second time around, nanlaki ang mata ko.  “Kay, kay Lor pinapasa ang gawa natin ‘di ba?”

“Yups, yups, yups.” Sagot sa akin ni Christine na ginagaya iyong mga aso sa may baba ng windshield ng kotse. Iyong tumatango-tango.

Napansin kong ngumiti si Manilyn sa akin. “Ohh, how sweet of him. Ano?”

Napakurap naman ako sa sinabi nila. Kaagad akong naging defensive. “Hoy, ano bang sinasabi niyo? Anong how sweet of him? Sakin? Ohh, you guys must be dreaming.”

Tinapik naman ako noong dalawa sa balikat. “We’re talking about him, being generous at us. Or we must say, for us whom his classmates.”

Lalong ngumisi sa akin si Christine. “But, nice try Ace. I’m gonna think of him as sweet at you too.”

Nalaglag naman ang panga ko habang pinapanood silang palayo sakin. I saw them giving high-five to each other nang kapwa sila makalayo sa akin.

Napailing ako, now Ace, tell me who’s dreaming right now?

Sumunod na rin naman ako sa kanila at umupo ako sa may bleachers kung saan nakaupo iyong dalawa kong bestfriends.

“Sino ang maglalaro ngayon?” Tanong ko doon sa dalawa.

“Iyong mga boys daw muna. Nahati na pala sila kanina sa dalawa habang nagbibihis tayo. Kaya hayan, nasa tig-kabilang side iyong dalawang grupo. Maglalaro na ata.”

“Eh tayo?” Tanong ko ulit.

“Pagkatapos daw ng boys.” Napatango na lamang ako.

Nang medyo nakaramdam ako ng uhaw dahil medyo matagal na rin kaming nanonood sa paglalaro ng mga boys eh inaya kong mag-cafeteria iyong dalawa para bumili ng drinks. Saktong pagtayo ko eh saktong pagtayo rin ni Christine kaya nahila niya iyong sintas ng rubber shoes ko. “Oww, sorry best.” Sabi nito sakin. Tumango na lang ako, hindi naman kasi big deal eh.

“Doon lang kami sa may gilid ah? Hihintayin ka namin.” Sabi naman ni Manilyn. Tumango na lamang ulit ako.

Yumuko naman ako para ayusin iyong sintas ng sapatos ko. Pinagpagan ko pa nga eh, pang-inis iyong rubber shoes ni Christine, madumi pala.Kaya hayan, naging big deal na tuloy sa akin. “Hoy Christine, narumihan pala iyo-----“ Pero kasabay ng pagsigaw kong iyon ay ang sabay na sigaw noong dalawa kong bestfriend na nagsasabing “Iyong bola Aceee! Ilaaaag!”

Napakunot ang noo ko pero bago pa ako makapihit paharap sa kanila ay naramdaman ko na iyong tama noong bola sa akin. At naramdaman ko na rin iyong pagkaupo ko dahil malakas din ang impact noong tama ng bola sa akin.

“Ahhh.” Daing ko nang maramdaman ko iyong kirot sa kuko ko. Nakita kong nagdudugo ito at may maliit na cut. Ipinantukod ko kasi iyon para hindi sumobsob ang mukha ko sa lupa. Eh nagkataong mabato ang pwesto ko at hindi semento ang daan hindi katulad sa may mismong covered court.

“Ace! Okay kalang?” Kaagad na dalo noong dalawa kong bestfriend kasabay ng paglapit sa akin ng iba kong classmates.

Napangiwi pa ako bago nagsalita. “Sino iyong bumato?” Tanong ko.

“Si Lor.” Sagot naman ni Manilyn.

Tumingin ako kay Lor. Nakatingin din naman siya sa akin pero hindi siya lumalapit.

Nakaramdam ako ng tapik sa balikat ko. “Ace, gusto mo magpunta sa clinic?” Tanong sa akin ni Carl, nag-aalala ang mukha nito.

*Buti pa siya.*

Napatingin ulit ako kay Lor. He’s still looking at me.

Nakaramdam ulit ako ng tapik sa balikat ko. And now, iyong dalawa ko ng kaibigan ang tumatapik sa akin. “Ace, tara na. kailangan mong pumunta ng clinic para magamot iyang sugat mo.” Tumango ako, at saka tumayo.

Inalalayan naman ako ni Carl. Nasa tabi ko naman iyong dalawa kong bestfriends.

For the last time around, I look at him again.

But I just saw him; he just looked at me and his eyes are telling that as if he didn’t hurt me. Then,,

*He walked away from me.*

Kasabay noon ang pakiramdam kong parang may tumusok sa may bandang dibdib ko.

---

*REVISED: February 2, 2014*

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 15- I…What?

Seriously, what’s wrong with me? Really, I’m hurt physically. But how come na mas nangingibabaw iyong sakit emotionally? What’s wrong with me?

“Ah-a-aray.” Daing ko naman sabay bawi ng kamay ko sa pagkakahawak ni Nurse Adora. Noon ko lang kasi naramdamaniyong hapdi. Pero kinuha lang niya ulit ito.

Ngumiwi naman sa akin iyong dalawa kong bestfriend. “Iyong totoo Ace? Alam mo bang kanina pa kami nakatingin dyan sa ginagamot sa iyo? And seriously, feen na feel namin iyong sakit tapos ikaw ngayon mo lang naramdaman?” Reklamo sa akin ni Christine.

“Aba, malay ko. Ngayon ko lang naramdaman iyong sakit eh.” Sagot ko.

“Panigurado, hindi mo rin napansin na nakaalis na si Carl kanina pa.”

Saka naman ako napalingon sa paligid. “Umalis na siya?”

Napatampal naman iyong dalawa sa kanilang noo. “Sabi ko na nga ba.”

“Saan ba lumilipad ang utak mo?”

“W-wala. Basta, hindi ko lang naramdaman na nakaalis na si Carl.” Sagot ko naman.

“Aba, naging manhid ka ata.”

Napatingin ako kay Manilyn. Bakit noong banggitin niya iyon, pakiramdam ko, bumalik na naman iyong naramdaman ko kanina?

Napailing ako. Argh. Ayoko ng pakiramdam na ito.

“Kasalanan mo ito Christine eh!” Sisi naman ni Manilyn kay Christine.

“Ako na naman! Kanina mo pa ako sinisisi ah! Hindi ko naman kasalanan na siya iyong tinamaan ng bola! ‘Di ba nga nakita mo pang muntik ko ng sugurin si Lor? Ba’t ako sinisisi mo?”

Pumagitna naman ako sa kanila. “Wala namang may kasalanan. Huwag na kayong mag-away na dalawa.”

Totoo naman kasi. Wala namang may gusto noong nangyari eh.

Eh ang kaso, hindi nagpaawat si Manilyn. “Eh kasi naman! Kung hindi niya natapakan ang sintas mo hindi ka naman matatamaan ng bola eh!” Sabi ulit ni Manilyn with matching turo kay Christine.

Tumingin sa akin bigla si Christine. Nanglaki ang mata ko sa nakita ko. “Edi ako na may kasalanan! I’m sorry Ace.” Tumingin ito kay Manilyn, “Nakakainis ka na.” Sabi nito sabay labas ng pintuan ng Clinic.

“Hala, hanyare. Umiiyak iyon, nakita ko.” Sabi ko maya-maya nang makahuma na ako sa nangyari.

Tumingin sa akin si Manilyn at nanatiling nakatayo sa kinatatayuan nito. “Sumobra na ba ako sa pagsasalita?” Mabagal nitong pagkakasabi.

Magsasalita na sana ako nang sumingit sa amin si Nurse Alora. “Minsan kasi, hindi porket matagal na kayong magkakaibigan ay tatanggapin na lamang ng bawat isa ang bawat negatibong sinasabi niyo sa kanila. Mahirap kasing masisi kung hindi mo naman sinasadya ang nangyari. At saka minsan, sa sobrang palagay natin sa isang tao sa pagsasabi ng kung anu-ano, hindi natin naiisip na minsan sumosobra na tayo.” Sabi nito saka tumingin kay Manilyn.

Huminga ito ng malalim, “Eh sa tingin niyo po? Galit sa akin iyon?”

This time, ako na iyong sumingit. “Ofcourse not. Nagtatampo lang iyon. Sundan mo na siya and say sorry to her.” Sabi ko.

Tumango naman sa akin si Manilyn at saka ngumiti. “Okay. Babalikan ka namin ditto mamaya ha? Mabilis lang ito, hahabulin ko lang si Christine.”

“At dapat, magkabati na kayo pagbalik niyo.”

Tumango siya sa akin at saka ngumisi. “Naman! Aba, mami-miss ako ‘nun kapag hindi iyon nakipagbati sa akin.” Sagot pa niya sa akin bago lumabas ng Clinic.

“Yabang!” Sigaw ko pa. Pero narinig ko na lang iyong pagtawa niya kasabay na ng pagkawala niya sa paningin ko.

Tumingin naman sa akin si Nurse pagkatapos niyang lagyan ng bandage ang daliri ko, “Ang cool niyong magbebestfriends ‘no?”

Napatingin ako sa kanya. “Bakit niyo naman po nasabi?”

“Wala lang. Iyong iba kasi, porket alam na nakagalit iyong isa ay gagatungan pa. Ikaw, pinayuhan mo pa si Manilyn na makipag-ayos kay Christine.”

Napakunot ang noo ko. “Ganoon naman po talaga ang magka-kaibigan hindi ba? Kapag nagkaaway, dapat pag-usapan kaagad para hindi na lumala.”

“Kaya nga natutuwa ako sa inyong tatlo. Because you know what? It did happened to me. College days ko iyon noong magkaroon ako ng conflict sa mga high school friends ko. Hindi ako nagsalita para hindi lumala. Hindi ko naman alam na dahil hindi ako nagsalita eh inisip nila na wala na akong pakielam sa kanila. Kaya hayun, until today, wala akong communication sa kanila.”

Nalungkot naman ako sa sinabi ni Nurse Alora. “Nami-miss niyo po ba sila?”

Ngumiti siya sa akin. “How can you forget your greatest friends? Kung hindi ko sila nami-miss, parang sinabi ko na rin na right after ako gumraduate ng Elementary, lumundag na agad ako sa College, I entirely miss half of my life by doing that thing.”

Hindi ko ma-explain iyong nararamdaman ko nang matapos siya magkwento. “Sa tingin niyo po ba, magiging cool pa rin kami kahit mag-college na kami?” Tanong ko. Na-curious na rin ako at the same time. Syempre, kahit sino namang magkakaibigan iyan, hindi gustong mangyari iyong nangyari kay Nurse Alora. Hindi gugustuhin ng kahit na sino na magkasira sila ng mga ‘greatest friends’ nila.

And besides, alam ko na kasi ang mga course na kukunin ng mga kaibigan ko sa College. And sad to say, magkakahiwalay na kami roon. Thinking that our friendship could be like what happened to the friends of Nurse Alora, parang, parang hindi ko kaya.

“Communication and trust. Busy kasi ang College, sometimes, mangyayari sa inyo na once a month kayo magkikita-kita. Or maybe wala pa nga. Sa ganoon, dapat may tiwala kayo sa isa’t-isa. Na kahit magkaroon man kayo ng miscommunication at misunderstanding, may tiwala pa rin kayo sa isa’t-isa.”

Napatahimik ako. Kung hindi pa nga ako tapikin ni Nurse eh hindi ko mapapansin na lumilipad na naman ang utak ko. “Hey, don’t overthink of it. It did happened to me, but that doesn’t mean it could happen to you too. Or to everyone.”

Doon na ako napangiti. Yes, Nurse Alora is right. Hindi dahil alam mo na ang ending sa ibang tao, hindi kinakailangan na ulitin mo ito. “And, may bisita ka nga pala.” Sabi niya sa akin.

“Iyon po bang dalawa? Ang bilis naman nilang magkaayos.” Excited kong sabi.

“It’s not them.” Kumunot ang noo ko.

“Si Carl po?”

“Hindi rin. Sabi niya kasi kanina noong umalis siya rito ay hindi na siya makakabalik dahil may gagawin daw siyang importante.”

Napatango na lamang ako. “Eh sino po?”

“Actually it’s Lor. I don’t know kung tama ba iyong nasabi kong pangalan basta siya iyong bagong student. Iwanan ko muna kayo rito ah? Balikan ko na lang kayo mamaya. Lalabas lang ako at kakain sa cafeteria. Nagugutom na kasi ako, don’t worry, mabilis lang ito.”

Bago pa ako makahuma para pigilang umalis si Nurse eh wala na siya. Napatingin na lamang ako sa lakaking pumalit sa kanya na pumasok dito.

Umupo ito sa upuang nasa gilid ng kamang kinauupuan ko. I heard him sigh, then sigh again. And then sigh again. “M-may, sasabihin ka ba?” tanong ko naman sa kanya.

He looked at me. Nagulat naman ako doon kaya napaatras ako bigla. “I-I’m sorry.”

Bumilis ang tibok ng puso ko. “W-what?”

“Basta, I’m sorry.”

Umiwas ako ng tingin. Ramdam ko na kasing namumula ang mukha ko. “A-ah, that’s okay. Ayos na rin naman ako. Pero salamat na rin. Salamat na rin sa pagbisita mo rito.”

*“Actually, inutusan lang ako ni Manilyn na pumunta at mag-sorry sa iyo.”*

May naramdaman akong mabilis na mainit na likido sa gilid ng mata ko pagkatapos niyang sabihin iyon kaya umiwas ako sa kanya ng tingin. “Sige, mauna na ako.”

Nang makalabas siya ay saka ko naramdaman ang pagtulo ng likidong iyon kasabay ng malakas pa ring dagundong na nanggagaling sa may dibdib ko. Nagulat ako sa nangyari, pero pinahid ko naman iyong luhang lumabas sa mata ko.

Wait, luha? Bakit? Umiiyak ba ako?

“Nakakainis ka na.” Bulong ko. Ni hindi ko alam kung ano ang pinapatungkulan ko. Siya ba, o iyong nararamdaman ko.

Muling tumulo iyong luha ko. Napatakip na lamang ako ng mukha habang hinahayaan na dumaloy iyong mga luha sa mata ko.

Dahil sa nangyaring ito, ngayon ko natuklasan kung bakit ako ilang linggo ng ganito.

Nakabuo na ako ng isang conclusion.

“Ang tanga-tanga mo Ace. Ang daming beses ka na niyang iniwasan. Ang daming beses ka na niyang pinagmukhang tanga. Pero bakit, bakit siya pa iyong nagustuhan mo? Bakit, bakit si Lor pa iyong nagustuhan mo?”

“Gusto mo siya?” Pagkarinig ko ‘nun ay bigla akong napatingin sa may pintuan ng Clinic.

And there, I saw them. My two bestfriends standing beside the door. Looking at me intently.

“Gusto mo siya?” Sukat pagkarinig nito muli, lumakas na naman ang tibok ng puso ko.

--

*REVISED: February 03, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 16- Choice

Nanlalata akong tumingin sa relo ko, at nang makita kong 1 minute to go ay uwian na ay saka ako na-energized. Nagcountdown pa nga ako hanggang sa marinig ko iyong bell na pahiwatig na tapos na iyong klase. Nagsalita na rin iyong teacher namin. “Oh, class I’ll remind you about your project to be passed tomorrow okay? Class dismissed.”

Inayos ko iyong gamit ko at inilagay sa bag. Pagkatapos ay hinarap ko iyong dalawa kong bestfriends. “Tara na?” Aya ko sa kanila.

“Uhh, oo tara na. Pero hindi mo kami kasabay.”

Kumunot naman ang noo ko sa sinabi ni Manilyn. “Nagpaalam kasi sa amin si Carl na kung pwede raw ba na sabay kayong umuwi. Pumayag kami so hayan, kayo ang sabay.” Paliwanag naman ni Christine.

Napatango na lamang ako. “Ohh. Okay. Edi mauuna na kayo?”

“Yups.”

Binitbit nila iyong bag nila, bago sila tuluyang umalis eh hinarap pa nila ako. “Ace, we just want to remind you na nililigawan ka ni Carl. At alam naman nating tatlo na hanggang ngayon ay hindi mo pa rin siya gusto. May gusto kang iba. Sana lang, huwag mo ng paasahin iyong tao okay?”

“Don’t worry. Humahanap na lang naman ako ng tiyempo para sabihin sa kanya iyon eh.” Sabi ko pa bago sila tuluyang umalis.

Maya-maya naman ay nilapitan ako ni Carl. Nagpaalam pa kasi ito sa barkada niyang sila Alvin at Alex. Kinantyawan pa nga nila ito nang makitang papalapit siya sa akin. Pagkatapos ay sabay na kaming lumabas ng room para ihatid ako sa amin.

“Bakit ba ayaw mong dalhin ko iyong bag mo?” Tanong niya sa akin.

Napangiti ako. “Tao ka kasi. Hindi ka sampayan.”

Tumawa siya sa sinabi ko. “Point taken. But still, ‘di ba iyong iba pa nga eh halos makuba na iyong lalaki dahil sa dami ng pinapabitbit sa kanila noong babae?”

“Maybe you’re right. Lalaki nga ako. Kaming tatlo ng mga bestfriends ko dahil hindi ko hilig gawin iyong ginagawa ng ibang babae.”

“That’s why I like you more. Totoong-totoo ka sa sarili mo.”

Napatawa ako sa sinabi niya. “Bolero ka talaga.”

“But seriously speaking, hindi naman sa nagmamadali ako ah.” I heard him inhaled deeply.

Lumingon ako sa kanya. “Ano ba iyon?”

“Hindi naman sa nagmamadali ako, alam mo namang kaya kong maghintay eh.”

Napakamot na ako sa ulo ko sabay natatawa. “Ano nga?”

“May pag-asa ba ako sa iyo?”

That made me speechless.

"Uyy, ano Ace. Hindi naman kita pinepressure. Sige huwag mo na lamang pansinin iyong sinabi ko."

Lilingon na sana ako sa kanya nang may mahagip ang paningin ko. It's Lor. Naramdaman ko na naman ang pamilyar na saking mabilis na tibok ng puso ko.

Huminga ako ng malalim. "O-okay ka lang?" Tanong sa akin ni Carl.

Tumango naman ako sa kanya. "Sorry ha? Na-pressure ata kita." Hindi naman ako nakasagot sa sinabi niya.

Tahimik naman kaming naglakad. Dahil sa katahimikang iyon, naalala ko iyong pinag-usapan naming noon sa Clinic kasama ng mga bestfriends ko.

*[Flashback]*

*"Ang tanga-tanga mo Ace. Ang daming beses ka na niyang iniwasan. Ang daming beses ka na niyang pinagmukhang tanga. Pero bakit, bakit siya pa iyong nagustuhan mo? Bakit, bakit si Lor pa iyong nagustuhan mo?"*

*"Gusto mo siya?" Pagkarinig ko 'nun ay bigla akong napatingin sa may pintuan ng Clinic.*

*And there, I saw them. My two bestfriends standing beside the door. Looking at me intently.*

*"Gusto mo siya?" Sukat pagkarinig nito muli, lumakas na naman ang tibok ng puso ko.*

*"A-ah, s-sinong gusto ko?"*

*Lumapit sa akin iyong dalawa at umupo sa kama. "We heard it clearly Ace."*

*Pinahiran naman ni Christine iyong luha na nasa pisngi ko. "You like Lor?"*

*Napabuntong-hininga na ako. Ano pang sense ng pagtatago kung alam na nila 'di ba?*

*"I-i like him. Na-narealize ko lang kanina nang magpunta siya rito. Narealize ko ng maramdaman ko muli iyong paulit-ulit na nararamdaman ko kapag nakikita ko siya. Na-realize ko kung kailan masyado ng masakit iyong nararamdaman ko para sa kanya."*

*"Eh bakit umiiyak ka kanina?"*

*Huminga ako ng malalim. "Nagulat ako ng sabihin ni Nurse Alora na nandito siya. He went here to say sorry. I told him n-naman na it's okay, nag-thank you rin ako sa k-kanya dahil nagpunta siya rito. Bu-but.." Pigil kong salita. "But he said na inutusan mo lang daw siya Manilyn na mag-sorry sa akin." Tumulo na naman iyong luha ko.*

*"I'm sorry Ace. Yes, I told him to say sorry to you. Pero, pero hindi ko naman alam na gagawin niya ito. Hindi ko alam na, sasabihin niya ang mga ito."*

*"You know what guys? Ang tanga-tanga ko eh. Nagmanhid-manhiran ako na wala lang iyong pambabalewala niya sa akin. Na wala lang iyong mga hindi niya pagpansin sa akin. Binalewala ko kasi,," Napasinghap ako. "Gusto ko na pala siya."*

*"He likes you, right? And alam mo ring iniiwasan ka niya."*

*Tumingin ako kay Manilyn at saka tumango. "Alam ko. And thank you guys na kahit alam niyong alam ko na ay hinayaan niyo ako. Hinintay niyo akong magsalita."*

*"Ano namang plano mo?"*

*Nagkibit-balikat ako. "Ewan ko. G-gusto ko lang naman siya, hindi ko naman siya m-mahal. Mawawala rin naman ito. Mawawala rin ito, malay niyo bukas wala na ito."*

*"Eh kay Carl? Anong plano mo?"*

*Huminga ako ng malalim at saka muling pinunasan iyong luha ko. "Madali naman ata siyang magustuhan eh. Siguro kikilalanin ko muna siyang mabuti, baka magustuhan ko pa siya."*

*Tumingin sa akin ng mabuti iyong dalawa. "Basta, huwag mo siyang gawing rebound ha? Huwag mong hanapin sa kanya iyong hinahanap mo kay Lor. Kapag alam mong hindi mo pa rin siya gusto, gawin mo na iyong tama okay?"*

*Tumango ako sa kanila. "Basta, thank you guys."*

*They both nodded. And then, we group hug.*

*[End of Flashback]*

Tumungo ako at saka ko natanaw iyong bahay namin. Hindi ko namalayan na sa haba ng inisip ko ay malapit na kami sa bahay namin.

Medyo nag-side view naman ako kay Carl. Nakita kong parang hindi siya mapakali. Napabuntong-hininga ako.

Sa totoo lang. Gwapo naman si Carl. I heard a lot of girls in our Academy have a crush on him. Marami ring nagsasabi sa akin na ang swerte-swerte ko dahil ako iyong niligawan niya.

Pero, feeling ko hindi ako deserving para sa kanya.

Hindi ko siya gusto. Pero kung tutuusin, siya ang pinipili ng utak ko. Kasi alam ko na kapag siya ang pinili ko, hindi na ako masasaktan tulad nang nararamdaman ko kay Lor. Pero naisip ko rin na, kadalasan ang sumusunod sa utak ay hindi nagiging masaya.

Tinimbang ko iyong bawat ugali noong dalawa this past few weeks, pero hindi ko pa rin nagugustuhan si Carl. In fact, mas lalo lang lumalalim iyong pagkagusto ko kay Lor.

Napahinga ako ng mabuti, *ayokong maging unfair kay Carl.*

Tumigil kami sa tapat ng bahay namin. Hinarap ko siya, “Sige Ace, mauna na ako. Pagkapasok mo sa inyo kumain ka ah?”

Ang swerte ko sa kanya, pero pakiramdam ko, hindi siya magiging swerte sa akin.

Tumalikod naman na siya sa akin. Hinigpitan ko iyong pagkakahawak sa strap ng bag ko at halos pikit-matang tinawag siya. Lumingon naman siya sa akin at lumapit muli. “I-I’m, I’m sorry Carl.”

Napansin kong nabigla siya, pero kaagad ding napakamot siya sa ulo. “Alam ko ng mangyayari ito eh. Alam ko namang may gusto kang iba.” Napansin ko ang malungkot na boses niya, pero kasabay noon ang pagkagulat ko sa sinabi niya. “Alam kong gusto mo si Lor, pero pinilit ko pa rin ang sarili ko sa iyo. Pero huwag kang mag-alala Ace, hindi ko naman sasabihin sa kanya eh. Pangako, walang makakalabas na kahit ano mula sa akin.”

Napayuko ako. “I’m really sorry Carl.”

“Don’t be sorry Ace. Hindi mo naman kasalanan na hindi mo ako gusto eh. But, we can still be friends right? Tutal, magkaibigan naman talaga tayo bago ako umamin sa iyo.”

Napatingala ako sa kanya. He’s now smiling. I admire him for being like this, “Ofcourse, Carl.”

“Can I hug you?” Ako na iyong lumapit sa kanya para yakapin siya.

“Thank you Carl.”

Hinaplos niya iyong buhok ko. “No, thank you Ace.”

Napangiti ako. Atleast, lumuwag na kahit papaano iyong nararamdaman ko.

---

*REVISED: February 03, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 17- The hell!

Bubuksan ko na sana iyong lock sa loob ng cubicle when I heard someone shout, “Girl bilis! May nag-aaway daw ngayon sa may court! Parehong 4th year, section 1!”

Nanglaki naman ang mata ko sa narinig. It was someone from our section! Lalo kong inilapit iyong tenga ko sa may pintuan para marinig ang sinasabi nila. “Wait lang girl! Sino ba iyong nag-aaway?”

“I heard it’s Carl, and iyong bagong student! Lor ata iyong name! I don’t know! Basta, bilisan mo! We need to see the action!”

Lalo pang nanglaki ang mata ko sa narinig. Kasabay noon ang marahas kong pagbukas ng pintuan sa cubicle at pagmamadaling tumakbo papunta sa court. Nakita ko pa ang nag-aalalang mga mukha nila Christine and Manilyn habang nakatingin sa akin dahil sila ang kasama ko sa loob ng C.R pero hindi ko na iyon pinansin pa at basta na lamang ako tumakbo. Hindi ko na nga naabutan pa iyong dalawang nag-uusap, maybe they’re already there.

“Wait Ace! Wait for us!” I heard my two bestfriends shouted at me. Pero wala na akong pinansin.

Mabilis ang tibok ng puso ko. I don’t want to think of something else, pero bakit naman mag-aaway sila Carl and Lor?

Could it probably because of me?

I mentally pray that I'm wrong. Also, I mentally pray that what I heard a while ago was not true.

Dali-dali akong nakisiksik sa mga kapwa ko student na pare-prehong nais makita kung anong mayroon sa loob ng court. When I finally entered the commotion, I saw Lor lying down the floor.

I gasped.

I look at Carl, he's breathing so fast. "Gago ka pre, nanggagago ka na eh. Nagparaya na ako para sa iyo pero sinayang mo pa rin!"

Lor looked at Carl. "I never said you have to let her go! That was bullshit!"

Muli nitong hinawakan si Lor, "Dahil ikaw ang gu----"

"Carl!" I shouted. He immediately looks at me.

I glared at him at saka ako mabilis na pumagitna sa kanila. "Ano sa tingin mo ang ginagawa mo ha?" I said to him. Mabilis na rin ang paghinga ko.

Mabilis na nawala ang pagkunot ng noo nito at napalitan ng maamong tingin sa akin. "A-ace, I'im sorry." That's all what he can say.

"Bakit ganito? Bakit mo ginagawa ito? You said you would never say anything right?!"

“Bu-but Ace—“

“Enough Carl.” I glared at him again.

Nilapitan ko naman si Lor. Akma ko na sana siyang aalalayan para makatayo nang bigla siyang magsalita. “Kaya ko na ito. Huwag ka ng lumapit.” Nagulat ako and at the same time ay nasaktan sa sinabi niya. His voice was cold. *Really cold.*

Automatic na tumulo iyong luha ko.

Nakita niyang tumulo iyong luha ko, pero nag-iwas lang siya ng tingin.

Hindi man niya direktang sinasabi, gusto niya akong umalis. Gusto niya akong itaboy.

Pero nilunok ko iyong pride ko. Nilunok ko dahil kailangan. Kailangan kasi... “Hindi. Kasi, may sugat ka. Kailangan mong madala sa Clinic.” Sabi ko sabay hawak sa braso niya.

Nakita kong huminga siya ng malalim. “Ako na lang ang pupunta sa Clinic.” Sabi niya sabay marahas na ibinitaw ang kamay kong nakahawak sa kanya at saka siya tumayo. Napatingin ako sa kamay kong inialis niya kasabay ng paghinga ko ng malalim. “I need to..” He inhaled deeply again. *‘let you’* “go.”

I was stunned. I was really stunned. Pero bago pa ako makagawa ng gagawin ay narinig kong nagsalita si Carl. “Tarantado ka Lor!” lalapitan na sana niya ito nang may biglang pumailanlang na malakas na boses.

“Stop, both of you!” I don’t need to look for that someone because the voice was very familiar to me.

It was the guidance councilor. Who is unfortunately, my father.

Bago pa ako ulit ako makaramdam sa nangyayari ay nakita ko nang malayo sila Carl and Lor sakin habang kasama ni Papa. Naramdaman ko na lang din ang pagyakap sa akin noong dalawa kong kaibigan habang nararamdaman ko…

Ang patuloy na pag-agos ng mga luha ko.

---

“Bessy, sigurado ka? Ayaw mo pang umuwi?”

Umiling ako sa kanila habang nakatungo. “Ayoko pa. Dito na lamang muna ako.”

Umupo naman sila sa tabi ko. “Well, edi sasamahan ka namin dito.”

Umiling na naman ako sa kanila. “No. Mauna na kayo. Please, gusto ko lang mapag-isa.”

“But—” Napansin kong pinigilan ni Manilyn na magsalita si Christine. “Mauuna na kami. Just don’t hesitate to call us when something happens okay?”

Tumango na lamang ako.

Nagpalipas pa muli ako ng isang oras bago ko tingnan muli ang relo ko. It was already 4 in the afternoon. 7 hours ago nang mangyari iyong kaninang umaga. Tumayo ako at saka pinagpag ang palda ko, 3 o'clock ang uwian ng lahat dito sa Academy. Siguro naman ay wala na akong daratnan sa roon namin para kuhanin iyong bag kong naiwan doon. And besides, maagang na-dismiss ang klase namin. Ofcourse, mayroon pang ibang students dito, but I hope ay wala na ang mga classmates ko.

Binuksan ko iyong pintuan ng room namin, sumalubong sa akin iyong malamig na pakiramdam. Napakunot tuloy ang noo ko, dapat kasi ay patay na ang aircon dahil wala ng tao sa ganitong oras. Kaya naman iginala ko iyong paningin ko at nagulat ako sa nadatnan ko.

He's here. He's still here. Si Lor. And he was silently sleeping at the back.

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko. Nakakainis, bakit ba ganito palagi ito kapag nakikita ko siya? Hindi ba pwedeng maging normal lang ang heartbeat nito?

I sighed. Pagkatapos ay naglakad na ako papunta sa upuan ko para kuhanin ang bag ko. Palabas na sana ako nang bigla namang bumukas ang pintuan.

Nanglaki ang mata ko, it was my guy classmates. Barkada sila compose of 6 persons, na apparently is ka-grupo ni Lor. "Oh Ace, kukunin mo na pala iyong bag mo? We thought na iniwanan mo talaga iyan." Sabi ni Matthew.

"A-ah. Oo, nakalimutan ko lang kasing kunin." Sagot ko naman.

"He's still sleeping huh?" Narinig ko namang sabi ni Mark.

"K-kanina pa ba siya rito? Kanina pa siya natutulog ditto?" Tanong ko naman sa kanila.

“Yups. Kanina pa siya rito, to think na nagbasketball pa kaming lahat kanina after class pero pagbalik namin ay nandito pa rin siya. Hinayaan na lamang nga namin dahil sa may nangyari nga kaninang umaga.” Sagot naman ni Edmon.

Napatango na lamang ako. Akma ko na sana silang lalagpasan ng hinarangan naman nila akong lima. “You know what Ace? Lor told us na mayroon siyang nagugustuhan ditto sa loob ng classroom natin.” Napalunok ako, hindi ko alam kung saan tatakbo ang usapan naming ito. “Kahit anong pilit naming alamin kung sino, he doesn’t want to tell it to us.” Brix said.

“Masyado raw kasing kumplikado. We don’t know what he’s talking about pero basta ang sabi niya sa amin ay humahanap pa siya ng tyempo na sabihin ito sa amin.” Sagot naman ni Geoff.

Npaatras naman ako sa kanila, “What are you guys talking about?”

Pero mukhang hindi nila ako pinansin. “Pinilit namin siya nang pinilit, hanggang sa magsawa siya sa pagmumukha namin kaya nagsabi na lamang siya ng clue.” Pagkatapos nilang sabihin ito ay nagsipag-tawanan sila.

Napaangat ako ng ulo. Nakita ko iyong pagngisi nilang lima sa akin. “W-what?!” Angil ko naman sa kanila.

“It was one of the group leaders daw sa speech choir.” Nakangising sagot sa akin ni Edmond.

Napaisip ako and I was left with one choice. *It was Manilyn*. She was the group leader of group 2. Sa group 1 naman was Alvin. While in our group was him.

Nanlumo ako upon thinking *who* it was.

Napahinga ako ng malalim sabay iwas ng tingin sa kanila. “N-narinig ko na. Pwede na ba akong umalis?”

Umiling sila sa akin. “No Ace, because we still have one last question to you bago ka umalis.”

Napahigpit  ang kapit ko sa strap ng bag ko. “A-ano iyon?”

“Did you like our friend?” Mas lalo pang nakangising tanong nila sa akin.

Nanglaki ang mata ko at lalong bumilis ang tibok ng puso ko. “A-a-ano bang s-sinasabi niyo g-guys!”

Napatawa silang lahat sa sinagot ko. “Yes or No lang naman ang sagot Ace eh. Hindi mo na kailangang magpaligoy-ligoy pa.”

Napahinga naman na ako ng malalim at saka napalunok. Mukha naman kasing kahit humindi ako ay alam na nila ang totoo. At mukhang lalong iniipit na nila ako para malaman kung totoo ba iyong naiisip nila.

*Ano ba naman iyan Ace, hindi ka na nga gusto noong tao, mas lalo pang ipangangalndakan sa mukha mo.*

*Ang saklap lang.*

Huminga muli ako ng malalim at saka tumingin sa taong nasa likod. “G-gusto ko siya. Pero, p-pero hindi naman niya ako gusto eh.”

It was a moment of silence. Lahat ng limang nasa harapan ko ay biglang tumahimik. But then again, kaagad din akong napasinghap nang biglang itinaas ng taong tinitingnan ko ang ulo nito at biglang tumingin ng diretso sa mga mata ko.

*Eye to eye.*

“W-what the hell.” Bulong ko kasabay ng pagbitaw ko sa bag na hawak ko.

*Kanina pa kaya siya gising?*

--

*REVISED: February 04, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 18- Admitting what?

It was a moment of silence. Lahat ng limang nasa harapan ko ay biglang tumahimik. But then again, kaagad din akong napasinghap nang biglang itinaas ng taong tinitingnan ko ang ulo nito at biglang tumingin ng diretso sa mga mata ko.

*Eye to eye.*

“W-what the hell.” Bulong ko.

Kanina pa kaya siya gising?

Huminga ako ng malalim. "K-kanina ka pa g-gising? A-anong narinig m-mo?"

Tumayo ito nang dahan-dahan habang hindi inaalis ang tingin sa mga mata ko. Hindi ko na nakayanan ang nararamdaman kong malakas na tibok ng puso ko kaya bigla akong tumakbo palabas ng room. Nakadaan ako sa kabila ng limang barkada niya dahil sa tingin ko ay hindi rin nila inaasahan ang ginawa nito.

Tumakbo ako nang tumakbo hanggang sa natagpuan ko ang sarili ko sa may pintuan ng library. Pumasok ako sa loob, nadatnan ko ang ibang students doon na kung walang tutor is kasama ang mga kaibigan nila at nagbabasa roon. Pumunta naman ako sa may dulong parte na hindi masyadong kita ng iba, which is my hide-out dito sa loob ng library. Sumalampak ako doon, pumikit, habang habol ko ang hininga ko.

Ipinangkapa ko iyong kamay ko para kuhanin ang bag ko at para kumuha ng panyo ko doon. Pero halos ipanglampaso ko na iyong kamay ko sa tiles pero hindi ko parin mahagilap iyong bag ko. Doon ko iminulat ang mata ko at inilibot ang paningin ko sa paligid ko. *"Omyghad, iyong bag ko nasaan?"* Bulong ko pa.

At saka ko naalala iyong nangyari kanina, nabitawan ko iyong bag ko! Hindi naman ako pwedeng bumalik doon kaagad because I'm not ready for any confrontation, and besides, panigurado ay nandoon pa sila. Napabuntong-hininga na lamang ako. Good thing that my phone was on my pocket, I create a message and send it to my father saying na mala-late ako ng uwi because I was at the library. It was a white lie, but still, nasa library pa rin naman ako ah.

I looked at my watch; it was already 4:18 in the afternoon. Kinuha ko na lamang ang favorite book ko na isinuksok sa may bandang gilid ko para walang makakita o makakuha kahit na sinong student at saka nagsimulang magbasa.

I was already finished reading it when I look at my watch again, it was already 5:30. I stood up at saka pinagpag ang damit ko. May naabutan akong ilang students na lower years kasama ang tutor nila.

Habang nasa daan patungo sa department namin, lilinga-linga ako sa paligid. Ofcourse, I still don't want to see them. After what I admitted few hours ago? Kung pwede lang na magpaka-invisible every freaking day na makakaharap ko sila ay gagawin ko, huwag ko lamang sila makausap.

Napabuntong-hininga ako when I didn't found my bag inside our classroom. Maybe they get it. Wala na rin akong nararamdaman na malamig sa paligid, which means na patay na ang aircon and kanina pa sila wala rito.

Nanlulumo akong lumabas ng room at naglakad palabas ng Academy. But, nasa pintuan pa lamang ako ng katabi naming room ay may narinig na akong nagsalita. "Why did you run away?"

Bumilis na naman ang tibok ng puso ko. *Nandito pa siya?*

I chose to run again. Ewan ko. Ganito siguro kapag umamin ka sa isang tao. Hindi mo siya maharap. Hindi mo siya makausap. Dahil nahihiya ka.

At isa pa, lalo na kapag alam mong, nagustuhan ka niya, pero hindi na ngayon.

"Hey stop! Hindi ko ibibigay ang bag mo kapag hindi ka huminto!"

But I didn't stop. "Hey I said stop! Kapag hindi ka huminto, bubuksan ko ang laman ng bag mo!"

I immediately stop and cursed mentally. I could give him my bag actually, besides, bag lang naman iyon. But heck! Huwag iyong tipong bubuksan at aalamin kung anong laman! Mayroon akong tinatago roon eh! Remember the t-shirt that I was going to wear noong natapunan ako ng

drink? Na kung hindi lang nga kami nakapagbaon ng damit sa locker eh iyon yung isusuot ko? Iyong ibibigay niya dapat? He forgot it na kuhanin sa pagkakahawak ni Manilyn dahil nga umalis na ito bigla. Ako naman ay kinuha ito noong bumili ulit sila Manilyn ng food nila. Hindi naman na nila napansin iyong t-shirt dahil naging busy sila sa pagkain. And I thanked their patay-gutomness dahil hindi na talaga nila napansin iyong t-shirt.

Ni hindi ko nga alam before kung bakit kinuha ko pa iyon noong araw na iyon eh.

“Bakit ba?!” Sigaw ko sa kanya ng hindi humaharap sa kanya.

He laughed. Sa totoo lang, his laugh was really a music to my ears. But then again, hindi ko magagawang maramdaman iyon dahil sa nangyayari ngayon. “Wow, you got scared when I said na bubuksan ko ang laman ng bag mo. Why? Ano bang laman ng bag mo?”

I faced him. “Ano ba kasi!” Iritable ko ng sagot sa kanya.

He laughed again. “I have an offer to you kapalit ng bag mo.”

My eyebows crossed. “What offer?”

Iwinagayway niya iyong bag ko. “Ibibigay ko sa iyo ang bag mo, pero may kapalit.”

Napapadyak na ako sa inis. “Ano nga! Ang dami mo pang sinasabi eh!”

“You know what? You really look cute when you’re pissed.”

I immediately blushed. Damn. “S-sabihin mo na kasi!”

“Ibibigay ko sa iyo ang bag mo, if you will say what you’d said in our classroom few hours ago.”

Nanglaki ang mata ko. “I-I thought you d-didn’t heard what I said?”

“I never said I heard it in the first place. I never answered your question dahil nga bigla ka ng tumakbo kanina.”

“So y-you heard it nga?” Kinakabahan kong tanong sa kanya.

“Ibibigay ko ang bag mo, o sasabihin mo ang sinabi mo kanina?”

I inhaled deeply. He on the other hand looks really serious. But then again, maybe he didn’t heard what I said kaya gusto niya itong ipaulit sa akin. And because he didn’t hear it, maybe I could invent some few words just to get my bag back. “I-I said that, w-wala akong pakielam sa iyo! There, I said it! Iyon iyong sinabi ko kanina. Akina iyong bag ko!” Lakas loob kong sagot sa kabila ng marami kong pagkautal dala na rin ng mabilis na pagsasalita.

He look at me with disbelief. Lalong nanglaki ang mata ko nang itaas niya ang bag ko at akmang bubuksan ito. “Hey! Not my bag okay? That’s my personal things okay? Sinabi ko naman na iyong gusto mong marinig, bakit ayaw mo pang ibigay ang bag ko? Wala ka naman palang isang salita eh.” Okay, that’sa little bit harsh…. Okay, a bit harsh… Argh, fine, it’s harsh. Me and my big mouth. But what else can I do? That’s the only option I can do para mawala ang hiyang nararamdaman ko, and para na rin makuha ang bag ko. And para makuha na rin ang dangal kong matagal ng nawala because of him.

Argh, enough of dangal thingy Ace.

He sighed. And swear, I saw a glint of hurt through his eyes when he looks at me. I took a step backward. “Here’s your bag. Mag-ingat ka na lamang pauwi.” Hindi ko alam ang mararamdaman ko, it was a very sad voice, but not cold. Ito iyong tipo ng tono na parang, natalo ka sa pinakaaasam mong laro. Inilapag nito ang bag ko sa sahig saka ako tinalikuran at naglakad palayo.

Napalunok ako. *Now Ace, are you ready to let your chance away?* I shook my head. *Bakit pa kasi kailangan niyang malaman kung mayroon na siyang ibang gusto?* But still*, para saan iyong paraan ng pagtitig niya sa akin kanina?*

Argh, naguguluhan na ako. Sobra-sobra na ito.

A tear immediately escaped from my eyes. Ewan ko, nang maalala ko iyong paraan ng titig niya sa akin ay bigla akong napaiyak.

“I like you.” I whispered. “I like you. I really really like you.” Ulit ko pa.

Pinunasan ko iyong mga luha sa mata ko. Tinanaw ko ulit siya pagkatapos ko namang kunin ang bag ko. May higit sampung hakbang na rin ang layo niya sa akin kaya tumalikod ako sa kanya at nagsimula na ring maglakad palayo.

Pero, hindi pa ako nakaka-limang hakbang sa bagal kong maglakad when I felt someone hugged me from behind. “Kahit, kahit hindi mo sabihin sa akin ulit iyong sinabi mo kanina, gusto kong malaman mo na,” He inhaled deeply habang lalong hinigpitan ang pagyakap sa akin. I don’t need to know kung sino ang taong biglang yumakap sa akin. Not because I recognize his voice, nor not because I recognize his scent…. “Gusto rin kita, gustong-gusto rin kita. At, mas nauna ako sayong magustuhan ka.”

But because of the same familiar sensation within my body, iyong malakas na tibok ng puso ko, na sinasabayan ng malakas ding pagtibok ng puso niya.

---

---

*REVISED: February 14, 2014 (HAPPY VALENTINES DAY <333)*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 19- Courting

I fished out my phone when I felt its vibration. I smiled when I read a text message came from him saying, *"I can't explain how much I like you. All I know is, whenever I see or whenever you talk to me, there's a strange feeling inside of me. Goodmorning! I hope this simple text message can make you smile. See you later."*

My father looks at me. "Is it him?" I nodded.

"Ace, kahit paulit-ulit naming sabihin sa iyo ito ay hindi kami magsasawa ng Mama mo. Just enjoy this feeling okay? Hindi ka namin pipigilan na magkaroon ng boyfriend. But please, huwag mong kakalimutan ang pag-aaral mo. Malaki ang tiwala namin sa iyo ng Mama mo."

I smiled. "Yes Papa. And thank you po dahil may tiwala kayo sa akin."

He smiled at me too. "Ofcourse, you're our daughter. May tiwala rin naman ako kahit papaano kay Lor, and besides, he need to earn it again after all what happened. I just don't want to see you cry again because of him, dahil hindi ko alam ang gagawin ko sa kanya kapag nangyari ulit iyon."

"Si Papa, ang seryoso masyado."

He laughed, at saka ipinark ang kotse sa loob ng Academy. “We love you Ace, and we just want what really the best for you.” Then he kissed my forehead.

“I love you too, Papa.” At saka ako lumabas ng sasakyan namin.

I was already heading to our building nang matanaw ko siya sa may harap nito. Nakasandal at nakataas ang isang paa sa pader, at may suot-suot na earphones. We’re both grinning from ear to ear when we both look at each other.

Shit, ang gwapo. Ang gwapo-gwapo niya sa paningin ko. Lalo na ngayon.

“Hi.” Omyghad, simpleng hi pa lamang iyon, feeling ko sobra-sobra na ang nararamdaman ko.

“Hello.”

“Tara na?”

“Hinihintay mo ba ako?”

“Ofcourse. I am waiting for you. Always.” I immediately blushed. Shet, anong mayron sa araw na ito at nagkakaganito ako?

“Anong sinabi sa iyo ng parents mo pagkatapos kong umalis sa inyo kagabi?” He asked habang naglalakad kami patungo sa classroom namin.

“Uhm, actually wala na. Pwera na lang sa isang bagay na sinabi sa akin ni Mama.” Sabi ko at bahagyang humalukipkip.

He looked at me. “Anong sinabi sa iyo ng Mama mo?”

Napakagat ako sa labi ko. “Uhh, w-wala iyon. Huwag mo ng pansinin.”

“Sige na, sabihin mo na.” Pamimilit niya pa sa akin.

Argh, nakalimutan kong paalalahanan ang sarili ko kung gaano siya kakulit.

“W-wala na nga iyon. She just told me na huwag ko raw pabayaan ang pag-aaral ko. Iyon lang.” Sabi ko, tapos ay bigla akong napatungo.

He laughed. So I looked at him again habang nakakunot ang noo ko. “Why are you laughing?”

Hinawakan niya iyong buhok ko. “Hanggang ngayon kasi, halatang-halata ka kapag nagsisinungaling.”

Lalong namula ang mukha ko at biglang umiwas ng tingin sa kanya. “O-ofcourse not! I-I’m not lying ‘n-‘noh!”

He laughed again. “See? You’re lying.”

Inirapan ko siya. “Fine. Mom asked me na kung kailan daw ba kita sasagutin.”

He became silent so it's now my turn to laugh. "Way to go bibo kid. Now I know when and how I can make you shut up." At saka ko naman siya tinalikuran.

Saktong pagkapasok ko sa room ay sumalubong sa akin ang dalawang babaeng parehong nakahalukipkip. Napataas naman ang kilay ko dahil sa inasta nila. At dahil kakaunti pa lamang ang tao sa loob ng classroom dahil maaga pa, nagsimula na naman ang pagkabaliwag na peg ng dalawang ito.

"May hindi ka kinukwento." Sabi sa akin ni Christine habang umiikot na silang dalawa sa akin. Nakuha naman na noong dalawa ang atensyon noong iba naming kaklase at nagmumukha na kaming nasa movie dahil tutok na tutok sila sa gagawin nitong dalawa sa akin.

"Wala akong dapat sabihin sa inyo. Lalo na at alam kong hindi ko naman kayo ka-close." Yeah, yeah, I know. Mukha na rin akong baliw dahil talagang sinakyan ko pa ang trip nitong dalawang ito.

But what else can I do? Natutuwa akong gawin ang ginagawa kong ito. Natutuwa ako, kapag may kalokohan kaming naiisip na magkakaibigan. "Kailangan ka ba naming ibitin ng patiwarik para lamang mapaamin ka? Sa tingin ko, masasayang ang napakaganda nating pinagsamahan kapag ginawa namin iyon." Sabi sa akin ni Manilyn.

"Kahit dukutin niyo ang mata ko, dalhin ito sa Lebanon at ipatapon ako sa Mars, wala kayong mahihita sa akin dahil wala tayong pinagsamahan." Nakangisi kong sagot sa kanila.

Eh mukhang may bibigay na kaagad sa maliit naming skit na ito. Bigla ba namang hinawakan ni Christine ang braso ko. "Eh kasi naman! Magkwento ka na! I'm so eager na to know what happened to you! Yesterday, you're so lonely lonely pang nalalaman tapos today, you're so happy happy na."

"Ewww sa ka-conyo-han Christine." Sabi ko naman sa kanya sabay alis ng braso niya sa akin.

Hinila naman ni  Manilyn si Christine. “Anak ng teteng Christine. I knew it! Dapat talaga hindi na kita isinali sa gagawin nating ito dahil alam na alam ko naman na ikaw ang kauna-unahang bumibigay! Nakakainis! Ang dami ko pang sasabihin eh! May pamatay na linya pa ako!”

Inis namang humarap si Christine ditto. “Wapakels, tentakels.” Sabay higit ulit sa akin. “Tara na best, gusto ko na malaman ang nangyari. And mukhang ayaw malaman ni Manilyn dahil ayaw niya pang matapos ang skit natin. Taralets at pagkwentuhan na iyan.” At saka naman kami naglakad.

Kaya lamang nga ay biglang humabol si Manilyn. “Ito namang si Christine, don’t worry, sa susunod ko na lamang sasabihin ang aking pamatay na linya. Syempre, mas gusto ko ang kwento ‘no.”

Bigla namang nagpalakpakan ang mga kaklase ko. Sabay-sabay naman kaming yumuko at nag-bow. Really, it was our common routine kapag may tama kaming tatlo. Na mas tinamaan pa dahil laging sinasakyan ng mga kaklase namin.

I saw Lor naman na nakangiti habang umiiling sa inakto namin nila Christine kani-kanina lang. I motioned him na may sasabihin sa mga kaibigan ko, so he just nodded at mas lalong ngumiti. I smiled back also.

“Ayieh ayeh, I saw that one! I saw that one!” Kilig na kilig na sabi ni Christine.

“Oo na! Oo na! Nakita mo na! Hayaan mo na magkwento si Ace okay?”

“Ofcourse, liit.”

Manilyn hissed. “Ofcourse liit the second.”

I laughed. Really, I love them. My two, crazy, but full of awesomeness, bestfriends.

They faced me again. So, huminga naman na ako ng malalim. “So, here’s what happened.”

*[Flashback]*

*“You don’t have to be really nervous. They know you naman na kaya hindi mo na kailangang kabahan.” Sabi ko sa kanya.*

*“Alam ko naman. Kaya lang, parents mo sila eh. Hindi mo maiaalis sa akin ang kabahan. Lalo na ngayong makakaharap ko ang parents ng taong nagugustuhan ko.”*

*So my initial reaction? Malamang nag-blush. Pero kaagad naglahong parang bula ito when I heard my Papa say, “Ace, pumanhik ka ng kwarto mo. Bumaba ka after 15 minutes.” Nanglaki naman ang mata ko sa sinabi ni Papa. Knowing him? Maiiwan silang dalawa ni Mama kasama si Lor? Anong interrogation ang mangyayari nito? Eh ang kaso, kung nanglaki na ang mga mata ko, mas lalo akong pinandilatan ni Papa kaya talo na ako at umakyat na lamang na nanglulumo sa kwarto ko.*

*Sisilip pa nga sana ako, kaya lamang ay talagang nanigurado sila Mama dahil talagang binantayan ako hanggang sa makapasok ng kwarto ko. So I have no choice but to enter my room.*

*I was pacing back and forth inside my room. Panigurado, ang kung sinong makakakita sa akin ay talagang mahihilo. I’m just really nervous, syempre, iba na ito. I mean, talk with the parents na ang nangyayari kahit wala pa namang formal na sinasabi sa akin si Lor na he will court me.*

*12 minutes have passed. I still have 3 minutes but I already went outside. Dahan-dahan kong ipinihid ang pintuan ng kwarto ko at tumungo sa may hagdanan kung saan safe makinig ng usapan sa may sala.*

*"…her cry. Even though we want to talk to her, hindi naman namin magawa dahil alam naman namin ang ugali ni Ace, she'll talk to us when she feel she already have to. As her Dad, ofcourse, it's really hard for me to see my daughter having swollen eyes when she went home the other day. And ofcourse, I know what's happening, Ama niya ako kaya alam ko ang nangyayari sa kanya. Ang mahihiling ko lang ay sana, huwag ko ng makitang umiiyak si Ace dahil sayo."*

*I was speechless after hearing what my father said. I really don't know na alam niya pala ang nangyayari sa akin. On the other hand, I was really touched; I didn't know na ganoon pala nag-alala sa akin sila Mama at Papa.*

*"Tito, I'm very sorry for what happened. Matatanggap ko po kung galit po kayo sa akin, pero katulad nga po ng sinabi ko sa inyo kanina, gagawin ko po ng lahat para maibalik ang tiwala niyo sa akin. Inaamin ko naman po talaga na naduwag ako, natakot para sa nararamdaman ko kay Ace. But hindi po ako mangangako that I would never make her cry. Hindi ko rin naman po sinasabi na may balak pa akong paiyakin siya. Ang nais ko lang po sabihin, gagawin ko po ang lahat ng magagawa ko para umiyak siya dahil masaya siya habang kasama niya ako, dahil sobra po ang halaga niya sa akin." Narinig kong huminga siya ng malalim. "Dahil alam ko po, habang tumatagal, mas lalo ko pa pong nagugustuhan si Ace."*

*Tumikhim si Papa. "I guess Max, you should call Ace. I'm already done talking to Lor." Narinig kong umungot ang couch, senyales na tumayo na si Mama, I know I have to get back on my room, but I don't know why I couldn't move. Kaya nang nasa may hagdanan na si Mama, nagsalubong ang paningin namin, umakyat siya ng hagdanan, hinawakan ang kamay ko ng mahigpit, and smiled at me. Her left hand caresses my cheek, and then she kissed my forehead. Pagkatapos ay iginiya na niya ako pababa ng hagdanan.*

*"We're done talking to him, Ace. Mabuting ihatid mo na siya sa may labas ng gate natin dahil gumagabi na. Delikado na sa daan kapag gabi." Sabi naman ni Papa sa akin.*

*Tumayo naman ako na parang robot at saka sinamahan si Lor palabas ng bahay namin. But before he goes out our gate, he held my hand. "Are you okay?"*

*That was the moment I was back to my senses. Naramdaman ko na naman ang malakas na tibok ng puso ko. "Y-yes, ofcourse. I-I'im okay. Ikaw ba? A-ano bang tinanong nila sa iyo?"*

*He smiled at me. "Oh, that thing. Kung anu-ano lang naman. Tinanong ng Papa mo kung sino iyong mga magulang ko. Kung saan ako nakatira, mga ganoon lang." I know that this part were true, dahil talaga namang matanong si Papa sa background ng isang tao lalo na kung malapit sa akin. But, based on what I heard earlier and now, I already did not push it.*

*"Uh, actually, I'm going to ask you something." Tumingin naman ako sa kanya ulit at hinintay na magsalita siya ulit. "You know that I like you right?" Wala naman sa sariling napatango ako. "So, I'm going to ask you, if can I court you?"*

*"O-oh. S-seryoso ka ba sa t-tanong mo?"*

*He laughed at me. "Ofcourse I am. But don't worry, hindi naman kita pipiliting magdesisyon agad. I'll wait for your answer tomorrow. So, pumasok ka na at aalis na ako."*

*Tumalikod na siya at saka naglakad palabas ng gate namin. Nang medyo makalayo-layo na siya sa bahay namin ay saka ako sumigaw. "Lor!" Lumingon naman siya. "Uhm, yes! I mean, yes you can court me!" I never saw his face when I said those things, kasi naman, bigla akong tumakbo papasok ng bahay namin. Nakita ko pa ngang pinagtatawanan ako nila Mama at Papa dahil mukhang nakita nila iyong ginawa ko.*

*[End of Flashback]*

"Like OMG. Ang landi lang best ah? May pa yes-yes pang nalalaman noong malayo na si Lor!" Sabi sa akin ni Christine.

“Namiss ko bigla si Harold, besssy.” Sabi naman ni Manilyn. If I still didn’t tell you guys who Harold is, he’s Manilyn’s boyfriend. “But, I’m, we’re happy for you.”

I smiled at them. Then look at Lor, na kasalukuyan din palang nakatingin sa akin. Kasama niya iyong mga barkada niyang nagtatawanan ngayon. He smiled at me, I did the same, then he mouthed, *“I really like when you smile.”*

Like OMG, may sasaya pa ba sa araw na ito?

---

*REVISED: February 24, 2014*

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 20- Blissful

Pagkatapos naming bumili ng drinks sa paborito naming bilihan eh lumabas na kami ng cafeteria at naglakad patungo sa aming classroom.

“Edi kayo na talaga ang may lovelife, ako na wala.” Nakangusong sabi sa amin ni Christine.

Pinagtawanan lang namin siya pareho, muntanga naman kasi, ngumunguso pa eh iyon lang naman ang sinabi. “So, naiinggit ka?” Segunda sa kanya ni Manilyn.

“Sort of.” Sagot naman nito.

“Edi naiinggit ka nga!” Pagkatapos ay tumawa ako. “Eh kung pagtuunan mo na lang kasi si Vince—“

Hindi pa naman ako tapos magsalita eh umentrada na kaagad si Christine. “Hell no, Ace. Alam niyo naman ang ginawa sa akin noong bwisit na kumag na iyon ‘di ba?”

“Eh paano ba iyan, the more you hate, the more you love.” Ngisi sa kanya ni Manilyn.

“Pwede ba.” Sabi sa amin ni Christine with matching hand gestures and a digusted face. “Like duh, hinding-hindi ako magkakagusto sa taong wala naman kayang ipagmalaki.”

“Sumasayaw naman yun ah.” Sabi ko naman habang natatawa. Nakakatawa kasi ang reaction ni Christine, inaasar lang naman namin siya. Eh halatang-halata kung gaano siya kainis doon sa tao.

“Kahit siya pa si Michael Jackson ng bansa natin, I don’t really care. Sana ba, noong tinalo niya ako sa pagiging vise-president ng student council eh nakipag-debate siya. Eh ang kaso hindi, ang bwisit na lalaki eh nagpakita ng katawan DAW niyang matcho para lamang manalo. Like ewww lang ha.”

“Eh nanalo siya eh. At wala kang magagawa.” Sagot ni Manilyn. Syempre, papatalo ba ako ng sasabihin? “At syempre, tinalo ka niya.”

Humagalpak na lang kaming tawa ni Manilyn nang magwalk-out sa harap namin si Christine. “Hu-u kayo sa akin kapag nanalo ako next year!” Sigaw niya pa sa amin.

“Eh ang kaso, hindi ka na mananalo dahil wala ng next year at College na tayo pare-pareho nun!” Sigaw din naman ni Manilyn, mas lalo tuloy kaming natawa.

Saktong pagdating namin sa room ay naaubutan pa namin si Christine sa labas, “Anong meron?” Sabay naming tanong ni Manilyn sa kanya.

“Wala na raw klase.” Sagot naman nito.

“Bakit daw?”

“Tanong niyo kay Janeth. Siya may alam eh.”

Tumingin naman kami kay Janeth na kasalukuyang nasa harap. “Bakit walang klase? Anong nangyari?” Tanong ko sa kanya.

Bumuntong-hininga ito at inirapan si Christine. “Nako naman kasi Christine! Alam mo naman na iyong reason eh hindi mo pa sinabi kila Ace!”

Binelatan lang siya ni Christine. “Eh gusto kong magsalita ka pa eh.”

“Sige, gumanyan ka, hahanapin ko si Vince para sayo.” Segunda sa kanya ni Janeth. Tumawa kami ni Manilyn sa sinabi ni Janeth.

“Fine fine fine. I’m gonna tell them na.” Humarap siya sa amin. “Ma’am Lacangan was not here because pinatawag siya sa office because kailangan daw makausap ni Ma’am Principal si Ma’am Lacangan. And if you’re asking me if what is all about, like duh, hindi ko alam. Walang sinabi.” Napa-ohh na lamang kaming dalawa. Then she faced Janeth, “Hindi ako natatakot sa binablack-mail mo sakin, I’m just scared of what I can possibly do if you would call him nga. Baka hindi na siya makilala sa kanila kapag binugbog ko siya.”

"Errr, scary Christine." Sabi ko naman sa kanya.

"I didn't know that our bestfriend is a serial killer." Sabi ni Manilyn.

Ngumisi siya sa aming dalawa. "Yes, and kayo ang magiging unang biktima ko, kapag hindi niyo pa tinigilan ang pangti-trip sa akin."

Biglang may pumalakpak sa may likod namin, so we turned around. "Nice skit girls, sa ngayon, we need to borrow Ace from her friends. Girls, you wouldn't mind that right?" It was Lor's friends.

"It's okay. Basta, ibabalik niyo siya sa amin na walang kahit anong gasgas." Sabi naman ni Manilyn. "Sure thing." Sagot sa kanya ni Matthew. Saka naman inakbayan ni Manilyn si Christine at iginaya papasok sa room. I heard Christine said pa nga na, "Hey Mane, I'm still not done! Meron pa akong pang-finale!"

I shook my head. My goodness gracious, kaibigan ko ba talaga sila?

And oh, speaking of friends, "San ba tayo pupunta?" Tanong ko sa kanila.

"Sa lugar na kami lang ang nakakaalam." Sabi sa akin ni Edmon.

"Sa dagat daw ng ligaya." Nakangising sagot sa akin ni Brix, sinuntok naman siya sa tiyan ni Mark dahil sa sinagot nito.

"I'm just joking pre! Seryoso mo masyado eh! Halikan kita kaya dyan?" –Brix. Kinuyog naman siya noong lima. Natawa na lang tuloy ako sa kanila.

“Saan nga kasi tayo pupunta?” Pangungulit ko sa kanila.

“Bawal malaman ng prinsesa. Kami ang malalagot kay Lor.” Nakangising sagot sa akin ni Matthew.

Inismiran ko lang siya. “Huu, ang dami niyong alam.”

“Basta kasi, sumunod ka na lang sa amin kung ayaw niyong madaan sa dahas.” Sabat ulit ni Brix. Tinapalan naman ni Geoff ang bibig nito, “Ang ingay mo masyado pre, bakla ka na talaga eh.”

“Wala naman tayong klase hindi ba? Kaya huwag kang mag-alala, hanggat nasa school premises ka ay hindi ka naming lolokohin.”

Siniko ko naman si Mark nang sabihin niya sa akin ito, “Aba, may balak pala kayong masama sa akin.”

Tumawa si Mark sa sinabi ko, “Joke lang. Paano ka namin aasarin eh hawak mo si Lor?” He made a tsk-ed sound, “Ito ang mahirap sa kaibigan mong nagkakaroon ng gusto eh, hindi ka na tuloy namin maaasar.”

Kaagad naman akonag-blush sa sinabi ni Mark. At dahil sa reaksyon kog iyon, inulan tuloy ako ng tukso mula sa kanila.

Pagkarating namin sa garden ng Academy, tinulak nila akong lima papasok at saka sinara ang gate. Napakunot naman ang noo ko dahil sa ginawa nila. “Nandyan sa loob ang prinsipe mo, kanina ka pa hinihintay.” Saka sila kumindat sa akin.

Sumigaw naman si Geoff. “Lor! Iyong prinsesa mo nandito na ha? Nagawa na namin ang gusto mo, huwag mong tatakasan ang pagiging katulong namin bukas ha?”

Natawa na lamang ako sa sinabi nila, ang kukulit kasi eh.

Dumiretso na ako sa loob ng garden tutal hindi naman ito ganoong kalakihan katulad ng sa ibang school or Academy, pagkaliko ko sa kanan ay nakita ko siyang nakasandal sa may puno na pinakamalaki sa loob ng garden. Tinapik ko siya sa balikat at umupo sa tabi niya, nakita kong ngumiti siya kahit nakapikit ang mga mata niya kaya kaagad akong napangiti.

“Kanina ka pa rito?” Tanong ko sa kanya. Isinandal naman niya iyong ulo niya sa balikat ko.

“Sakto lang. Nang umalis kayo papuntang cafeteria nila Manilyn ay dumiretso na kami rito.”

Kumunot naman ang noo ko. “Kami? Sila Geoff? Eh bakit umalis sila ngayon?”

Naramdaman ko ang pagtawa niya, myghad, bakit ang sarap sa pakiramdam na nararamdaman ko kung paano siya tumawa? “Mga baliw kasi ang mga iyon, iniwanan ako para raw makapagsolo tayo.”

Hindi ko na rin maiwasan ang mapangiti nang todo dahil sa sinabi niya. “Pakipaalalahanan ako mamaya na sasama ako sa pagiging katulong mo sa kanila ha? Aba eh, may naitutulong din pala kahit papaano iyong limang iyon.”

Narinig ko ulit ang pagtawa niya. Ahhh, ang sarap talaga sa pakiramdam. “Actually, I have something to say.” Sabi niya sa akin.

Napatango ako, hinihintay na susundan ang sinabi niya. Sa totoo lang kasi, malakas ang pakiramdam ko na may sasabihin siya, pero dahil ayaw kong pangunahan siya ay hinintay ko nalamang na siya ang maunang magsabi. “Alam ko namang gusto mong malaman kung bakit ginawa sa akin ni Carl iyon.”

Natahimik naman ako kaagad nang banggitin niya ang pangalan ni Carl. Actually, nakalimutan ko siya. Kaya bigla na lang akong na-guilty ngayon. Nakakaguilty pala ngayon na nakukuha kong maging masaya, na hindi naiisip ang nararamdaman ni Carl ngayon.  “Matagal na kaming nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan naming dalawa. Simula pa lamang iyon noong bago siya manligaw sa iyo. Ewan ko ba dun, laging ipinipilit sa akin na huwag daw kitang sinasaktan, na huwag daw kitang iniiwasan, tinatanong ko naman kung bakit niya nasasabi ang mga bagay na iyon, pero ayaw niyang sabihin kung bakit.” Inaamin ko na nagulat ako sa sinabi niya, pero hinintay ko na lamang siyang magpatuloy.

“Hindi ko naman siya pinapansin, kada kinakausap niya ako tungkol sa bagay na iyon ay lagi ko siyang iniiwasan. Lalo na nga nang ligawan ka na niya. Hindi ko na nga maisip kung ano ang gusto niyang maging sagot ko sa sinasabi niyang iyon gayong nililigawan ka na niya. Kaya siguro, napuno na siya sa akin kaya nangyari ang araw na iyon.” Huminga siya ng malalim. “He said that you likes me. Hindi ko naman alam kung anong gusto kong sabihin sa sinabi niya. Pero isa lang ang naging klaro sa utak ko nang araw na iyon, bakit parang pinapamigay ka niya sa akin?”

Pinisil niya iyong kamay kong hindi ko namalayan na hawak na pala niya. “Hindi ko alam kung saan ako nanggagaling, hindi ko alam kung bakit hindi ko maamin. Kung bakit iniiwasan kita, kung bakit ganoon na lamang ang ipinapakita ko sa iyo. I know I’ve been a jerk to you, and I’m very sorry for that, sabihin ko mang hindi ko sinasadya eh wala nang mangyayari dahil nangyari na. Pero ang alam ko lang ay simula ng malaman ko na nililigawan ka ni Carl, God knows that I tried my best to stop what I have for you. Naisip ko kasi na nandyan na siya, nandyan na si Carl na hindi nagpapahamak sayo o makakasakit sa iyo. Pero walang nangyari, but guess what, lalo lang itong lumala.”

“Matagal na kitang gusto, simula pa lamang noong unang pasukan na makita kita. Hindi ko rin ma-explain ang nararamdaman ko ng panahong iyon, I am really amazed when there’s a knot on your forehead. Natutuwa ako kapag marami akong nakikitang expression sa mukha mo, na hindi ko narealize na siyang naging dahilan kung bakit kita nagustuhan.”

Pinalo ko siya sa balikat. “Aba, natutuwa ka pala kapag naiinis ako!” Tumawa na naman siya sa sinabi ko. “I have confession to make too, Lor.”

“Are you going to say that you like me too?”

Pinalo ko na naman siya sa balikat niya. “Sira!” Tumawa na naman siya. Huminga ako ng malalim. “Number 1,” Pag-uumpisa ko.

“Number 1? Marami ba iyan?”

Natawa na naman ako. “Dalawa lang, don’t worry!” Umehem ako, “Number 1, I know that you’re avoiding me.” Sabi ko.

“Ganoon ba ako kahalata?”

Umiling ako. “No, I mean, remember noong ma-ospital ako? I was wide awake when you visited me. And, I heard it all.”

Kaagad siyang umalis sa pagkakasandal sa akin. “You what? Gising ka ‘nun?” Tumango naman ako. Bigla siyang namula at iniwas ang tingin sa akin. “Nakakahiya naman ito,” Sabi niya sabay himas sa ulo. “All along, alam mo pala ang mga ginagawa ko.”

Tumawa ako sa kanya. “Okay lang yun ano ka ba! Inaamin ko, you were really a jerk that time. Inis na inis ako sa iyo noong mga panahon na iyon. But that was before okay? Kaya huwag ka ng Emo diyan!”

Sumandal ulit siya sa balikat ko. “Number 2, noong hapon na, I said those things—“ Kaagad niya akong pinigil sa pagsasalita. “Eh ano nga bang sinabi mo ‘nun?”

“Argh, I’m so embarrassed here! Tantanan mo ako.”

Tumawa na naman siya sa sinabi ko, “Okay fine, continue.”

“Your friends told me na, may gusto ka sa isa sa mga leader ng class natin sa English. And I assume that it,” Huminga ako ng malalim. “It was Manilyn.”

I heard him laugh. Really, ang lakas noong naging tawa niya. Napatakip ako sa mukha ko, argh, nakakahiya. “It was you. Hindi ba nga ay ikaw dapat ang leader natin? But because I was a jerk that time, ginawa ko ang bagay na iyon. At dahil nga, ewan ko ba sa mga kaibigan ko eh inaasar ka nila.”

“Why did you think na it was Manilyn? I mean, yes point taken dahil sa sinabi mo, but still, I don’t see the reason why you think of that.”

Napahigpit ako sa hawak ko sa palda ko. “I really don’t know, maybe because, you were a jerk that time kaya naisip ko ang mga bagay na iyon?”

Pinisil niya iyong kamay ko. “I’m really sorry Ace. Ayokong mangako na hindi ko na ulit gagawin ang mga bagay na ito, pero gagawin ko ang lahat para hindi na ito mangyari ulit.”

Tuluyan na akong napangiti, then I grabbed my phone. Pinuntahan ang voice recorder at pinanatili doon ang kamay ko, huminga ako ng malalim. “Gustong-gusto mo talaga ako, ano?” And then I touched the icon,

Medyo matagal pa bago siya nagsalita, but then, hindi naman ako na-disappoint dahil nakuha ko ang bagay na gusto kong mangyari at marinig. “Gusto kita, gusto kita, gustong-gusto kita.”

---

*REVISED: March 9, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 21- Competition

Grabe na iyong tagaktak ng pawis sa katawan ko dahil kanina pa ako lakad nang lakad. Ieven scanned the elementary department to search for Carl but he wasn't there.

Nang makasalubong ko naman iyong third year representative ng Student Government Council ng Academy ay kaagad ko siyang kinausap, "Nakita mo si Carl?"

Umiling siya sa akin. "Hindi po Ate Ace. Wala rin naman po siya sa quarters eh."

Napabuntong-hininga ako. "Okay, thanks Ria."

Umupo ako sa bench at saka doon muna nagpahinga. Actually, the reason why I wanted to talk with Carl was because of what happened to me this past few days. Gusto ko lang siyang makausap, gusto ko lang humingi ng sorry because I totally forgot him. Talagang nakalimutan ko siya dahil masyado na akong okupado ng iba't-ibang iniisip. Siguro, totoo nga iyong sinabi noong iba. Basta masaya ka, makakalimutan mo na may nasasaktan at masasaktan ka sa bawat gagawin mo.

Gusto ko lang isipin ni Carl na kahit ganito na ang mangyari, I still care about him. Ayoko namang isipin niya na porket Lor was there already eh nakalimutan at kakalimutan ko na ang ginawa niya sa akin. Carl was there noong down na down ako, and I don't want to alienate him as a friend.

I was walking towards the direction of our classroom at doon ko na nagbabakasakaling makita si Carl sa room namin when Ma'am Lacangan called out my name. Kaagad naman akong lumapit kay Ma'am.

"Chloe, I'm looking for you kanina pa. Saan ka ba nagpunta?"

Napakamot naman ako sa noo ko, "Ma'am, sorry po. Hinahanap ko po kasi si Carl dahil may sasabihin po ako sa kanya, kaya nga po siguro hindi niyo ako mahanap."

"Nasa Principal's Office si Carl kanina pa. Kaya imposibleng makita mo talaga siya. And besides, kayong dalawa talaga ang dapat nandoon na kanina pa sa Principal's office dahil may sasabihin sa inyong importante."

Nagtaka naman ako, pero nakisabay naman na ako kay Ma'am na maglakad. "Bakit po? Anong mayroon?"

"I think it was all about the proposal that you and Carl passed last summer to the board. I wasn't still sure though pero iyon lang kasi ang naiisip kong dahilan kung bakit kayo ipinapatawag."

Na-excite naman ako bigla at tila nakalimutan ko ang totoong pakay ko. "Hala, sa tingin niyo Ma'am iyon na po iyon?"

Ngumiti siya sa akin. "I think so, Chloe. Besides, the competition will start in just two weeks. Though, I know naman na ready na kayo ni Carl for the contest dahil lagi naman kayong nag-aaral since summer pa."

Napaingit ako ng sigaw. “Ma’am! Yes! If ever it was all about the competition thing, then Carl and I better pack our things already! Yay! Makakapunta kami ni Carl ng Japan! That was the place for the International Scientific Competition hindi ba po?”

Inakbayan naman ako ni Ma’am. “Don’t be too excited Chloe, I told you, I don’t know why Mrs. Principal called the both of you. I just assumed.”

I just shrugged. “Okay lang iyan Ma’am! Naniniwala pa rin po ako. Omyghad lang po Ma’am, nawala po sa isip ko na in just two weeks, magstart na pala ang competition, kung hindi niyo pa po sinabi eh talagang nakalimutan ko na po!” Bago pa kami makapasok ng office, nagsalita muli ako. “Basta Ma’am, pangako niyo sakin, kayo ang sasama sa amin ah?”

Ngumisi sa akin si Ma’am at saka bumulong bago pa man kami pumasok sa loob. “Huwag kang mag-alala, akong bahala kay head monster.” At natawa naman ako.

Pagpasok naman namin eh kaagad kaming naupo pareho ni Ma’am sa may tapat ng table ng Principal. Nasa tabi naman noong Principal iyong ilang shareholders ng Academy kasama na rin iyong, I think the representative of Department of Education if I’m not mistaken. Besides, they’re the ones who talked to us last summer so I recognize their faces.

Nahiya naman akong malaman na kumpleto silang lahat dito, samantalang late na late ako nakarating. But right now, kampante na ako na alam ko na ang sasabihin ng Principal. And Ma’am Lacangan was really right when she said what she has on mind a while ago. I saw Carl naman na nakaupo naman sa tabi ni Ma’am, and he wasn’t looking at me. Kaagad naman akong nakaramdam ng lungkot.

Nag-ehem naman iyong Principal kaya doon na ako tumingin. “Carl, sorry for waiting. So now Ace is already here, sasabihin ko na kung bakit ko kayo ipinapatawag.” Huminga ito ng malalim. “I know that you’re aware that the International Scientific Competition is just two weeks from now. And because you’re the representative of our country for the said event, I want you two to be ready. Though I know that you are indeed ready because matagal niyo naman ng pinag-aaralan ang proposal niyo since last summer, I wanted the two of you to focus intently for this. And starting tomorrow, hindi na kayo papasok ng room ninyo, pupunta na kayo sa AVR at doon mag-eensayo at mag-aaral nang mabuti.”

“5 days before the competition, pupunta na kayo ng Japan together with Ma’am Lacangan since she’s your adviser, and ofcourse kasama niyo rin iyong dalawang coach niyo. Lahat ng kakailanganin niyo ay sagot na ng ilang LGU’s, Department of Education and ofcourse ng Academy natin. Hindi naman ako makakasama because I have important matters to deal with during the competition period. Alam na ng mga magulang niyo na aalis na kayo next week because we already talk to them, so everything’s already settled. We just need your focus to this and just gave your best.”

Hinawakan noong Principal iyong kamay namin pareho ni Carl. “I just wanted to say that the school were really proud of having the both of you. Hindi lang ang Academy ang inilalaban niyo ngayon, hindi gaya noong dati na lumalaban kayo at nire-represent ang Academy lang natin sa iba’t-ibang eskwelahan sa bansa. Now, you’re the representative of our country for this competition. Matalo man o manalo, mananatili kayo sa history ng Angels Academy at ng Pilipinas.”

Kinilabutan naman ako sa sinabi noong Principal namin, but still, it made me smile. “Maasahan ba namin kayong dalawa?”

Nagkatinginan kami ni Carl, I felt relieved when he smiled at me. “Don’t worry Ma’am, we’ll definitely do our best to be the International Scientific Competition Champion.” Full of confidence na sabi ni Carl.

“We’ll make the other countries as well as the Philippines, be proud of us.” Dugtong ko naman.

--

Nanatili sa loob ng office si Ma’am Lacangan dahil may iba pang sasabihin si Ma’am Principal kasama noong iba sa kanya about our Competition. Kaagad ko namang hinabol si Carl na mabilis ang lakad at patuloy na lumalayo sa akin.

“Carl!” I shouted. But he didn’t look back at me. Mas binilisan ko ang pagtakbo, and finally, nahawakan ko na siya sa braso. “Hey Carl!”

“Bakit?” Tanong niya sa akin, pero nakaiwas ang paningin niya sa akin.

“Can I talk to you?”

“We’re already talking.”

Umiling ako. “No, not this. I mean, I want to talk to you sa mas maayos na paraan. Sa mas maayos na lugar.”

I heard him let a sigh. “Okay, tara, playground tayo.”

“Sa may elementary building?” tanong ko naman. He nodded.

.

.

.

.

Umupo kami sa may bench. “So…” Pagsisimula ko habang hindi mapakali ang kamay ko kung paano maglilikot. Huminga ako ng malalim. “Galit ka ba sa akin?”

Nakita ko siyang umiling. “No. And will never be.”

“Eh bakit ka umiiwas?”

“Sabihin na lamang natin na, umiiwas ako sa sakit.”

Napayuko ako, “I’m really sorry Carl. I’m sorry if I neglected you. I’m sorry if I didn’t tell you this things. I’m sorry kung hindi ko man lang naisip kung anong mararamdaman mo noong ginawa ko ito. I’m sorry if hindi ko man lamang naisip na nandyan ka noong panahon na sobrang malungkot ako, tapos, biglang nagkaganito. Kaya maiintindihan ko kung magagalit ka sa akin. I know, I deserved it, you being mad at me.” A tear escaped from my eyes.

“I was hurt. But I would never be mad at you. Ewan ko ba, hindi ko kayang magalit sa iyo eh.” Napansin kong yumuko si Carl. “Funny as it is, kaya hindi nagkakaroon ng mas maagang happy ending ang mga bida ay dahil mas iniisip nila iyong mararamdaman noong taong may gusto sa kanila. Mas iniisip nila na ayaw nilang saktan ang damdamin nito. Kaya ang nangyayari, mas matagal ang proseso bago pa sila magkaroon ng happy ending.”

“W-why are you telling me this things?”

“Ace, the moment I punched Lor, was the moment I already let you go.” Nahihirapang sabi ni Carl, and seriously, ramdam ko ang hirap niya habang sinasabi ito. And really, I wanted to hug him, but I just can’t. “Alam ko ang pinasok ko, alam ko na darating itong puntong ito. Alam ko na sa simula pa lamang ay talo na ako. Pero ewan ko ba sa sarili ko, nagbakasakali ako, nagbakasakali ako na baka, baka lang naman, baka makuha mo akong magustuhan kahit alam kong may iba ka ng gusto.”

“Carl,” Ungot ko naman.

“Hindi kita kayang pasayahin tulad ng ginagawa niya sa iyo. Hindi kita kayang pakiligin tulad ng ginagawa niya sa iyo. Marami akong bagay na hindi kayang gawin para sa iyo dahil hindi ako siya. Kaya naman kitang mahalin ng mas higit pa sa nararamdaman niya para sa iyo. But I know, I need to accept the truth, hindi ako. Hindi ako iyong gusto mo. Hindi ako iyong mas kailangan mo. Hindi ako iyong mas makakapagpasaya sa iyo. Hindi ako iyong hinahanap-hanap mo.

Really, parte ng pagmamahal ang iparamdam sa iyo ang panandaliang saya, but I need to wake up from this dream. I wasn't him, and I would never be him for you." Tumingin siya sa mga mata ko. "I'm not saying goodbye, I just want to say, I'm giving you to the one who can really make you happy. Ganyan kita kamahal, kaya kong magtiis, makita lang kitang masaya."

Pinunasan ko iyong luha ko. "I'm really sorry, Carl."

"Don't be sorry Ace. You're just making this more hard for me. It looks like, you're being sorry to me because of the fact that I have feelings for you."

"Pero gusto kong mag-sorry. And I want to do anything to lessen the pain that you are experiencing."

"Don't be Ace, don't be. Siguro, ang tanging magagawa mo na lamang para sa akin ay maging masaya. Hindi kita pinalaya para maging malungkot ka at ma-guilty dahil sa akin, pinalaya kita dahil gusto kong sumaya ka."

Another tear escaped. "Carl, I know, there's someone better than me."

"Well, kindly say that to me again when I'm already over to you."

Pinunasan ko iyong luha ko at huminga ng malalim. "We're still friends, right?"

"Yes ofcourse. But, I have one favor to you."

"What is it? Gagawin ko, kahit ano, basta kaya ko."

“Can you distance yourself from me just for a while? Can you please do that? Well, wala naman akong magagawa kapag nagpa-practice tayo, but after that practice everyday, can you please do that? Kung ako kasi ang gagawa nito, hindi ko kakayanin eh, dahil hindi ko kayang lumayo sa i-iyo.”

Napalunok ako. “Carl..”

“Please Ace, please. Kahit isang linggo lang. Promise, just for a week. Besides, we have a competition to compete kaya isang linggo lang ang hinihingi ko sa iyo. Sa ngayon kasi, gusto ko lang mag-isip. After one week, I promise, I’m already okay that time.”

Napabuntong-hininga ako. “Hindi na ba magbabago ang desisyon mo?”

Umiling siya sa akin, “Kailangan Ace.”

“I just want you to know, Carl, you’re still important to me. And will ever be.”

And for the second time around, I felt relieved, because I saw him smiled again.

*****

*[After 3 days]*

“Hey Ace, size 8 ah? Size 8 na rubbershoes!” Sabi sa akin ni Manilyn.

“Grabe! Wala ako sa Japan para mamasyal, duh!” Sagot ko naman.

“Hey bessy, ayos na sa akin ang life-sized na teddy bear okay? Para may kasama na rin sa wakas sa kwarto ko si Clummy.” Sabi naman ni Christine.

“Baka magselos niyan si Clummy, may makakatabi siyang dambuhala.” – Manilyn.

I scoffed. “As if, ibibili ko kayo. Ang mamahal kaya ng mga pinapabili niyo! May patago ba kayong pera sa akin, mayroon, mayroon?”

“Eh ang daya naman nito!” Christine said then she nudged Manilyn. “Hey bessy, kindly remind to me na sa susunod na magkaroon kami ng out of the country  na bakasyon ng family namin eh hindi ko bibigyan ng pasalubong itong babaeng ito. Aba, napakadaya! Binibili naman siya doon eh!”

“Wow, hiyang-hiya naman ako sa t-shirt, keychains at necklace or jacket na pasalubong ha! Compared sa pinapabili ninyong dalawa!”

They just laughed at me. “Fine, fine, bahala ka na sa bibilhin mo sa amin. Basta be sure, may pasalubong kami ah?”

I nodded. “Kayo ba naman eh mawalan? Aba, edi ginyera niyo ako?”

“Ofcourse! Oh well, by the way, siguro naman eh nasabi mo na kay Lor na aalis ka?”

Kaagad akong natigilan. “Oh that,”

"Huwag mong sabihin na hindi pa rin? Gosh, it's been 3 days! We did our best para pagtakpan ka! Alam naman na ng buong Academy na aalis at lalaban kayo, ofcourse, pero dahil walang alam si Lor, pinagtatakpan ka naming lahat! Pero bakit hindi mo pa rin masabi kay Lor?" Hindi makapaniwalang sabi nila sa akin.

Napakunot ang noo ko. "It's not that easy!"

"Anong it's not that easy? Heller? As if naman na mawawala ka ng isang taon? It's just a week!" Christine said.

Doon na ako napayuko. "Actually, it's a month."

"A-a-a w-what?" Manilyn asked.

"A month. You see, alam niyo naman na we're targeting to be the champion. A legacy would probably happen since Angels Academy, rather the Philippines were the Champion of International Scientific Competition last year. And if ever nga na mananalo kami ni Carl, karagdagang 3 weeks ang ipapanatili namin sa Japan because of a lot of seminars and activities that we're going to do." They just look at me. "Sasabihin ko naman na talaga sa kanya dapat noong unang araw. Syempre kasi, limang araw lang naman kami mawawala, wala namang kaso iyon. But the Principal talked to us the other day at sinabi nga iyong about sa one month."

"One month kapalang mawawala?" I just nodded.

They smiled at me. "Okay lang iyan, babalik ka pa naman eh." Christine said. Napangiti naman ako kahit papaano, I really thought na magagalit sila kapag nalaman nilang matagal akong mawawala just in case.

“I’m really sure that there’s something wrong kaya hindi mo nasasabi kay Lor. I mean, kung bakit hirap na hirap kang magpaalam sa kanya. And we’re just curious about it, ano ba iyong nagpipigil sa iyo na ipaalam ito sa kanya?” Manilyn said.

Nangilid na iyong luha ko. I think, I can’t escape it. They’re my bestfriends. Kilala nila ako. Alam nila kung may bumabagabag sa akin. At alam kong sa panahong ito, sila lang ang makakatulong sa akin. “Actually, I’m afraid of two reasons. The first one is, all about Carl. I’m afraid that if ever Lor learned na si Carl pala ang makakasama ko sa Japan eh baka magalit siya. And the second one is, natatakot ako, na baka pagkatapos ng isang buwan, not that I’m really confident na mananalo kami, but let’s face it, if ever na manalo kami at manatili kami roon ng isang buwan, natatakot ako na baka kapag bumalik kami, wala na akong mabalikan pa.”

“I think, that was absurd.” I looked at Christine when she said this. “You’re being pessimistic kasi. Hindi mo pa man sinasabi, nagiging negative ka na. Hindi mo pa mandin nakikita ang reaction ni Lor, pinapangunahan mo na. What if, hindi naman siya magagalit? Edi natakot ka lang sa wala? Ace, you know Lor naman, he wasn’t that kind of guy na unreasonable kung mag-isip. He definitely would understand your situation for sure.”

“Christine is right Ace. Siguro, mas magagalit pa nga si Lor kung mas mapapatagal ang pagsasabi mo sa kanya na aalis ka. Tandaan mo, mutual feelings na ang nararamdaman niyo para sa isa’t-isa. In order to survive some trials that may come to the both of you, you need to trust him. And ofcourse, he needs to trust you.”

We heard the bell rang, it signals that it’s just 15 minutes more before the lunch period ends. Sandali pa akong natahimik, pagkaraan naman ay humarap ako sa kanila, “I think, you’re right guys. I’ll talk to Lor now.” Kaagad silang napangiti sa sinabi ko. “And thank you ng pagkarami-rami, bestfriends.”

I headed to the garden naman, tutal, ito ang lugar na madalas niyang pagtambayan together with his friends. Pumasok ako sa loob and naabutan kong nagkakatuwaan sila roon.

“Oh, ang prinsesa pala ng barkada ang nandito eh!” Sabi sa akin ni Geoff. Napangiti naman ako.

“Gago, prinsesa iyan ng prinsepe natin. Huwag mong agawin!” Bawi naman ni Brix.

“Actually, gusto ko sanang makausap si Lor. Nang kaming dalawa lang.”

Kaagad naman nila akong inasar. “Wuuuu, hindi pa nga kayo may ganyan-ganyan na! Mga bata pa kayo ah!” Pang-aasar naman ni Mark.

“Dude, palibhasa kasi matanda ka na!” Segunda naman ni Geoff.

“Gago!” Sagot ni Mark. Nagkatawanan naman silang lahat.

“Magsialis na nga kayo rito. Ang gugulo niyo eh.” Sabi naman ni Lor.

“Aba, ang prinsepe natin, pinapaalis na tayo? Mahal na prinsepe, huwag naman pong ganyan!” Napakamot na lamang ako sa noo dahil sa sinabi ni Brix, kinaladkad na lang tuloy siya ni Geoff palabas ng garden kasama noong iba.

That was my cue para tumabi at tumapat kay Lor. “Ano bang sasabihin mo? Sinasagot mo na ba ako?”

Inirapan ko lang tuloy siya. “Ha, ang kapal ng mukha mo ngayon ah?”

Tinawanan niya lamang ako. “Actually, importante ang sasabihin ko.” Tinitigan niya ako ng mabuti, huminga ako ng malalim. “Aalis ako next week.”

“Saan ka naman pupunta?”

“Sa Japan.”

Kumunot iyong noo niya. “Ang layo naman ‘nun, seryoso ka ba?” I nodded. “Sinong kasama mo? At saka anong gagawin mo ‘dun?”

Huminga na naman ako ng malalim. Omg, ito na. “Remember the times na nala-late ako ng uwi because 3 times a week eh nasa AVR kami? It was all about the International Scientific Competition na gaganapin nga sa Japan hindi ba?” Tumango siya sa akin. “And alam mo naman na we’re the representative of our country for the said contest and alam mo ring matagal na kaming nagpa-practice, since last summer pa nga. Two weeks from now is our competition na, so next week eh aalis na kami.”

“Edi, si Carl ang makakasama mo? Siya palagi iyong kasama mo mag-practice hindi ba?”

Tumango ako pero hindi ko tinitingnan iyong reaction niya. “Kasama ko rin sila Ma’am Lacangan, at saka iyong dalawang coach namin.”

“Gaano ka katagal mawawala?”

“Matagal na siguro ang isang buwan.” Huminga na naman ako ng malalim.

Medyo matagal pa bago siya nagsalita. At sa totoo lang, iyong medyo matagal niyang pananahimik eh talagang nagpakaba sa akin. Magsasalita na nga sana ako and I was going to tell him how sorry I was dahil hindi ko sinabi sa kanya ng maaga nang bigla naman na siyang nagsalita. “Basta, huwag mong kakalimutan ang pasalubong  ko ha?”

---

Nanglaki ang mata ko sa sinabi niya at kaagad akong tumingin sa kanya. And swear, I saw him smiling. I don't know if I'm just hallucinating or what, but he's really smiling. "You're not mad?"

"Why would I be mad?"

"Because, I'll be with Carl? And aalis ako?"

Tinulak niya ng hintuturo niya ang noo ko. "Silly. Ang simpleng dahilan lang iyon. Though aaminin ko na hindi ko gusto na siya ang makakasama mo, pero wala na akong magagawa doon. I arrived here before not knowing na ilalaban pala kayo, so wala akong karapatang magalit, and seriously, I would never be mad because of that reason only. Basta ang tanging gusto ko lang, ipangako mo sa akin na you wouldn't have a change of heart after a month kahit siya pa ang makasama mo lang doon ha?"

It's now my turn na tulakin ng hintuturo ko ang noo niya. "Silly. Why would I do that? Carl and I we're just friends. Baka nga ikaw diyan, makalipas lang ang isang buwan, nakahanap na ng iba."

"That wouldn't happen."

"Yabang! Lakas makasiguro ah! But because you said that it wouldn't happen, I just wanted to say that you can trust me too, because it wouldn't happen to me too."

Ngumiti na naman siya sa akin. "Matalo man kayo o manalo, I'm still proud of you."

"Thanks." Nakangiti ko na ring sinabi.

---

Bigla siyang humiga sa lap ko then look at me straight to my eyes. “I’ll miss you.”

I smiled, “I’ll miss you too.”

Really my bestfriends’ were right, trust is the most important thing to strengthen a relationship.

---

*REVISED: March 11, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 22- Promise

Kanina pa ako tawa nang tawa habang nagsasalita iyong emcee sa may harapan na Japanese. I’m not laughing because he’s stupid or what, besides, hindi naman ako ganoon ka-sama, and I’m not that too much to judge someone. Natatawa lang ako because even though he’s really good in speaking English, ang tigas pa rin magsalita.

“Hey Ace, stop laughing.” Carl whispered. Actually, kanina pa talaga niya ako sinasabihan.

“I’m really sorry Carl, I just can’t help it.” I whispered too. At saka na naman ako napangisi habang tinitingnan iyong emcee. Wala eh, nacu-cute-an talaga ako magsalita doon sa lalaki. Ang sarap iuwi, kung pwede lang nga!

“You’re crazy.”

“Well, that’s part of my charms.” And then, I winked at him.

“Seriously Ace, tumahimik ka na. Malapit na i-announce iyong magiging champion. Kapag ikaw napagalitan ni Ma’am Lacangan and even our coaches, bahala ka.”

Kaagad akong napasimangot. “Bakit, ikaw ba, hindi natutuwa doon sa nagsasalita?”

He looked at me. “Natatawa rin ako, but I am not like you na parang you’re laughing your heart out.”

“Exagg.” Pero sumuko na rin. “Fine, tatahimik na.”

“We really like to extend our gratitude for the 42 countries who joined this International Scientific Competition. This wouldn’t be a great success without all your efforts. We just want to say that we did also enjoyed having you here in our country. So now, for announcing of winners, here’s Mr. Takamuri, the Chairman of 20**’s International Scientific Competition.” He handed the microphone to Mr. Takamuri.

I glanced at Carl. Na kahit kinakabahan ako dahil announcing na eh hindi ko pinahalata. “You think, we’re going to win?”

“Do you want a bet?”

I smirked, lakas ng loob manghamon ng pustahan eh. “Yes. I bet that we’re going to be the Champion. What about yours?”

He smirked at me too. “Lakas mangarap. Tandaan mo, maganda rin ang ipinakita ng Japan.”

Mas lalong lumawak naman ang ngisi ko nang marinig kong natawag ang bansang Japan for the 1st place. Tuluyan na ring nawala ang kaba kong kanina pa itinatago. "Come again? Ano nga ulit sinasabi mo, Carl?"

I laughed nang sumimangot siya sa akin. Tumingin naman ako kila Ma'am Lacangan and iyong dalawang coach namin na hindi masyadong malapit sa amin. They have a big smile plastered to their faces. Parang, na-relieve sila. Siguro, iisa na ang nasa utak namin ngayon.

"So, for our 20**'s International Scientific Champion. They will get the trophy, cash and ofcourse, another 3-week stay in Japan having different projects and activities that deals with Science and leisure too. Congratulations to," Putapete, lakas maka-drumroll dahil ang tagal bago sabihin, "Entry no. 15, from the Philippines!" At saka ako nakarinig ng malakas na palakpakan.

OMG, kahit sabihing kahit papaano alam na namin ito eh ang hirap pa ring tanggapin. "C-carl," I stammered. "W-we won? Kurutin mo nga ako sa pisngi ko baka kasi nananaginip lang ako."

"I think, I don't want to wake up if it's a dream Ace."

Naramdaman namin ang sigaw ng mga malalapit sa amin. "You guys won! Congratulations! You need to go to the stage!" I heard Tamara said, from Indonesia. She became my friend.

Lumapit na rin naman sa amin iyong coaches namin maski si Ma'am Lacangan. "Kayong dalawa, hurry up. Hinihintay na kayo sa stage." Sabi nila sa amin.

Doon na ako natauhan. I hugged Carl. A tear escaped from my eyes. "We did it Carl! Worth it lahat ng pagsisikap natin!"

Then we went to the stage. Carl received the trophy. I, on the other hand, handed the cash. "G-good afternoon to all the people who gathered here today. We would just like to say thank you very much for this trophy and for beong the 20**'s International Scientic Competition."

Napansin ko na ring napapaiyak si Carl. “We really didn’t expected it, though there’s a part of us that we knew we need to strive hard, we still manage to enjoy the competition. Thank you for all the people who became part of this competition. Domo arigato guzaimasu.” Carl said, then bend 90-degrees. Tinuro iyon sa amin nila Ma’am bilang paggalang na rin daw sa bansang Japan.

It’s my turn naman para magsalita, pero tumingala na muna ako sa taas, nagpasalamat bago nagsalita. “Thank you for all the participants who inspires us, who we enjoyed hanging out for the past 3 days. Thank you for the friendship that we all made even though we all knew that we’re just on the competition. Thank you for all the committees, judges, for all the people who made this competition a great success, thank you for all the people who believes that we deserves this title. Thank you for our coaches and Ma’am Lacangan, who never get tired of us even though sometimes, we’re not following them. Thank you for not giving up.” I looked at Ma’am Lacangan and gave her a bright smile. “Lastly, we’re thankful that we are a Filipino. And we’re proud to be a Filipino.” At saka nag-bend din ako. At hindi ko inaasahan na mas malakas pang palakpakan ang maririnig namin.

---

“Congrats bessy! And we miss you!” Malakas nilang sigaw sa akin sa through headset. Muntikan ko pa ngang tanggalin iyon dahil sa sobrang lakas eh.

“Ang sakit sa tenga ng sigaw niyo! But then again, I miss you too bestfriends!” Sagot ko naman sa kanila.

I saw them giggled. Napatawa na rin ako. Kakatapos ko lang makausap sila Mama at Papa sa skype para ibalita na nanalo kami, but surprisingly, alam na pala nila, *kaagad*. Tinanong ko naman kung sino ang nagsabi sa kanila pero ayaw nilang sabihin. Matapos kong makipagkwentuhan sa pamilya ko eh iyong mga bestfriends ko naman ang tinawagan ko para makausap sila at sabihin nga iyong balita.

Bigla ko namang naalala iyong sinabi nila. “Teka, bakit alam niyong nanalo kami ha?”

Dinilaan nila ako pareho. Kung pwede lang mahila ang dila nila sa loob ng laptop eh ginawa ko na, sayang tuloy ang pagkakataon. “Secret walang clue!”

I smirked at them. “Okay fine, madali naman akong kausap. Basta ba, walang magtatampu-tampuhan kapag umuwi ako dahil wala akong pasalubong sa inyo.”

Napangisi pa ako lalo nang makita na kaagad nagbago ang reaction noong mga mukha nila. Sabi na nga ba at alam ko na kung paano sila mauuto eh. “Napakadaya! Fine, we’re going to tell you na.” Christine said.

“It was Lor.” Sagot naman ni Manilyn.

Kumunot naman ang noo ko. “How did he know? As far as I know, wala sa cable ang channel kung saan ipinalabas iyong Competition. And besides, lalong walang live streaming.”

They just shrugged. “Ang alam lang namin, doon sa village nila Lor ay may kapitbahay silang Japanese. Tapos, iyong bata ‘run eh nagkataong kalaro pa noong pamangkin niya kaya naka-close nila iyong family. May ano yata ‘dun eh, iyong parang TFC just like here sa atin kapag nasa ibang bansa tayo? Iyong ‘ganon? Kaya nakapanuod si Lor. Tapos sinabi niya sa amin. Oh Ace, if you could actually saw his face when he announced the big news, grabe, sobrang proud talaga siyang ipangalandakan na nanalo kayo!”

I was taken aback on what I’d learned kaya ‘di agad ako nakapagsalita. “Ayieh, kinikilig siyaaa.” Panunudyo sa akin ni Christine.

“Sino ba naman kasing ‘di kikiligin sa effort noong manliligaw niya.” Sunod namang sabi ni Manilyn.

Nakagat ko na iyong labi ko at tinakpan ang mukha ko. I swear, ramdam ko ang pamumula nang mukha ko kahit sabihing natakpan ko na ito ng unan na nakuha ko sa may gilid ko. “Ugh. ‘Di ko na alam ang sasabihin ko.”

Narinig ko ang hagikhikan nila. Kaagad akong napakagat sa labi at tinakpan nang unan ang mukha ko. “Well bessy, okay lang naman ang kiligin.” Magsasalita pa sana si Christine when I heard her phone rang. “Oh wait, labas lang ako okay?”

Tumango naman kaming dalawa, lumabas naman si Christine kaya naman napatingin nang muli sa akin si Manilyn. Tinanggal ko naman na iyong unan sa mukha ko. “Bessy, can I ask you something?”

“Hmmm, about what?”

“Do you remember Raffy?”

Sandali naman akong natigilan. What’s with the sudden change of topic? “Oh, him. Yes ofcourse, I do remember him. Why? Nagbalik na ba iyong cousin mo?” Casual na tanong ko.

She looked at me intently. “What if he came back? What if he’s already here? Anong gagawin mo?”

Na-gets ko naman iyong gusto niyang iparating. “Ang ibig mo bang sabihin eh, kung sakaling nandito na siya, anong gagawin ko kay Lor?” Well guys, let me tell you something. As you can see, simula bata pa lamang kami ay magbe-bestfriends na kaming tatlo. When we were 6 or 7 if I’m not mistaken, dumating iyong pinsan ni Manilyn from States named Raffy. The 4 of us became playmates. Eventually, pambatang crush or puppy crush between us ‘yung nangyari. I cannot say that he’s *my first love* since bata pa kami ‘nun so I can say na ganoon lang ‘yung nangyari. Before they went to States, he promised that when we grow up, he’ll court me and he’ll marry me.

I can say that I was actually holding to that promised for like, 6 years, and alam iyon ng mga bestfriend ko. Tinigil ko lang because I somehow felt na hindi na matutupad iyon, besides mga bata pa kami ng mangyari iyon. Baka nga, nakalimutan na niya iyong pangakong iyon. Ni hindi na nga siya umuwi eh pa ulit so talagang kinalimutan ko na.

"Bessy, I really like Lor. I really, really like Lor. Kahit sabihin mong dumating pa si Raffy, hindi iyon sapat para bitawan ko na lamang si Lor. And I don't think, magagawa kong iwanan siya just for the sake of that childhood promise. Kaya kung sakaling dumating man itong si Raffy, huli na, 'cause I finally found Lor."

I noticed the playful smile of Manilyn. Kumunot ang noo ko. "Why did you ask?"

"Wala lang. Let just say that I'm really happy sa sinabi mo. Alam naman nating tatlo na kahit pambatang pangako iyon ay pinanghahawakan mo pa rin iyon before. Masaya lang ako na nakuha mong magustuhan si Lor kahit alam mong may pinaghahawakan kang pangako noon."

"Speaking of Raffy tutal napag-usapan na natin siya, eh kamusta na iyon?"

"Ang alam ko lang, he's doing great sa States. Iyon na rin kasi ang sinabi sa akin nila Tito. Matagal ko naman ng hindi nakakausap si Raffy dahil alam mo naman, iba ang kulturang kinalakihan nila. You know, the guys stuffs na ginagawa sa States like sports kaya wala palagi sa bahay." Manilyn looked at her watch after she said those things. "Sige bessy, ang tagal dumating ni Christine eh. Alam naman naming kakausapin mo pa si Lor so I better end this call na. Ako na lamang bahala magsabi kay liit."

Napatango naman ako. "Oh, okay. Ingat kayo diyan. I'll be back after 3 weeks."

She smiled. "Yep, ikaw din. 'Wag kang masyadong magkakakausap ng mga Japanese ha? Malay mo minumura ka na nila or baka may plano silang masama sa iyo. Basta, 'wag maging tanga okay?"

I laughed hard. “Bwisit ka talaga.”

She did the same. “Pero ‘wag mong kakalimutan ang pasalubong ha?”

Napailing na lamang ako habang nangingiti. “Fine, fine.” After that eh pinatay na niya iyong tawag.

Nahiga naman ako sa kama at nagpahinga sandali. Sakto namang may narinig akong may kumatok sa may pintuan ng kwartong pinag-stay-an namin ngayon. Kaagad naman akong bumangon at tinungo ang pintuan. “Yes?”

“Ace, si Carl ‘to.”

Kaagad ko namang binuksan iyong pinto. “Oh, bakit?”

“I guess, magugustuhan mo ang makikita mo sa labas.”

Kaagad naman akong naging excited. “Bakit? May snow na ba?” Tumango sa akin si Carl. “OMG! Gusto kong makita!” I exclaimed.

Ngumiti siya. “Tara labas tayo?”

Pero kaagad din akong natigilan sa pang-aayang iyon. “Oh, wait. M-may gagawin pa nga pala ako.”

“Ano naman iyon?”

“A-ah, hindi ko pa kasi nakakausap si L-lor. I still need to talk to h-him.”

He gave me a slight smile. “Sige okay lang. Pwede pa naman na ipagpabukas o ‘di kaya ay mamaya kung pwede ka na. Basta, katukin mo na lang ako sa may kabilang kwarto.”

I nodded at him. “O-okay.”

Sinarado ko na iyong pintuan at pumunta sa kama, napabuntong-hininga pa ako bago binuksan muli iyong laptop na dala ko. I went to facebook para i-chat si Lor. Tinanong ko kung online pa ba siya since naka-offline na iyong account niya. Sumagot naman siya kaagad at sinabing online pa nga raw siya at kung pwede na raw bang mag-skype kami. I typed yes, at saka dumiretso na ako sa skype. After ilang segundo, sinagot ko na iyong tawag niya.

“Congrats Ace!” All smile niyang sabi sa akin once na magkakitaan kami ng mukha sa screen.

Napangiti ako ng todo. “Thanks. Really, thanks. My bestfriends told me na ikaw nga raw ang nagsabi sa kanila na nanalo kami pati na rin sa parents ko. I really appreciate the effort.”

“You’re always welcome Ace. And I’m really, really proud of you.” I immediately felt myself flushed. “So, ano na bang ginagawa mo ngayon diyan?”

“Sa ngayon, binigyan muna kami ng isang buong araw na pahinga. Then we’ll start our activites tomorrow or maybe the other day if maganda ang weather sa labas.” Sagot ko naman.

“Why? Nag-snow na ba?”

Kaagad akong napatango. “Yes! And I’m very excited to go outside kasi nga kaka-start lang kaninang umambon ng snow. Kaya lang nga ay kakausapin pa kita so hinayaan ko muna iyong snow. Makakapaghintay pa naman iyon.” Mas lalo akong napangiti nang mapansin kong namula

siya. “So, ano na bang ginagawa mo ngayon diyan?” Tanong ko sa kanya na obviously ginaya ang tanong niya kanina.

“Well, bukod sa namimiss ka—“ Shit, lumakas pang todo ang tibok ng puso ko. *Ugh, ang lakas talaga ng impact mo sa akin, Lor.* “We’re doing some activities. Tapos nga ay may project kaming kailangang ipasa sa Filipino since wala nga si Ma’am Lacangan ditto at kasama niyo ngayon diyan.”

Napatango naman ako. “Lor, we’ll still stay here for 3 weeks.”

“It’s okay. Ayaw mo ba ‘nun? Mas mamimiss kita.”

Napailing ako. “Sira ka talaga.”

“Sus, ayaw pang aminin na sobra na niya akong miss.”

Ngumiti ako ng malapad. “I miss you.”

He was taken aback pero nakuha pa ring ngumiti. “And I miss you too.” Pagkatapos nitong sabihin iyon ay napansin kong may kinuha ito sa may gilid. Napansin ko na lamang na phone ito nang mahawakan na niya ito at may pinipindot doon. “Ace, I actually misses you a lot, pero nababawasan iyon, you know why?”

Kumunot naman ang noo ko at na-curious sa kung anong sasabihin niya. “And why?”

May pinindot ito sa phone, maya-maya lang ay may narinig na ako. *“G-gusto ko siya. Pero, p-pero hindi naman niya ako gusto eh.”* OMG! Napatakip ako sa bibig ko. That’s my confession to his friends! Na apparently eh nasabi ko rin sa harap niya! OMG lang!

I swear, sobra na talaga ang pamumula ng mukha ko nang marinig ko iyon. He, on the other hand, couldn't do anything but to laugh. Harder. Argh. Tinakpan ko na naman ng unan iyong mukha ko. "Nakakainis ka! Sabi na nga ba't narinig mo naman ako noong araw na iyon eh!"

"Yes, I heard you, hindi ko naman itatanggi iyon." Now, it's my turn to glare at him.

"Saan nakalagay iyan sa phone mo?"

"Nasa folder ng mga songs, bakit?"

"Hala, baka nakalagay sa playlist mo iyan ha?"

Tumawa ito. "Ofcourse not! Don't worry, sa folder na iyon ng mga kanta, may isa pang folder, 'dun nakalagay iyong recorded voice mo." Inirapan ko naman siya. "Actually, it's Brix's idea to record the whole conversation. Pinutol lang niya sa part na iyan."

Ugh, naalala ko na naman iyong nangyari. "Argh, nakakahiya."

"Lucious Orl Rafael S. Santos."

Sandali pa akong natigilan. "H-ha?" Nagtataka ko namang tanong sa kanya.

"Lucious Orl Rafael S. Santos."

Kumunot iyong noo ko. "What's with your full name?" Tanong ko naman sa kanya.

He suddenly became serious. “I, Lucious Orl Rafael S. Santos, nangangako na kahit anong mangyari after 3 weeks na wala si Ace sa tabi ko ay hinding-hindi magbabago ang nararamdaman ko sa kanya. So just, promise me one thing Ms. Antanasia Chloe Emi M. San Diego that soon to be Mrs. Santos, that you will do the same. That after 3 weeks, walang magbabago. Walang mang-iiwan, no matter what happens.”

I was really stunned sa sinabi niya, but I actually find his actions really sweet, kahit medyo nahihiya ako sa mga sinabi niya. “You’re really sure that we are the end game huh kahit hindi pa man din tayo?”

Kakaibang ngiti ang binigay niya sa akin. Actually, pwede ko iyong itulad sa kakaiba ring ngiti sa akin ni Manilyn kaninang kausap ko siya. “Matagal na Ace. Matagal ko ng alam na end game tayo. Basta, mangako ka ha?”

Umupo naman ako ng maayos sa kama. “I, Antanasia Chloe Emi M. San Diego na magiging Antanasia Chloe Emi San Diego-Santos in the future, nangangako na kahit anong mangyari after 3 weeks na wala ako sa Pilipinas, ay walang magbabago sa kung anuman ang mayroon sila ni Lucious Orl Rafael S. Santos. Kahit anong mangyari.”

*But guess what, really, promises are meant, just to be broken.*

--

*REVISED: April 06, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 23- End this

***A month later.* (OCTOBER)**

"Bessy, naiinis na talaga ako sa *Ikaw Lamang*." It was Christine. Napatingin naman ako sa kanilang dalawa na kanina pa nag-uusap.

"Eh bakit naman?" Sagot ni Manilyn.

"Well, ang tagal kasi nilang lumaki! Heller, masyado nang matagal na sinimulan ang 1960's love nila 'no. Ang tagal dumating nang 2014 version."

"Magreklamo ka sa director saka sa script writer 'wag sakin."

Inismiran siya ni Christine. "Kung pwede lang. At saka, naiinis ako doon sa dalawa, masyadong tanga."

Hinarap naman siya ni Manilyn. "Eh pakelam mo ba kung tanga sila pareho?"

"Eh basta, naiinis ako. Iyan tuloy, pareho silang nagsisisi."

"Ano ba kasi ang pinuputok ng butse mo?" Manilyn snapped. "Ah, 'yung mga tipo mo nga pala eh palaging happy ending."

"Syempre. Sino ba ang may ayaw sa happy ending? You know naman na its our human nature na hangarin na magkaroon ng happy ending ang mga taong nakapalibot sa atin especially ourselves."

I heard Manilyn let a sigh. “Christine, hindi naman porket hindi sila ang nagkatuluyan at nagpakasal pa sa iba eh hindi na happy ending ‘yun. Kung ako ang tatanungin? I’d rather choose the opposite, not because I don’t love happy endings. Let just set an example, *Ikaw Lamang*, tutal eh iyon naman na ang pinag-uusapan natin, sila *Isabel* at *Samuel*, maraming nangyari kaya hindi naging sila sa huli. But guess what, kahit ganoon ang nangyari sa kanila, halata pa rin na mahal pa rin nila ang isa’t-isa unlike those who married the one they thought they really love then eventually maghihiwalay lang pala. Para sa akin, hindi mahalaga kung hindi sila ang magkatuluyan, as long as love is true, their love would last forever.”

“Uyy may pinaghuhugutan siya.” Christine teased. Manilyn just smiled.

Biglang tumayo si Christine. “Wait, anong oras na?” Sumagot naman si Manilyn. “Shet, yung popcorn na niluluto ko sa baba! Sunog na ata! Lagpas na sa oras eh!” At saka ito nagmamadaling umalis sa kwarto ko at nagtungo sa may kusina namin.

They were here in our house dahil, eherm, *wala lang.* Bakit? Kailangan ba, may dahilan ang lahat ng bagay? But seriously speaking, gawain lang talaga namin itong magbebestfriend na makitambay sa kanya-kanyang bahay lalo na when we have our free time. I mean, kapag walang assignments or projects. And besides, Friday naman ngayon.

Manilyn’s gaze landed to me. “May pinaghuhugutan ka talaga kanina bessy.” Natatawa kong kumento sa sinagot niya kanina.

She laughed. “Eh paano naman kasi si Christine. Kilala mo naman ‘yun, ipipilit ang gusto kaya pinangunahan ko na.” I fell silent for a while. “Eh ikaw? Ba’t kanina ka pa tahimik?”

Nabigla ako sa tanong na iyon pero hindi ko pinahalata. “Am I?”

Tumango siya. “Yup. Hindi ka naman ganyan. Kadalasan, sumasama ka sa amin sa usapan, pero ‘yung nangyari kanina? Ang tahimik mo talaga. May problema ka ba?”

I just shrugged. “W-wala naman eh.” Tumitig sa akin si Manilyn, at saka bumuntong-hininga, sumandal sa headboard nang kama ko at nanood muli. Nagsalita rin naman ako maya-maya. “A-anong plano mo?”

“Tungkol saan?”

“Uhm, sa i..inyo ni Harold.”

Medyo tumabi naman siya sa akin. “Hmm, humahanap na lang ako ng tiyempo para sabihin kay Harold. You see, it wasn’t that easy and will never be that easy for me to break that news to him.”

Naramdaman kong parang may nakaharang na kung ano sa lalamunan ko. “Ganoon kahirap?”

I heard her laugh, a sarcastic laugh though. “Syempre Ace. Hihiwalayan mo ‘yung tao na sobra mong mahal pero kailangan, sa tingin mo ba eh madali lang ba ‘yun? It’s not. It’s really not.” Huminga ito ng malalim. “Sa totoo lang, na-i-imagine ko na kung ano ang magiging reaction niya once na sabihin ko ‘yun sa kanya. Alam na alam ko, magagalit siya sa akin. At alam na alam ko, sobra ko siyang masasaktan. Ayoko siyang magalit sa akin, at ayoko siyang masaktan. If ever may choice lang ako, mas pipiliin kong lumayo na kasama siya kahit sabihin pa na masyado pa kaming bata para gawin ‘yun.”

Huminga rin ako ng malalim. “Kung, sakali kayang sinabi mo kila Tito at Tita na may boyfriend ka, sa tingin mo, mangyayari pa ‘to?”

Umiling siya sa akin. “Mas gusto ko na ‘yung ganito, ‘yung kahit 3 years na kaming patago ni Harold at walang alam ‘yung parehong parents namin. For sure kasi, kung sinabi ko na sa kanila na may boyfriend ako, panigurado, sila pa ang unang gagawa ng hakbang para makipaghiwalay ako sa kanya. Knowing my parents, kapag iyon ang gusto nila, iyon ang mangyayari. Atleast ito, may panahon pa ako na makita siya kahit sa huling pagkakataon na.”

Biglang bumukas ang pintuan ng kwarto ko. “Uy, may pinag-uusapan yata kayong importante?” Nilapag ni Christine ‘yung popcorn sa kama ko.

Nagkatinginan kami ni Manilyn. “Pinag-uusapan lang namin ‘yung tungkol sa kanila ni Harold.”

Christine just shrugged. “Tulad nang sinabi mo kanina bessy, if love is true, that love would last forever kahit ano pang mangyari.” At saka ito umupo sa kama ko.

Manilyn smiled. “Pero syempre, mas pinag-uusapan namin kung gaano ka kaliit.”

Umirap ito. “Mas maliit ka pa rin sa akin Manilyn.” At saka sila nagsimula pa ulit na mag-asaran.

Mayroon pa sana akong itatanong sa kanya kaya lamang naisip ko, parang, hindi ito magandang itanong at sabihin ngayon.

I fished out my phone saka dumiretso sa mga messages. I tapped our conversation then started to create a message.

*Tom, s may prk mlpit s Academy, may sbhin ako sau. Around 5 in the afternoon.*

Huminga pa muna ako ng malalim bago ko ito tuluyang sinend sa kanya. Mabilis naman itong nag-reply.

*Okay. See you tom. May sbihin din ako syong importante. Good night. Sweet dreams. ‘Wag mgpa2kpuyat.*

Napahinga na naman ako ng malalim at saka inisip ang mangyayari bukas.

Magagawa pa rin kaya niyang magsend sa akin nang ganito kapag nalaman niya ang gagawin at sasabihin ko bukas? Probably don't.

For the third time, huminga ako ng malalim. Ramdam na ramdam ko iyong sinabi ni Manilyn kanina. For sure, sa sitwasyon ko, Lor will definitely feel the same if I would break that news to him.

Totoo pala talaga iyong sinabi nila na in every positive action, there's a negative reaction. Sana pala, hindi ko hinangad na maging sobrang masaya, kung alam ko lang, *na ganito ang mangyayari.*

xxxxx

"We need… what? Mali yata ako ng rinig sa sinabi mo Ace."

Napapikit ako at muling huminga ng malalim. "We need to end this."

Natigilan siya sa sinabi ko. "W..why?"

Nilaro ko iyong daliri ko. "I once read na if ever some things were ended, never ask why, because you will just sound so pathetic."

He looked at me. I saw pain in his eyes. “Hindi ko ba deserve na malaman kung bakit?”

Huminga na naman ako nang malalim habang pinipigilan na tumulo iyong luha ko. “We need to end this. We’re done already. At wala nang makakapagpabago ng desisyon ko. Umalis ka na lang, Lor.”

He held my arms. “No Ace, sabihin mo sa akin kung bakit. Hindi ‘yung ganito. Bigla ka na lang magkakaganito. Sabihin mo sa akin, please.” Bakas sa tono ng pananalita niya ‘yung matinding frustration at pagmamakaawa. And seriously, ayokong, ayokong makita at maramdaman ‘yun.

Unti-unti kong tinanggal iyong kamay niyang nakahawak sa braso ko, pero mahigpit iyong hawak niya. “We’re done Lor. Huwag mo naman akong p..pahirapan.” Singhap ko. May naramdaman akong tumulo sa braso ko, nag-angat ako ng tingin and I noticed that there are some liquid in Lor’s eyes. Napapikit ako. “P-pakawalan mo na ako.”

“Pahirapan Ace? Really? Eh itong ginagawa mo ngayon, hindi mo ba ako pinapahirapan? Ano bang nangyari? Sa loob ba ng isang buwan mo sa Japan nagbago na ang isip mo? Nagbago na agad ‘yung nararamdaman mo?”

Napasinghap na naman ako. “Ofcourse—“ Aangal sana ako sa sinabi niya pero nabitin lang ‘yung sasabihin ko. May tumulo na ring isang patak ng luha sa mata ko. “Yes.” Kung gagawin ko ito, kailangan ko iyong sabihin. Kahit alam kong hindi ‘yun totoo. “Yes, maraming nagbago. Pati ang nararamdaman ko sayo, n..nagbago. Kaya umalis ka na lamang, please.” Napasinghap ako nang maramdaman kong siya na mismo ang biglang nagtanggal ng kamay niya sa braso ko. Tinakpan ko iyong bibig ko at biglang tumalikod sa kanya.

“I don’t fucking understand it. Ano bang nangyari? Nagkagusto ka ba kay Carl sa isang buwan niyong pananatili roon? You fucking forget me that easy?” Kinagat ko iyong labi ko. Oh god, he cussed. He definitely cussed. “Why do you keep on pushing me away?” Shit, I began to cry. Uncontrollably. “Ace you told me that you wouldn’t have a changed of heart, right? You promised me! We both promised! Anong nangyari sa pangako mo? Laro lang ba ‘to sayo? Isa lang ba akong malaking laro para sayo?”

Hindi ko na napigilang mapahikbi, lalo na nga ng mabanggit niya iyong tungkol sa mga pinangako namin sa isa't-isa. Gustong-gusto kong bawiin 'yung sinabi ko. Pero once na bawiin ko 'yun, alam ko, alam na alam ko, lalo ko lang mapalalala ang sitwasyon, at lalo ko lang mapahihirapan ang sarili ko. *Tama 'tong ginagawa mo Ace, ito ang tama.* "Promises are meant just to be broken Lor. Yes, I promised. But guess what, I just broke it a while ago. You better forget me. Just forget this whole episode as if hindi nangyari 'to. Makakalimutan mo rin ako. Ilang buwan na lang naman at ga-graduate na tayo. Magkakahiwalay din tayo, you better thank me because I just saved you from the advance heartache."

"M…may nagawa ba akong mali so you chose to be with Carl?"

Humakbang ako ng isa, palayo sa kanya. "Alam na alam ko Lor, maiintindihan mo rin ang ginawa kong ito."

"No Ace, kahit kailan, hinding-hindi ko magagawang maintindihan ang ginawa mong ito. Ramdam ko naman na pareho na nating gusto ang isa't-isa. Ba't biglang nagbago? Ba't bigla mong gagawin ito? Ba't bigla mo na lang akong bibitawan?"

I faced him. *Ace, ito na.* "Gusto? Hindi talaga kita gusto Lor. H..hindi talaga. G..gumaganti lang ako sa lahat ng ginawa mo sa akin. I was hurt, really hurt. Kaya naisip kong gumanti sayo. You see, g…ginagantihan lang kita. Hindi kita g…gusto." I held back my tears, then ran away.

Masakit. No, mas masakit. Manilyn was really right, I suddenly remembered what she told me yesterday.

*"Hihiwalayan mo 'yung tao na sobra mong mahal pero kailangan, sa tingin mo ba eh madali lang ba 'yun? It's not. It's really not."*

Pero alam ko, kailangan kong gawin ito. Kailangan naming isalba ang isa't-isa sa mas malaking problemang kahaharapin namin. Malalaman din naman niya ang totoo. But I really hope, once na mangyari 'yun, 'wag sana siyang magalit ng sobra sa akin. Dahil 'pag nagkataon, alam ko, *sobrang sakit 'nun.*

--

*REVISED: May 06, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 24- The twist to their story

“You should talk to him, Ace.” Napatingin ako kay Carl nang sabihin niya ito. Kinausap niya ako nang finally eh mapansin niya na mag-iisang linggo na rin na iniiwasan namin ni Lor ang isa’t-isa.

“Para ‘san pa? May magbabago ba kapag sinabi ko sa kanya ‘yung nalaman ko? Alam ko namang wala eh. Nawala na rin naman ang lahat ng mayroon saming dalawa Carl, kaya alam ko na wala ng mangyayari. Sa tingin mo ba, ano bang laban ko ‘dun sa nalaman ko ha?” Tanong ko sa kanya. Bigla ko na namang naalala ang lahat ng nalaman ko bago pa man kami makauwi ng Pilipinas at ‘yung nangyari last week. *Shit lang talaga. Nakakapanglumo.*

“Posibleng wala. Posibleng meron. Pero atleast, sinubukan mo.”

Napatungo ako. Si Carl, siya pa lang ang tanging sinasabihan ko ng problema ko ngayon. Siya pa lang. Na kahit mismong mga bestfriend ko pa at pamilya ko, nilihim ko ang kinikimkim kong problema ngayon.

Bahagya akong natawa, kahit alam kong naramdaman ko na ang biglang pag-iinit ng mga mata ko. “Bigla kong naalala iyong sinabi mo dati, ‘yung tungkol sa dalawang bida na hindi makuha-kuha ang happy ending nila ng mas maaga dahil mas iniisip nila iyong ibang tao kaysa sa sarili nila?” Huminga ako ng malalim. “Carl, in your own opinion, bakit nga ba hindi makuha ng mga bida ang happy ending nila ng mas maaga sa mga drama at pelikula?”

“Sa totoo lang, naiisip ko, malayo pa kasi sila sa happy ending nila. Marami pa silang kailangang pagdaanan.”

“Pero alam mo kung ano rin ang natutunan ko sa sinabi mo? Na sa buhay, hindi ikaw palagi iyong bida. Hindi ikaw palagi iyong makakakuha ng happy ending. Darating sa buhay natin na minsan, ikaw pala ‘yung gaganap na evil step-sister, the villain, o kontrabida, na tawag ng lahat.” Napatingala ako. “Minsan ba, naisip mo na baka ako ang kontrabidang iyon? Malay mo, pinaglalaruan lang ako ng tadhana, that I needed to meet him, fall for him, then left him eventually, dahil hindi ako ang end game na nakalaan para sa kanya. Isa lang kasi akong hamak na kontrabida na dumaan sa buhay niya bago niya makilala iyong totoong para sa kanya.”

Narinig ko siyang bumuntong-hininga. “Anong plano mo ngayon?”

Pinakatitigan ko iyong damo at napansin kong may tumulong isang luha roon. “Anong plano Carl? Tapos na ‘yung pinlano ko. Pinatigil ko na siya sa kung anong ginagawa niya, tinapos ko na rin ‘yung namamagitan sa amin. Kaya anong plano ka dyan?”

Kahit malabo na ang paningin ko ay napansing kong umiling si Carl. “Wala ka talagang balak sabihin sa kanya ‘no?”

I immediately scoffed. “Carl, ba’t ba hindi mo maintindihan? Ba’t ‘di mo ma-gets ang ginawa ko? Pumipili lang naman ako ah? ‘Di ba nga sabi nila, you can’t have them both? Kaya kahit masakit, sobrang sakit, kailangan kong mamili. Ano ba naman kasing laban ko sa mga nalaman ko? Wala talaga eh. It’s as if, nakalatag na ang bawat gagawin ni Lor. Kung sakali mang piliin ko siya, wala ring mangyayari, hinding-hindi kasi ako makakasama sa mga bawat nakalatag ng gagawin niya.”

Yumuko si Carl. “Remember the 2 truths and 1 lie? *May pinagsisisihan akong bagay na dapat ginawa ko before. Mahilig ako sa bata. At, nagka-girlfriend na ako.*”

Napatingin ako sa kanya sa biglang sinabi niya. “A-anong mayroon sa 2 truths and 1 lie?”

“I actually lied when I say na hindi tungkol sa mga taong nandoon ng araw na iyon ‘yung tungkol sa may pinagsisisihan akong bagay na dapat ginawa ko before.”

Nagtaka ako. “H-hindi ko maintindihan Carl. Anong connect nito sa pinag-uusapan natin ngayon?”

“Nagsisisi ako kung bakit hindi kita niligawan ng mas maaga. Kung bakit hinayaan kong ikalat ni Minah sa buong Academy na girlfriend ko siya kahit hindi naman. Hinayaan ko, kasi natatakot akong malaman mo ang nararamdaman ko at baka bigla mo na lang akong iwasan.”

Natigilan ako. “C-carl.”

“Imagine Ace, simula pa lamang noong first year tayo ay gusto na kita. Nagtiis ako ng tatlong taon dahil inakala kong mawawala ito. Nagtiis ako ng tatlong taon para hindi mawala iyong pagkakaibigan natin na iniingatan kong ‘wag masira. Pero ‘yun yung mali ko eh, sa sobrang takot kong aminin sa iyo ang nararamdaman ko, sa sobrang takot kong sumugal, mas lalo lang akong natalo. Mas lalo lang nahuli ang lahat para sa akin. Ang daming what if’s, what if hindi ako natakot? what if sinabi ko sa iyo ng mas maaga? What if niligawan kita ng mas maaga? Ano kayang mangyayari? Makukuha mo kaya akong mahalin bago pa man dumating si Lor?”

“H-hindi ko maintindihan. B-bakit mo sinasabi ang lahat ng ito sa a-akin?”

“Sabihan na akong selfless Ace, wala akong pakielam. Alam nating dalawa kung gaano mo kagusto si Lor. Masakit man sakin pero iyon ‘yung katotohanan. Pero isa lang ‘yung hinihiling ko sa iyo, ‘wag na ‘wag kang tutulad sa akin. Sabihin mo sa kanya kung sakaling hindi niya pa alam. Atleast, alam mong may ginawa ka. Atleast, malalaman niya pa na hindi totoo ‘yung mga masasakit na salita na sinabi mo. Mahirap magsisi sa bandang huli, dahil hinding-hindi mo na makukuha o mababalik ang anumang mayroon ka dati.” Nahigit ko na ang hininga ko ng mga oras na iyon.

Pagkatapos niyang sabihin iyon ay napansin ko namang tinatawag na siya nila Alvin at Alex, mga bestfriend niya. “Ace, hindi one-sided ang isang relasyon. Hindi pwedeng ikaw lang ang magdesisyon nang hindi mo sinasabi sa kanya kung ano ba talaga iyong totoo. Hindi pwede iyong ikaw na lang basta-basta ang biglang mang-iiwan. Sana, hindi ka magsisisi sa bandang huli, na sasabihin mo sa sarili mo na sana ginawa mo ang mga bagay na kasalungat sa inaakala mong tama.”

*‘Yun yung problema Carl. Magsisi man ako, nangyari na eh.*

Nag-stay lang ako sa lugar na iyon na nakayuko lang. Nanuyot na nga iyong mga luha na iniyak ko sa pisngi ko. Gusto ko pang umiyak nang umiyak, nagbabakasakali na baka ‘pag ginawa ko iyon ay mawala lahat ng nararamdaman ko.

Gusto ko na lang mapagod. Gusto ko na lang mamanhid. Umiiyak na rin ako ng mag-i-isang linggo, pero bakit ganoon? Bakit kung makaiyak ako ay parang nangyari lang ito kahapon?

Maya-maya ay naramdaman ko ang biglang paglakas ng tibok ng puso ko. Isang tao lang naman ang nakakagawa nang ganoong reaction sa akin. Inangat ko ang ulo ko at muntik nang mapasinghap nang makita ko siya na malapit lang sa akin.

“A-anong ginagawa mo rito?” Humakbang siya palapit sa akin. Huminga ako ng malalim. “A-anong gagawin mo?” Humakbang na naman siya ng isa. Hanggang sa malapit na kami.

Huminga na naman ako ng malalim. *Ace, ‘di ba dapat ngayon ay umalis ka na? Ba’t ‘di mo magawang tumayo? Iniiwasan niyo ang isa’t-isa hindi ba?* Napabuntong-hininga ako. *Ace, umiwas ka na, parang-awa mo na. Isalba mo naman ang sarili mo sa sakit.* “Ba’t, ba’t ka nandito, L-lor?” Nagkaroon pa ng parang bikig sa lalamunan ko nang banggitin ko ang pangalan niya. Shit, ba’t ba ang hirap pa rin sa aking iwasan siya?

Napasinghap ako nang lagpasan lang niya ako. “T-teka—“ Naputol ang sasabihin ko nang mapalingon ako at makita kung ba’t niya ako nilagpasan. Nandoon kasi ‘yung pamangkin niya, ‘yung Harris. Nakasuot nang pang-kinder na uniform ng Academy. *Shit, ba’t ‘di ko naisip na dito nga pala nag-aaral ‘yung bata?*

Naramdaman ko ang pag-init ng mukha ko sa pagkapahiya. Pero nararamdaman ko na rin ‘yung mainit na bagay na namumuo sa mata ko. Napansin kong lumakad na naman siya, this time, *palayo sa akin* para malapitan iyong pamangkin niya. *Tama iyang ginagawa mo Lor, iyan ang tama. Diretso lang, ‘wag ka ng lilingon sakin kahit gustong-gusto ko makita ang mukha mo.* Pero napapikit ako. Why do I have this feeling na each time he step forward, parang unti-unti na rin talaga siyang lumalayo at napapalayo sa akin? *Shit, masakit.*

Hindi ko na nakaya iyong nararamdaman kong sakit sa dibdib ko kaya napagpasyahan kong tumakbo na lang. Napatigil naman ako sa pagtakbo nang naramdaman kong may biglang sumaklit ng braso ko. Napatingin ako doon, and it was Manilyn. Instinct na rin siguro, o dahil bestfriend ko siya, niyakap ko siya at biglang humagulgol.

Mukha namang nabigla siya sa ginawa ko. “A-ace, anong nangyari? Bakit ka umiiyak?”

Mas hinigpitan ko iyong yakap kay Manilyn. “Bessy, bessy.” Ungot ko naman sa kanya.

Umalis siya sa pagkakayakap namin at pinunasan ang mga luha ko. “Ace, anong nangyari? Come on, tell me.”

“Manilyn, ang hirap. Sobrang hirap.” Sabi ko sa kanya. Siguro, ilang segundo rin akong humagulgol doon habang paulit-ulit na sinasabi ang mga iyon sa kanya hanggang sa nagawa ko ng pigilan ang sarili ko sa pag-iyak.

Napasinghot ako. “Ace, ano bang problema? Please, care to tell me. Kung ayaw mong dito sabihin, tara punta tayo sa may elementary building. Doon sa may playground.”

Nagpatianod naman ako sa hatak niya sa akin hanggang makarating kami roon. Pagkaupo ko sa damuhan ay kaagad akong nagsalita. “S-si, Christine?”

“Kasama ni Janeth sa may SGO Office, may gagawin daw sila eh. Kagagaling ko nga lang doon eh noong makita kita na tumatakbo. Mukha namang hindi mo ko nakita kaya bigla kong kinuha ang braso mo, ‘tas nagulat ako na umiiyak ka pala. Ano bang nangyari? Ba’t ayaw mong sabihin sa akin, sa amin? Is it about Lor? Christine and I noticed na mag-i-isang linggo niyo nang iniiwasan ang isa’t-isa. Come on, tell me, I’m willing to listen.”

Pinaglaruan ko iyong daliri ko. “Can I ask you something first?”

“Ano ‘yun?”

“ A-ano, tanda mo ba noong tumawag ka sa akin noong kulang isang linggo na lamang at uuwi na kami from Japan? ‘Yung reason, kung bakit kailangan mong makipaghiwalay kay Harold kahit, hindi mo naman gusto?”

Napansin kong parang inalala niya iyong nangyari noong araw na ‘yun. “Iyon bang sinabi ko sa inyo na sabi sa akin ni Mommy na mayroon na raw akong fiancé? Ano ‘yun?”

Napatango naman ako. “What if I told you na—“ Huminga ako ng malalim. “Kilala ko na kung sino ‘yung magiging fiancé mo?”

Bakas sa mukha ni Manilyn ‘yung gulat. “H-how did you know? Did you asked Mom or Dad?”

Napatungo ako. “After 2 days buhat nang sabihin mo sa amin ni Christine via skype ‘yung nangyari, I tried to contact your parents to clarify what you’d said. Hindi ko kasi matanggap na you’ve been happy with Harold for 3 years tapos bigla kayong maghihiwalay dahil lang sa may fiancé ka. I wanted to ask them too why you have to marry someone you didn’t know at a young

age since alam ko naman na hindi mo na makukuha iyong tanungin sa kanila because you were really shock that time. Your Mom answered my call, and we talked."

[Flashback]

"Tita, please, tell me, who is it?"

"Ace, why do you have to know? Ang mas mabuti pa, mag-enjoy ka na lang dyan sa Japan at 'wag mo munang isipin 'yung mga sinabi sa iyo ni Manilyn."

"B-but, Tita—"

"Bakit niyo ba gustong malaman kung sino? Pinapatanong ba ni Manilyn sa inyo? So when she already know who's her fiancé, eh gagawa siya ng paraan para makawala roon?"

"Tita, no. That's really a big no. W-we just cared for Manilyn. Hindi man po niya kasi ipinapakita, alam po naming, ramdam po namin na nahihirapan siya."

I heard Tita let a sigh. "I'm sorry Ace. Naiintindihan ko naman. Actually, it's Lor who—"

Parang may biglang sumabog sa utak ko dahil sa narinig ko. Kaagad kong pinutol ang idudugtong nito. "T-tita, L-lor?"

Sandali itong natigilan. "Uhm, ahh, yes. Lor. His full name is Lucious Orl Rafael Santos, you know him since he's your classmate right? Why?"

I gasped. Bigla akong nahirapang huminga. “T-tita, s-si L-lor po?”

“Ah yes, Ace. It’s Lor who—“ Hindi ko na narinig ‘yung susunod na sinabi ni Tita dahil biglang nalaglag sa tenga ko ‘yung phone ko. Naramdaman ko na rin ‘yung sunod-sunod na pagtulo ng luha mula sa mata ko.

[End of flashback]

“A-ace, if, if you wanted to tell me who’s my fiancé, I..I don’t think I wanted to know, Ace. B-baka kasi, sisihin ko lang ‘yung taong iyon sa lahat ng nangyayari sa akin. B-baka, hindi ko alam kung anong magawa ko sa kanya. Kaya Ace, please, I don’t want it to know. Thank you sa effort but, iregalo mo na lamang sakin ‘yung katotohanan kung sino man siya.” Napatango na lamang ako. “Is it the reason why you are crying? Because, you already knew who I am going to marry? And, nasasaktan ka para sa akin?”

“Yes.” Walang atubiling sagot ko. *Yes, it was somehow true.* I was hurt because of the fact that Manilyn is already happy with Harold yet she have to broke up with him because of the stupid arrange marriage thing, and I was hurt because of the fact that the person who’s my bestfriend is going to marry*, was no other than, Lor.*

---

*REVISED: May 22, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 25- Leave

Tiningnan ko 'yung papel na may nakalagay na parang kontrata pero hindi naman kontrata ang nakasulat, at saka ko iyon pinirmahan. "Are you really sure about this thing, Chloe?"

Tiniklop ko 'yung papel sa dalawa at isinilid sa bag ko. "Ilang araw ko na rin naman po itong pinag-isipan, Ma'am. Pumayag na rin naman po sila Mama sa desisyon ko. Besides po, nakatulong na rin ako kahit papaano kay Janeth sa problema niya since siya naman po talaga dapat ang gagawa nito. At saka Ma'am, wala na pong atrasan since napirmahan ko na po itong waiver."

Tumingin sa akin ng mataman si Ma'am. "Baka naman Chloe, ginamit mo lang ang project na exchange student ng kapatid na Academy natin para makaalis at para meron kang dahilan para lalong iwasan iyong iniiwasan mo?"

Napangiti ako. "Ma'am naman."

Tumayo ito at sinimangutan ako. "Mabuti pang tumayo ka na at umuwi na. Papipirmahan mo pa iyan sa mga magulang mo. Ihahatid ka na lamang ng Academy sa Sunday since medyo malayo 'yung papasukan mo dito sa Bulacan."

Tumayo rin ako. "I'll miss you Ma'am." Napangiti ako nang mapansin ko na natigilan siya. Nang humarap sa akin si Ma'am ay niyakap ko siya.

"Ikaw talagang bata ka." Hinigpitan ni Ma'am 'yung yakap niya sa akin. "Magpapakabait ka 'dun ha? October ang buwan natin ngayon, babalik ka dito nang March na kaya mag-iingat at mag-aaral kang mabuti ha?"

Tumango naman ako. "Ah Ma'am, pwede po request? Pwede po bang 'wag niyong sabihin kahit kanino kung saan po ako lilipat na school? Advance thank you po."

“Madali lang naman ‘yang gusto mo dahil ‘yun naman talaga ‘yung rule na nakalagay sa waiver mo. Pero wala akong magagawa kapag tinanong nang mga kaklase mo ang papalit sa iyo na taga St. Mary Academy.”

Humiwalay ako sa yakap ni Ma’am. “Kilala niyo na po ba ‘yung papalit sa akin?”

Tumango si Ma’am. “Actually, apo na siya sa tuhod ng founder ng Academy nila. Napakapasaway daw ‘nun kaya siya ang naisipang ilipat dito. Ang alam ko, porket apo sa tuhod ng may-ari, may kundisyon pa bago siya talaga lumipat dito.”

Napanganga naman ako. “Hala, grabe naman ‘yun, Ma’am.”

Ngumiti sa akin si Ma’am. “’Wag mo ng problemahin iyon Ace. Kakausapin ko na lang ‘yung papalit sa iyo at sasabihin ko sa kanya ‘yung pabor na hinihingi mo.”

Napailing naman ako kaagad. “Hala, Ma’am. ‘Wag na po. Ako na pong bahala ‘dun Ma’am. Kakausapin ko na lang po siya bago pa man siya pumunta rito besides, Sunday naman po eh nandoon na ako.”

Tinapik na lang ni Ma’am ‘yung balikat ko. “Mamimiss din kita Chloe.”

Pagkaraan kong makalabas ng office ay dumiretso ako sa room namin. Nakalimutan ko kasing bitbitin ‘yung folder ko na naiwan ko pa pala sa room. Pagkaraan kong makuha ‘yung folder ko eh nagulat naman ako na nasa may likod ko ‘yung dalawa. “Anong problema niyo?” Tanong ko sa kanila nang malaglag ko ‘yung folder dahil sa gulat ko sa kanila.

“Madaya ka!” Sigaw sakin ni Christine. Na sinegundahan ng oo-nga ni Manilyn.

Inirapan ko sila. “Whatever.”

“Nakakainis ka!”

“Edi mainis kayo!” Binelatan ko sila. “Ayaw niyo ba ‘nun? Mamimiss niyo ako ng 4 months? At saka, ano ba kayo? Uuwi naman ako ng Christmas vacation ‘no! At babalik din naman ako ng March! Hindi niyo lang nga ako pwedeng puntahan o bisitahin sa papasukan ko kasi ‘yun yung parang rule. Para nga raw makakilala ng bago and blah, blah, blah. Kaya nga ‘di ko pwedeng sabihin sa inyo ‘yung lilipatan ko eh.”

“Madaya pa rin! Sinabi mo sa amin ‘yung balak mo kung kailan limang araw na lang eh aalis ka na!” Sagot ni Christine.

I hissed. “Eh ‘dun lang din naman ako nakapagdesisyon eh! Bakit ba!”

“Umalis ka na nga ng isang buwan tapos aalis ka na naman! Aba! Namumuro ka na Ace, promise.” At saka nag-walk-out si Christine.

Napabuntong-hininga ako at saka hinarap si Manilyn. “Okay, I’m sorry. I really am. Pero wala na akong magagawa, napirmahan ko na ‘yung waiver. Sorry, dahil kahit alam kong seniors na tayo and I know na kailangan na natin ng bonding bago tayo makagraduate eh aalis pa ako. Ulit. Sorry, sorry talaga. Pero sana, maintindihan niyo ako.”

Manilyn gave me a comforting smile. “Pupunta na lang kami ni bessy mamaya sa inyo, Ace. Hayaan mo muna si Christine, kilala mo naman ‘yan. Masyadong matampuhin. After some stuffs na pag-uusapan natin sa inyo, tulungan ka naming mag-impake ng mga kakailanganin mo pa. Then, magkwentuhan na lang din tayo buong gabi ng kung anu-ano.”

Napatango at napangiti ako. “Bet ko ‘yun.” Kinuha ko na muli iyong folder na nalaglag ko. “Sige na. Papipirmahan ko pa ‘to kila Mama. ‘Tas babalik pa ako dito sa Academy para ipasa.”

Pagkalabas ko ng classroom ay dumiretso na ako palabas ng Academy. Pero bago pa ako makalabas ng tuluyan ay nadaanan ko pa ang garden. Napatigil ako sandali at tinitigan ang kabuuan nito. Nahigit ko ang hininga ko ng maramdaman kong biglang lumabo ang paningin ko dahil sa luha.

Nakagat ko iyong labi ko. *Sobra kong mamimiss ang lugar na ito. Pati na rin syempre, iyong tao sa likod kung bakit mamimiss ko ang lugar na ito.*

Natagpuan ko iyong sarili ko na nasa loob na ng garden. Papasok pa sana ako sa pinakaloob nito nang may marinig akong kaluskos. Lumakas bigla iyong tibok ng puso ko. Tumigil muna ako sa paglalakad para sumilip. Napangiti ako nang mapait nang makita ko *siyang nakasandal sa puno, natutulog*.

Tumingin ako sa paligid and I realized na kami lang pala ang tao rito. I grabbed that opportunity kaya lumapit ako sa kanya. Naupo ako malapit sa kanya at napabuntong-hininga. Gustong-gusto ko siyang kausapin. Sobra-sobra ko siyang namiss sa loob ng isang buwang nasa Japan ako at pakiramdam ko, kahit araw-araw naman kaming magkausap sa skype bago pa man ako makauwi ay kulang na kulang pa rin para sa akin. ‘Tas pagbalik naman nga namin eh hindi ko na rin siya nakasama pa dahil sa ginawa kong pag-iwas sa kanya at pagpapatigil sa kung anong ginagawa niya.

*Shit.* Napatawa ako nang mapakla sa lahat ng pinagdadaanan ko ngayon. Ba’t ba kasi sa lahat ng tao sa mundo, si Lor pa ang naging fiancé ni Manilyn?

Ano bang gustong sabihin sa akin nang tadhana? Huh, kung tao lang siguro ang tadhana, panigurado, he’s laughing his ass out dahil sa mga nangyayari sa akin. Linsyak na ‘yan.

Pinakatitigan ko ‘yung mukha niya, ‘yung simpleng pagngiti niya, sobrang mamimiss ko. ‘Yung sweet text messages niya, ‘yung tawa niya, ‘yung pakiramdam na safe ako kapag nandyan lang siya sa tabi ko, lahat ‘yun, mamimiss ko.

“Sana, dumating iyong punto na nasa tamang oras at nasa tamang pagkakataon tayo para pwede na ulit maging tayo. But I guess, it’ll never happen. I’m really really sorry, pero sana maintindihan mo ‘ko. Kahit alam kong hindi tama, I’m still holding to my promise no matter what, because I never have a changed of heart,” Hinaplos ko iyong buhok niya, ‘yung magaan lang para hindi siya magising. Proud naman ako sa sarili ko dahil hindi na nag-crack ang boses ko or naiyak man lang ako.

“And I think, kahit umalis man ako, I would never changed my heart that only belongs to you. So bye Lor, see you after four months.” Dugtong ko.

Tumayo naman na ako, pero bago ako tuluyang makalayo ay tumingin pa ulit ako sa kanya. At saka na ako dumiretso sa bahay namin. Nandon naman na sila Mama at Papa at mukhang hinihintay ako. Binigay ko naman sa kanila ‘yung waiver at pinirmahan naman nila ito kaagad. Umakyat naman na ako sa kwarto ko para magbihis. Pagkababa ko naman ay kinuha ko na ‘yung waiver at muling bumalik sa Academy para ibigay naman sa Principal namin. Binilinan niya pa muna ako nang maraming bagay bago ako tuluyang nakauwi.

Pagkarating ko naman sa bahay ay nakita ko sila Mama sa may sala na inaayos ‘yung mga gamit ko. Nakuha naman ni Papa ‘yung tingin ko. “Are you really sure about this, Ace?”

Napatawa ako at naupo sa katapat nilang sofa. “Pa. Pareho talaga kayo ni Ma’am Lacangan. Pinirmahan ko na ‘yung waiver, tapos, pinirmahan niyo na rin po ‘yung waiver ko eh ngayon pa ba ako magbaback-out? And besides, napag-usapan naman na po natin ‘to ‘di ba?”

Natawa rin naman si Papa at Mama sa sinabi ko. “Mamimiss ka lang ng Papa mo Ace. You see, isang buwan kang nawala noong lumaban ka sa Japan. Then now, aalis ka ulit?”

“Now, you sound like my bestfriends Ma.” Sagot ko. Napailing na lang sila sa akin. “Go to your room na.” Anunsiyo nila sa akin.

Kumunot naman ‘yung noo ko. “Nandyan na sila Manilyn and Christine. They told us na alam mo raw na pupunta sila.” Napa-ohh naman ako at saka nagmamadaling umakyat sa kwarto ko.

Pagkapasok ko naman sa kwarto ko ay nakita ko silang inililibot ‘yung paningin sa kabuuan ng kwarto ko. Mayroon kasi ilang kahon-kahon din dahil syempre, nandoon ‘yung mga damit ko.

“It really looks like na parang ‘di ka na babalik.” Manilyn said.

“Joke ba ‘yun? Ofcourse babalik ako! Four months remember?”

Nakahalukipkip pa ring nakatingin lang sa labas ng bintana nang kwarto ko si Christine. “Oh, may nagtatampo pa rin pala?” Pang-aasar ko rito. Tiningnan naman niya ako at inirapan at muling tumingin sa may bintana.

I faced Manilyn. “Uy, four months akong wala rito. Bantayan mong maigi ‘yang si Christine ha? Baka kasi pagbalik ko, wild animal na ‘yan at bigla na lang akong sagpangin.”

Tumawa ito. “I will, don’t worry.”

Tumabi ako kay Christine. “Hoy liit, bati na tayo ples? Sige ka, ‘pag bumalik ako, ‘di na kita papansinin forevs!”

Tuluyan na akong tiningnan niya, natakot siguro sa banta ko. “Nakakainis ka naman kasi eh! We promised! We promised!” Bigla naman akong kinabahan pagkarinig ko ng salitang promise. “We promised na susulitin natin ang pagiging seniors tapos bigla kang mang-iiwan!”

Napangiti ako at saka nag-isip nang paraan para mawala ang tampo niya sa akin. Aha! “I’ll miss you Christine.” Nakangisi kong sagot sa kanya.

Sasagot na sana ito nang may bigla akong narinig na kalabog. Napatingin kami bigla sa may aparador kung saan nagmula iyong tunog and we saw Manilyn na nasa baba nito. “Anong nangyare?” Nag-aalala kong tanong sa kanya.

Tumingin siya sa amin, and she smiled. Kumunot naman ang noo ko sa ngiti niya, bakit parang may mali? “W-wala.” Saka nito pinalo ‘yung aparador ko. “Pinalo ko lang naman ‘yung aparador. Ang k-korni kasi ‘nung I’ll miss you mo bessy.” Tumawa ito at nakisabay naman si Christine habang tinutulungan itong makatayo. Tumingin ito sa phone nito at muling tumingin sa amin. “Hey, iwanan ko muna kayo ha? Tinext ako ni Mommy na kailangan ko na raw palang umuwi. Don’t worry guys, bawi ako tomorrow saka ihahatid kita sa Sunday Ace.” Wala na akong nagawa kung hindi tumango na lamang.

Nanatili naman kami ni Christine sa kwarto ko at nagsimulang magkwentuhan na at kinalimutan na ‘yung nangyari kay Manilyn kanina. Ewan ko kung paano nagsimula, pero dumating na lang sa point na nagsisimula na akong sabihin sa kanya ‘yung nangyari sa akin nitong mga nakaraang linggo.

Matagal siya bago nagsalita. Parang dinidigest ‘yung mga sinabi ko. Mahirap nga naman kasing tanggapin ang lahat ng ‘yun, parang information overload. “So that explains everything. ‘Yung lahat ng nangyari, ganoon pala?” Tumango naman ako.

“So, Christine, *p-paano kapag, kailangan mong mamili sa dalawang taong importante sa buhay mo? S-sinong mas pipiliin mo?”*

Matagal ulit bago siya nakasagot. “Sa totoo lang, I really don’t know. But I guess, tama naman ‘yung ginawa mo. You just save Lor and yourself from heartache. Pinakawalan mo siya because you think it was the right thing to do dahil nga fiancé siya ni bessy. But don’t you really think, he has the right to know what’s your real reason?”

Napatigil ako sa tanong na iyon. Even Christine, thinks the same as Carl.“I don’t think it’s necessary Christine. Eventually, malalaman din naman niya sa parents niya ‘yun. Mas mabuti ng ganito ang nasa isip niya. Na akala niya, gumanti lang ako sa kanya. Na niloko ko lang siya.”

“Hindi mo ba naisip na pwede naman kayong lumaban na dalawa? Mas importante naman ‘yung feelings niyo kaysa sa iba ‘di ba? Don’t worry, I’ll support you. Manilyn will definitely support you too.”

“Sumagi rin naman sa isip ko ‘yun. Pero, kalalabanin namin ‘yung parents nila Manilyn and parents niya? No, Christine. We’re at the wrong place and at the wrong time. ‘Yung sasabihin nang family niya ay malaking bagay na para sa akin dahil syempre, family niya ‘yun. Besides, bata pa kami. Ga-graduate pa lang nga tayo ng high school eh. Kailangan ko na lang sigurong tanggapin na hanggang dito lang kami, k-kahit masakit.”

“Ano na bang nararamdaman mo para sa kanya?”

Napatawa ako ng bahagya. “Nakakatawa nga bessy, kung kailan umaapaw na, saka pa nangyari ito.” Huminga ako ng malalim. “Mas, hindi, sobrang higit na sa gustong-gusto ko siya ‘yung nararamdaman ko para sa kanya. Kaya nga hirap na hirap akong gawin ito eh.”

“Pero, sa tingin mo ba, you really save yourself from heartache? Because I think, mas lalo kang nahihirapan ngayon eh.”

“Kung may magagawa lang ba ako eh, kaso wala.” Niyakap ko iyong unan ko. “Sa totoo lang, I want my love story be like, I was searching for him and he was searching for me. We almost passed each other but with that first look, we sealed our souls forever, ‘yung ganyang tipo tulad sa mga libro? Kaya lamang, walang ganon sa totoong buhay. Walang ganon agad-agad. Kaya nga tulad nang sinabi ni Manilyn before, if love is true, our love will last forever. Doon na lang ako kumakapit Christine, kahit alam kong imposible.”

Napabuntong-hininga ako.

--

*REVISED: May 24, 2014*

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 26- St. Mary Academy

To begin with, maayos naman ang pag-stay ko sa St. Mary Academy. I got a lot of friends, sobrang mabait ang administrator unlike Mrs. Principal sa Angels Academy na minsan kasi masungit minsan naman mabait. Siguro, isa na rin sa naging dahilan kung ba't marami akong naka-close ay dahil close ko si JJ, na apparently is the grandson of the administrator.

Actually, hindi ko nga napansin na February na. Yes, totoo. Apat na buwan na akong nandito. Apat na buwan na ang matuling lumipas. Ang bilis talaga ng panahon. Pero teka, bigla naman akong natawa sa sinabi ko, it's as if it's been four years kung makapagsalita ako eh!

Well, sa ngayon ay abala ang mga students dito sa St. Mary Academy sa Juniors and Seniors Promenade. Hindi lang dahil sa paghahanap ng mga suits and gowns, abala ang fourth years dahil sila ang nakatoka sa designs, and busy din ang juniors dahil sila ang nakatoka sa set-ups. 'Yun nga ang isa sa mga dahilan kung bakit nagustuhan ko dito sa Academy, tinuturuan ang mga students ng events management.

And oh, before I forgot, 3 weeks from now, babalik na ako sa Angels Academy. And I'm really excited na para umuwi. Wooo, beat that! Makikita ko na ulit silang lahat!

"Hey, wala ka pa ring partner?"

Napatingin ako bigla kay JJ na nakatabi sa akin ngayon at tinutulungan ako sa paggugupit ng mga bulaklak. "'La. Hindi naman required na may partner ah?"

"Hindi nga. Pero syempre, mas magandang may partner ka."

Tumaas ang kilay ko sa kanya. “Aduy! Barbero ka, gusto mo lang akong maka-partner eh!”

Ngumisi siya sa akin. “Partner na kita ha?”

“Pinagseselos mo lang yata si K—“ Kaagad tumalim ang tingin niya sa akin kaya ako napatawa. “JJ, masyado kang child abuse, alam mo ba ‘yun?”

“Ba’t ba ang hilig mong asarin ako ‘dun? Eh ang bata-bata pa ‘nun eh!” Pagkasabi nito ay biglang dumating si Justin, bestfriend nito. Mas napangisi ako nang makita ‘yung kapatid ni Justin na nasa tabi nito.

“Uy taba.” Pang-aasar ni JJ ‘dun sa kapatid ni Justin na first year high school.

Napansin kong umirap ito at may sinabi sa Kuya niya na ikinatawa naman nito. “Halatado ka masyado JJ. Halatang-halata.” Pang-aasar ko rin sa kanya.

“Tigilan mo nga ako, Ace. Baka gusto mong sabihin ko na sa mga kaklase mo kung saan talaga ‘tong school natin?”

I scoffed. “As if na gagawin mo, kasama sa pinirmahan mong waiver na bawal sabihin ‘no.” Sa totoo lang, alam naman ng Angels Academy ang St. Mary Academy. Alam nila ang school na ito, ang province kung saan ito matatagpuan, pero hindi ‘yung mismong lugar. Ganoon din sa mga students ng St. Mary. Unusual, pero nakasanayan na rin ng mga students. For the sake of privacy daw na hindi ko ma-gets kung para saan.

“Nakakalimutan mo atang apo ako ng administrator Ace.” Ngisi niya sa akin. “Akala mo, takot ako sa binablack-mail mo saking waiver?”

“Manahimik ka na lang nga.” Pikon kong sabi sa kanya.

“Actually, matagal na akong may napapansin ‘dun sa Lor na kinekwento mo sakin.”

Natigilan ako sa pangalan na iyon. Simpleng pagbanggit lang ng pangalan, lumakas na naman ang tibok ng puso ko. Shit, ganito pa rin ba talaga ang epekto niya sa akin?

Kaagad akong napatingin kay JJ. “Ayieh, curious siya!” At saka ito tumawa. “As if sasabihin ko sa’yo? Kasama ‘yun sa waiver ‘di ba? Na bawal magkwento?”

Kumunot ang noo ko. Minsan tuloy, naiisip ko na malaking pagkakamali na knwento ko kay JJ ang tungkol sa kanya at tungkol sa mga kaibigan ko. “Eh akala ko ba apo ka ng administrator?” I mocked him.

“Tss. Ewan ko sa’yo.”

Sa totoo lang, isa rin ito sa naging dahilan kung ba’t kami naging close ni JJ eh. Pareho kaming pikon sa isa’t-isa. Ewan ko ba, minsan ‘yung mga sinasabi namin eh nakakainis kaya siguro napipikon ‘yung isa. Umalis ito sa tabi ko at umupo sa tabi noong kapatid ni Justin. Napangiti ako, mabuti na lamang at hindi ako sinusumbong nito sa Administrator.

Actually, oo, ‘yung sinabi kong ka-close ko na apo nang administrator eh si JJ na siya ring exchange student nang St. Mary Academy para pumunta sa Angels Academy. Ang gulo ‘no? Ginawang exchange student pero nasa St. Mary Academy pa rin? Eh magulo rin kasi si JJ. Naguguluhan pa ako noong una sa style niya. Paano kasi, 3 times a week lang siya nasa Angels Academy at 2 days na nasa St. Mary Academy, and mind you, hindi nakakatuwa ang biyahe dahil 9 hours lang naman ito. But I guess, nag-e-eroplano ata ‘tong mokong na ‘to.

Ito ang naging kondisyon niya para lumipat talaga, na pinagbigyan naman ng administrator dahil nga apo RAW siya. Wala namang tutol ang AA (Angels Academy) dahil nga in the first place, project naman ito nang St. Mary.

Nagets ko lang kung ba't ganito si JJ, or si John Jacob Antonio dahil nga 'dun sa kapatid ni Justin na si she who must not be named according to JJ kaya hindi ko pwedeng sbihin ang pangalan.

I'm really sure na may gusto si JJ 'don. Asarin ba naman araw-araw. Banggitin ba naman sakin bawat oras na maisipan niya. Actually, nakausap ko 'yung kapatid ni Justin, naka-close ko rin kasi, and according to her na sa tingin ko ay hindi naman totoo hindi dahil sinungaling siya kung hindi dahil pakiramdam ko pang-asar lang 'yun si kanya ni JJ, ang sinabi raw na dahilan ni KUYA JJ (Mind you, Kuya ang tawag niya 'dun kaya nga mas natatawa ako para kay JJ) sa administrator eh kaya gusto niyang 2 times a week na nandito dahil gusto niyang inaasar si Katrina. Tawang-tawa ako noong kinwento niya 'yun, as if naman kasing iyon talaga ang ginawang rason ni JJ, pero hindi ko naman magawang tumawa nang malakas dahil alam ko ring bwisit na bwisit 'yung kapatid ni Justin.

According to her, bestfriend na raw ni Justin si JJ eversince first year daw ang mga ito. And eversince raw na nag-grade 4 siya, sinira na raw ni JJ ang lahat ng araw niya.

Napailing na lamang ako upon thinking that thought. Tumayo naman ako sa upuan ko tutal ay tapos na ang ginagawa ko at saka lumabas ng classroom, dumiretso sa may likod nang canteen at naupo 'don. Ako lang ang nandon, madalang kasing pumunta roon ang mga estudyante at si JJ lang ang nagturo nitong lugar na ito sa akin.

Napatanaw ako sa malawak na soccer field. May naglalaro na ilang second years dahil P.E subject nila noong mga time na 'yun.

I fished out my phone nang marinig kong tumunog 'yun. Nasa caller I.D si Christine. Sinagot ko naman kaagad. "Bessy!" Kaagad niyang sigaw sa akin.

“Ingay!” Sagot ko naman sa kanya, pero nakangiti naman ako. Sobra-sobra ko na talaga silang namimiss. And iyong simpleng pagtawag lang nila eh malaking bagay na para kahit papaano ay mabawasan ito.

“I miss you! 3 weeks na lang babalik ka na! I’m so excited na!”

“Well, I miss you too bessy. Kamusta na kayo? Ang daya mo ha, ‘di mo sinagot ‘yung tawag ko kahapon.”

I swear, kahit ‘di ko siya nakikita, I’m sure naka-peace sign siya ngayon. “Pasensori bessy. Nakacharge’yung phone ko kahapon eh.”

I hissed. “Reasons. Si Manilyn nga pala, nasan? ‘Di mo ba kasama?”

Matagal naman bago sumagot si Christine. “Oh, w-wala siya eh. P-pinatawag ni Ma’am Lacangan.”

“’Pag umuwi ako, magbobonding talaga tayo. Eversince umuwi ako noong Christmas, ‘di na tayo nagkasama-sama. Well, nakasama ko naman ang bawat isa sa inyo, pero ‘di tayo nagkasama-samang tatlo. Kung hindi ikaw ang wala, si Manilyn naman ang busy. Miss ko na ang pag-aasaran niyong dalawa, super!”

“O-oh, ikaw ba kamusta na?”

“Busy kami sa JS Prom. Kami ang nakatoka sa designs eh.”

“Edi busy ka rin ngayon?”

“Well, not really. Tumakas nga ako eh!”

Narinig ko ‘yung tawa ni Christine. “Addick ka talaga!” Sumegunda naman ako ng ikr. “Ay wait bessy, ibaba ko na ‘to. Tumakas lang din kasi ako para kausapin ka!”

Natawa na rin ako. “Mas addick ka pala sakin eh!”

“Well, mana-manahan lang ‘yan. Sige bessy, tawag ulit ako later. I miss you! See you after 3 weeks!” I said my goodbye’s saka ko binaba ‘yung tawag.

Bumuntong-hininga akong muli, nilagay sa bulsa ko iyong phone at saka muling tinanaw ‘yung field.

“You sure, you really don’t want to know what happened sa 4 months na wala ka sa Angels Academy?”

Nabigla naman ako sa tanong na iyon kaya kaagad akong napatingin sa gilid ko. There, I saw JJ. “JJ ang hilig mo talaga sumulpot! Grabe ka, aatakihin ata ako sayo sa puso eh!”

Tumabi siya sa akin. “Ace, uulitin ko, sigurado ka ba talagang ayaw mong malaman kung anong nangyari sa apat na buwang wala ka roon? Not that, may masamang nangyari, pero ayaw mo ba talaga malaman?”

Napahinga ako ng malalim. “Ba’t ba ang seryoso ata ng atmosphere natin ngayon?”

Tumingin siya sa akin ng mariin. “Ayaw mo talaga?”

4 months. 4 freaking months na walang balita sa AA. “B-bakit mo ba pinipilit sa akin palagi na sabihin kung ano na ba talagang nangyari? Alam mo namang ito ang gusto ko ‘di ba?”

“Tapos, ‘pag nalaman mong maraming nagbago, sasabihin mo, *‘Ba’t ‘di niyo sinabi sa akin kaagad?* Ang ending Ace? Regrets.”

Umiwas ako. “Para ‘san pa ba? May magagawa ba ako kung sakali?”

“Alam mo ‘yung quote sa tv na, *mas lamang na may alam ka*?. Kasi, kung sakali mang malaman mo na, hindi ka na ganoon mabibigla kapag nakabalik ka na. At kahit papaano, alam mo na kung paano magrereact sa ganoong sitwasyon.”

“Alam ko naman kung *sino* ‘yung ikekwento mo eh.”

“You sure Ace?” May kakaiba sa tono ni JJ ngayon. “Sigurado ka ba talagang, *siya* lang ang ikekwento ko? At *siya* lang ang nagbago?”

Napalunok ako. “3 weeks from now, babalik na ako roon. Malalaman ko na rin kung anuman iyong gusto mong sabihin.” Napatawa ako, kaya lang, kumunot ang noo ni JJ, napansin niya sgurong ang peke ng tawa ko. “Ba’t ba atat na atat kang sabihin sa akin ang mga nangyari sa Angels Academy?”

“Ito kasi ang mahirap sayo Ace eh. Hanggat alam mong may daan pa, tatakas ka.”

“Eh may daan pa eh, alangang ‘wag akong tumakas? Edi ang mangyayari, mako-corner ako ‘di ba?”

Umiling siya sa akin. “Ace, ito lang ang masasabi ko, *be ready sa lahat ng madaratnan mo once na bumalik ka.*”

Hindi ko alam pero, talagang kinabahan ako. Ano nga ba ang daratnan ko sa Angels Academy?

---

*REVISED: June 6, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 27- Cousins

“Nang-iinis ka ba talaga JJ? Ba’t mo ginawang display picture ‘yan sa facebook?” Inis na inis na sabi ko kay JJ through phone. “Pasalamat ka talaga wala na ‘ko diyan kundi makakatikim ka talaga sakin!”

I heard JJ laugh. “Kaya ko nga ginawang DP dahil alam kong wala ka na rito. Bah, malay ko bang magfe-facebook ka kaagad. Nasaan ka na ba? Kalalabas mo lang siguro ng airport.”

“Nasa sasakyan na ako kanina pa pauwi ng Bulacan, eh itong van ng Academy may pa-wifi kaya nakigamit muna ako pampalipas oras. Wait, babalik ka pa sa Angels Academy ‘di ba? Humanda ka sakin sa araw na ‘yun. Ugh, nakakainis ka!”

“Eh kung makikita mo ‘ko.” Ba’t nga ba inis na inis ako kay JJ? Eh paano ba naman kasi, ginawa niyang DP ‘yung picture namin noong prom! Sa lahat ba naman ng nakunang picture, iyon pang magkasayaw pa kami ang ginamit! ‘Tas ‘nung binasa ko ‘yung comment section, all of my classmates in St. Mary and Angels Academy thought that we’re a couple! Plus the fact na ako lang iyong sinayaw niya the whole night kaya talagang ganoon ang inisip nila! “Ba’t ka ba inis na inis? Ahh, kasi baka makita ni Lor. Baka, kung ano pa ang isipin. Tama ba ako?”

Sa sobrang frustration ko. Sinigawan ko na lang siya sa phone. As in, sobrang lakas na sigaw. Hah, tingnan ko lang kung ‘di siya mabingi. Serves him right!

“Bwisit ka, bwisit, bwisit, bwisit!” Then I ended the call.

Pinasadahan ko muli iyong DP ni JJ*, ugh, nakakainis pa rin.* Napatingin naman ako doon sa driver, napansin kong nakatigil pala kami. Katabi nito si Ma’am Lacangan, na natutulog na ngayon ng sinundo ako sa airport. Mabuti nga at hindi ito nagising kanina nang sinigawan ko si JJ through phone, kung nangyari kasi, ugh, nkakahiya. “Kuya Sam, nasan na po ba tayo? Bakit po tayo nakatigil?”

“Nasiraan kasi tayo. Dumaan akong Marilao Exit. Mabuti nga at ‘di tayo sa NLEX nasiraan.”

Tumingin naman ako sa may bintana. Napansin kong tumigil kami sa may park na may katabing ‘di kalakihang mall. *Park.* “K-kuya Sam, pede po bang lumabas? Dito lang po ako sa may park.”

“Eh Ace, ‘wag na. Baka mapano ka dyan. Natutulog din si Ma’am mo, hindi ka niya matitingnan.” Sabi sa akin ni Kuya Sam.

Pinigil ko naman kaagad siya nang akmang bubuksan na niya ‘yung pintuan at bababa na para ayusin yung sasakyan. “‘Di po ako lalayo habang inaayos niyo ‘yung sasakyan Kuya Sam, promise. Nakakainip din po kasi at baka matagalan pa po kayo dyan. Sige na po.”

Bumuntong-hininga ito. “Oh sige na, sige na. Basta, ‘di ka lalayo ah? Dyan ka lang. Titingnan kita paminsan-minsan. Mabilis ko lang siguro maaayos ito.” Tumango na lamang ako at saka sabay kaming lumabas ng sasakyan. Iniwan ko na muna iyong phone ko sa may upuan.

Napabuntong-hininga ako ng makatuntong na sa lupa ‘yung mga paa ko. Ironic as it is, kauuwi ko lang ng Bulacan, sa park pa talaga ako unang dinala. Parang pinapaalala lang sakin kung

anong nangyari sa last na pagpunta ko sa isang park. Iyon ay noong araw na, *ugh, ayoko ng isipin.*

Hinubad ko iyong jacket ko nang maramdaman iyong init at saka ito nilagay sa balikat ko. Lumapit naman ako sa may swing, uupo na sana ako ng mapansin kong may umiiyak doon na sa tingin ko eh kasing edad ko lang. Ewan ko rin kung anong nangyari sa akin, pero lumapit ako doon sa babae.

Kinuha ko iyong panyo na nasa may jacket ko at saka iniabot doon sa babae. "Uhm, alam kong hindi ako ganoong kagaling na mag-comfort, pero alam kong nakakapangit ang umiiyak." Napangiti naman ako ng kinuha niya iyong panyo ko. "My name's Ace. Pwede mong i-share sa akin ang problema mo. 'Wag kang mag-alala, hindi ko naman ipagkakalat eh."

Tumawa ito at saka pinahid iyong luha. Tinanggap na rin niya iyong kamay ko. "My name's Joana Mischelle. You can call me Joana." Huminga ito ng malalim. "Ganyan ka ba? Na kahit hindi mo kilala, nilalapitan mo?"

"Uhm, nagkataon lang naman. And besides, first time kong may nilapitan na hindi ko kilala." At saka ako napatawa.

"What if, masama pala akong tao? Edi napahamak ka?"

Sandali naman akong napaisip. "Uhm, mukha ka namang harmless eh." Tapos ay sandaling katahimikan. "Pwede kang magshare sa akin. Kaysa namang umiyak ka ng mag-isa. Mas maganda iyong may masabihan ka."

Matagal bago siya nagsalita, tahimik 'yung paligid, pero hindi naman awkward 'yung atmosphere. "*The most difficult phase in your life is not when no one understands you. It's when you don't understand yourself.*" Natahimik ako sa linyang iyon. "May bestfriend kasi ako, lalaki siya. We've been bestfriends since elementary pa. 'Tas, last year, noong third year high school ako, bigla na lang niya akong iniwasan. Walang pasabi. Walang pasintabi. As if, 'di na niya ako kilala kung iwasan niya ako."

"Bakit daw?"

"Eversince that day, hindi na kami muling nag-usap kaya hindi ko na talaga nalaman iyong dahilan niya. Ngayon kasi before we graduate, nagkaroon kami ng recollection, kausapin daw namin iyong mga nakasamaan namin ng loob. Ewan ko kung ganoon na rin kami maituturing, I tried to talk to him. Pero, talagang iniwasan niya ako. Kaya ako umiiyak ngayon kasi feeling ko, balewala lang ako sa kanya." At saka ito muling umiyak.

"Baka naman, may iniisp siya?"

Umiling ito. "Inisip ko, anong mali? Ba't bigla na lang syang naging ganoon? Ano ba 'yung nagawa ko? Bestfriend ko siya pero ayaw niyang sabihin sa akin. Sobra akong naguguluhan. It's as if, wala kaming pinagsamahan. Kung anuman iyong dahilan, I know I deserved the truth, pero pinagkait niya." Nagkaroon ng bikig sa lalamunan ko. Biglang lumakas ang tibok ng puso ko. *G-ganito, ganito kaya 'yung iniisip niya noong araw na gawin ko sa kanya yun?*

"Sinubukan mo bang tanungin 'yung mga kasama niya ngayon? Baka may alam sila."

Umiling na naman siya sa akin. "Hindi nila alam. Wala raw silang alam. Hindi rin daw kasi ito nagkekwento sa kanila. Ang hirap. Sobrang hirap. Kaya ko nasabing *the most difficult phase in your life is not when no one understands you. It's when you don't understand yourself.*, iniisip ko kasi, ano bang mali sa akin? Ganoon ba ako kadaling kalimutan? Ganoon na lang niya isantabi iyong nararamdaman ko? Na kung iwasan niya ako, hindi man lang niya naisip na masasaktan ako at nasasaktan pa rin ako hanggang ngayon? Sobra akong naguguluhan, sana kasi, binigyan niya man lang ako ng clue kung ba't niya ginagawa ang lahat ng ito."

Kumunot 'yung noo ko. Hindi ko alam, pero nagsisimula ng bumigat 'yung nararamdaman ko. "Anong plano mo ngayon?" Tanong ko sa kanya.

Nagpahid ito ng luha. "'Di pa rin naman ako sumusuko. Pero sana, 'wag sanang dumating sa punto na huli na ang lahat. Iyong tipong, kakausapin niya ako, kung kailan okay na ako at nakalimutan ko na siya tulad na rin ng gusto niyang mangyari."

Natigilan ako. "P-paano kapag, nalaman mong valid naman iyong reason niya, pero huli na nga ang lahat?"

"Naniniwala ako na kahit gaano pa kasira ang tiwala, mabubuo pa rin iyan. Pero ang mahirap mabuo, ay iyong sarili mo na nasira ngayong wala na siya. I deserve the truth, hindi kasi pwede iyong siya lang ang may alam. Kung sakali mang valid iyong reason niya, matatanggap ko parin naman siya, pero hindi na kami babalik sa dati dahil nakuha kong mabuo ang sarili kong muli na wala siya."

Napasinghap ako. Why do I have this feeling na, *siya* iyong kausap ko? Na para bang, ibang version lang. Ibang problem lang. "You know what Ace? I really hope na hindi mangyari sayo ang nararanasan ko. Mas mahirap kasi iyong sitwasyon ko, kasi kung sakaling maransan mo man iyong sa bestfriend ko, atleast kasi ikaw, alam mo 'yung totoo. Eh ako, para akong nangangapa sa dilim at hindi ko alam kung saan magsisimula."

Matagal na katahimikan iyong sumunod. Maya-maya, nabigla ako ng may maramdaman akong tapik sa balikat ako. Kaagad akong tumingin sa likod ko sa pag-aakala na baka si Kuya Sam ito or baka si Ma'am Lacangan pero mali ako, it was *Harold.*

"H-harold?" Taka kong sabi sa kanya. Bigla naman akong napatingin kay Joana pero nadatnan ko na nakatingin na pala ito sa cellphone nito nang tumunog ito.

"Uhm Ace, hinahanap na pala ako ng kaibigan kong si Mikaela. Mauna na ako ha? Sobrang thank you para sa araw na ito. Salamat dahil kahit papaano ay gumaan ang pakiramdam ko."

"A-ah, wala lang 'yun."

“Alam kong hindi ito ang huling pagkakataon na magkikita tayo. And I look forward to it, salamat sa panyo. Mauna na ako ha?” Kumaway na lang ako sa kanya hanggang sa mawala na siya sa paningin ko.

Nabaling ulit iyong atensyon ko kay Harold na nasa harapan ko na. “Bakit ka nandito? Eh ang layo nito sa atin ah?”

“Naglibot lang ako mag-isa. Mas maganda kasing mas malayo. Tapos nga ay nakita kita dito. Noong una nga, akala ko nagha-hallucinate lang ako. Iyong tipong sa sobrang pagkamiss ko sa kanya, maski iyong isa sa mga bestfriend niya, nakita ko pa rito.”

Napaiwas ako sa kanya ng tingin. “Tumigil kami rito dahil nasiraan iyong sasakyan.”

“Oo nga pala, siguro pagod ka ngayon. Mauna na ako gusto mo?”

Hindi ko alam kung bakit, alam ko naman na pagod ako sa biyahe, pero ito ang sinagot ko. “Hindi mo ba siya kakamustahin sa akin?”

Narinig kong bumuntong-hininga ito. “Kamusta na siya?”

Nilaro ko iyong mga daliri ko. Naramdaman ko iyong pangingilid ng luha ko. Simpleng salita lang ‘yun ni Harold, pero ramdam na ramdam ko iyong pagmamahal niya para kay Manilyn. “She’s okay, I guess. Kauusap lang namin kanina, before akong sumakay ng eroplano.”

“Bantayan mong mabuti iyong maliit na ‘yun ah?” Nakangiti niyang sabi sa akin.

“Syempre naman. Bestfriend ko ‘yun eh.”

“Uhm, I’m sorry Ace.”

Napatingin ako sa kanya. “Bakit ka nagsosorry?”

“Kasi, kasi sa ganito kami humantong ng bestfriend mo. Sorry kasi, wala akong nagawa. Sorry kasi, hinayaan ko lang siya sa gusto niya.”

Biglang bumagsak iyong luha ko. “Mahal mo pa ba siya?”

“Hindi naman porket hinayaan ko siyang makipaghiwalay sa akin noong January eh hindi ko na siya mahal. Kaya ako pumayag kasi iyon ang gusto niya. N..na kahit masakit, g-gagawin ko dahil iyon ‘yung gusto niya.”

Bigla kong naalala iyong sinabi ni Joana sa akin kanina. *“Naniniwala ako na kahit gaano pa kasira ang tiwala, mabubuo pa rin iyan. Pero ang mahirap mabuo, ay iyong sarili mo na nasira ngayong wala na siya. I deserve the truth, hindi kasi pwede iyong siya lang ang may alam. Kung sakali mang valid iyong reason niya, matatanggap ko parin naman siya, pero hindi na kami babalik sa dati dahil nakuha kong mabuo ang sarili kong muli na wala siya.”*

“Gusto mo bang malaman iyong ibang rason niya bukod sa sinabi niyang rason sa iyo na hindi rin naman kayo ang end game kaya kailangan niyong maghiwalay?” Tanong ko kay Harold. Inisip ko kasi na ngayong huli na ang lahat para sa amin ni L..lor, ‘yung kila Manilyn, sana magawan pa ng paraan.

Tumingin siya ng maigi sa akin. “Anong ibig mong sabihin?”

Huminga ako ng malalim. “Kilala mo si L-lor ‘di ba?”

"Lor? Narinig ko na dati pangalan 'nun. Bakit?"

Huminga na naman ako ng malalim. "Actually, si L-lor iyong—"

"Ah!" Nagulat naman ako kay Harold sa biglang pagsalita nito. "Lor, siya iyong *Raffy* 'di ba? Iyong *pinsan* niya? Iyong *Raffy* na kababata niyo nila Christine? Oo kilala ko siya, anong meron sa kanya?"

Parang… parang nabingi ata ako sa sinabi ni Harold. "A-anong sabi mo?"

"Bakit? Ano bang meron kay Raffy? Ang pagkakaalam ko kasi, *pinsan niya ito*. Sorry ha, ang gulo ko, ang pagkakakilala ko kasi sa kanya ay Raffy, pero alam ko rin na Lor ang nickname niya. And besides, ito rin daw si Raffy na siyang kababata niyo." Biglang tumigil sa pagsasalita si Harold. Nakita niya siguro iyong expression ko na hindi na maipinta sa sobrang pagkabigla. "You didn't know right? Look, I'm sorry Ace. *She* told me na ilihim daw ito sa inyo ni Christine, lalo na sayo, kasi nga raw iyon ang gusto ni Lor or ni Raffy. Ayaw daw kasi niyang maalala mo na siya iyong bata na nangako na liligawan ka paglaki niyo. Ang gusto niya raw, magustuhan mo siya bilang siya, hindi dahil siya ang kababata niyo."

Ang bilis na ng paghinga ko. "W..wait Harold, *pinsan* niya si Manilyn? And he's *Raffy*?" Tumango sa akin si Harold.

*Oh, shit. Oh, shit.*

---

*REVISED: June 5, 2014*

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 28- Folder

Kanina pa ako iyak nang iyak. Hindi ko alam kung ano ba ‘yung dapat kong maramdaman. Gulong-gulo na ako. Maiinis ba ako o matutuwa sa lahat ng nalaman ko? Kanina pa rin ako tinatahan nila Ma’am Lacangan pero iyak pa rin ako nang iyak.

Sinabi ko sa kanila sa pagitan ng paghikbi na kung pwede ay ihatid ako sa bahay nila Manilyn. Pinagpaalam na rin ako sa parents ko. Matagal din bago sila pumayag, dahilan nila na kailangan ko na raw muna na umuwi, makita nila Mama at Papa para sure na ligtas akong nakauwi, magpahinga muna at ipagpabukas na lang daw ito, pero pinilit ko pa rin.

Nang makababa ako sa sasakyan ay tumulo na naman iyong luha ko. Hinigit ko iyong paghinga ko at dumiretso sa may gate. Sakto namang nasa may garden si Manilyn at siya ang nagbukas nito. Nakakatawa nga, malabo na ‘yung paningin ko dahil sa luha pero nakita ko pa rin si Manilyn.

Pagkaraang makapasok ako sa loob ay kaagad kong kinuha ang braso ni Manilyn. “T-totoo ba?”

Hinawakan niya iyong balikat ko. “Teka Ace, ano bang nangyayari? Bakit ka umiiyak? Kauuwi mo lang ‘di ba? Bakit? Anong nangyari?”

“Totoo ba? Na pinsan mo si Lor? And he’s Raffy?”

Napansin kong napasinghap siya. “Omyghad, kanino mo nalaman?”

Napasinghap din ako. “So totoo nga?”

“*Yes, yes.* He’s my *cousin,* he’s *Raffy.* Ace, I’m sorry, Lor told me na ‘wag nga raw sabihin sayo. Not that he wanted to surprised you, ang gusto kasi niya, magustuhan mo siya hindi dahil siya iyong kababata natin, gusto niyang magustuhan mo siya bilang Lor, not being Raffy.”

Napaupo na ako sa damuhan nila at humagulgol doon. “Shit, Manilyn. I pushed him away because I thought he’s your fiancé! I fvcking pushed him away!”

Kaagad naman niya akong dinaluhan. “W-what? All this time, ‘yung sinabi mo sa akin before na kilala mo na ang fiance ko eh you thought it was Lor? God Ace! He’s my cousin! K-kaya ba bigla na lang kayong naging ganito? I-I never knew! I never had a chance na magtanong sayo kung anong problema because first, ayaw mong magsalita, and second, ang bilis ng pangyayari at dumating na lang sa point na aalis ka na pala!”

Nayugyog ko na siya. “Manilyn, I pushed him away kasi akala ko siya iyong fiance mo. I pushed him away kasi ‘yun iyong inakala kong tama. Umalis ako sa pag-aakala na magiging okay na ako pagbalik ko, pero nawala lahat ‘yun pagkatapos ng nalaman ko! Shit, puro ako akala! Ang tanga ko! Ang tanga-tanga ko! Ba’t ang tanga-tanga ko bessy.”

Hinawakan niya ako sa braso. “Hush, Ace. Don’t blame yourself.”

“Paanong hindi ko sisisihin iyong sarili ko eh ako naman pala ang puno’t dulo ng lahat ng ito! Me and my hastiness! God, bessy, I pushed him away for nothing! Tinaboy ko ‘yung taong mahal ko para lang sa wala.” Napatingala ako, “Ba’t napakatanga ko! Ba’t ‘di ako nag-isip!”

“Ace, hush, Ace, ‘wag ka ng umiyak. Pag-usapan natin ‘to, alam mong walang mangyayari sa pag-iyak mo.”

“Ba’t kasi ang tanga-tanga ko. Lahat, lahat ng ginawa ko para lang pala sa wala.”

Siguro, mahigit kalahating minuto rin akong nag-iiyak doon bago ako tuluyang mahimasmasan. Uminom muna ako ng tubig bago ako dinala ni Manilyn sa may bench na nasa garden nila. Ilang beses pa akong umigik bago tuluyang nakapagsalita. "So Manilyn, can I ask some questions?"

She looked at me. "Sure, Ace."

Binaba ko 'yung baso. "First, based from what you'd said, edi simula pa lamang talaga na magtransfer siya rito, alam mo na?"

"Yes Ace, yes. You see, humingi sa akin ng pabor tungkol sayo si Lor or si Raffy—na siyang tawag sa kanya ng parents niya at ilang relatives namin, ang sabi sa akin ni Lor, huwag raw akong magpahalata sa kahit na sino na magpinsan kami. Gustuhin ko mang magbigay ng clue from the very beginning about Raffy, hindi ko na ginawa dahil alam kong may sariling gagawin si Lor."

"Pero, ginawa mo rin naman. Binanggit mo pa rin siya sa akin."

"Oo, pero noong alam ko ng mas gusto mo na si Lor, kaysa kay Raffy. Tulad nga ng sinabi ko sayo kanina, Lor is really serious sa pinangako niya sayo noong bata pa tayo, at gusto nga raw niyang magustuhan mo siya bilang Lor at hindi bilang Raffy na siyang nangako sayo. Kaya siguro, kung nahalata mo man, ganoon na lang 'yung bilis niyang sabihin sayo na he likes you a lot, dahil kasi, matagal pa lang, gusto ka na niya talaga."

Huminga ako ng malalim. "Second, he told me na 5 years pa lang sila sa States." (Refer chapter 2)

Nagkibit balikat ito. "Kaya niya siguro sinabi na 5 years pa lang silang nasa States para hindi ka makahalata. Baka kasi, kapag nalaman mong eversince na pinanganak siya ay nandon na siya, baka magtaka ka, or baka magtanong ka some stuffs 'bout your childhood sweetheart. Na baka kilala niya 'yung Raffy, mga ganoon ba."

“Third, ’yung tungkol kay Harris.” (Refer Chapter 11)

Natawa nang bahagya si Manilyn. “’Yun bang sobrang titig sayo ni Harris? Kilala ka kasi ‘nun. Ipakita ba naman ni Lor iyong picture mo ‘don sa bata halos araw-araw eh.”

Hindi iyon ‘yung gusto kong itanong pero naramdaman ko iyong pag-iinit ng mukha ko. “Uhm, ‘yung itatanong ko sana kasi eh bakit hindi ka nakita ni Harris? Or ‘yung si Ate Gab na Ate ni Lor at ng asawa nito?”

“Oh, si Ate Gab? Masyado kasing preoccupied iyon noong time na ‘yun. At saka ‘di ba, nakatalikod ako sa kanila. As for Harris, kilala niya ako. Kaya ‘yung reason na umuwi kami was a half-lie, the first half is, para makapag-solo kayo, and the other half is, napapansin ko kasing natitingin na sa akin si Harris dahil nga katabi ko si Lor. Masisira ‘yung diskarte namin kaya inaya ko nalang si C-christine na umalis.”

Napailing ako. “Alam mo bang, inisip ko na ikaw ‘yung gusto niya? Ang tanga ko talaga mag-isip ‘no? Sana, nahalata ko na before. Naalala ko ‘nun, grabe ‘yung tawa niya nang sinabi ko ‘yun sa kanya. Ngayong alam ko na, nakakatawa naman pala talaga.”

Ngumiti ito. “Alam mo bang, may balak na talaga siyang tumigil dahil nga kay Carl? Nakita rin kasi niya na you’d been in a lot of accidents eversince na makilala mo siya kaya he thinks that he don’t deserve you. That’s why he acted as a total jerk. He thought na ‘yun ang paraan para makalimutan ka niya dahil alam niyang magagalit ka sa kanya.”

“Why do I have this feeling na ako ‘yung hindi deserving para sa kanya? Of all his sacrifices, itong *katangahan* ko lang na ito ang igaganti ko sa kanya?”

“I can say na masyado kayong pinaglaruan ng tadhana.”

Napabuntong-hininga ako. *Ace, you need to accept the truth. Nangyari na eh. Huli na talaga para magsisi.* "Uhm, last question Manilyn, how is he? Kamusta na si L…lor?"

Matagal bago ito sumagot. "Ayoko sanang sabihin pero, sana, 'wag kang mabibigla. 'Di ko rin naman sure itong balitang ito kasi mahigit apat na buwan ko na ring 'di nakakausap si Lor nang matino, though, nakakasama ko naman siya palagi."

Kinabahan ako. "A-ano ba 'yun?"

Huminga ito ng malalim at iniwas ang paningin sa akin. "Kalat kasi sa room na nililigawan ni Lor si Mariel."

Natigilan ako. Napahinga ng malalim. Pinigilan ko na lang nga muli ang mapaiyak. *Shit, Lor, ganoong kabilis?* Pero napaisip din ako. *Kasalanan mo 'to Ace eh. 'Di ba ito ang gusto mo?*

xxxxx

Nang pumasok ako sa school the next day, I really tried my best to look okay. Marami rin kasing sumalubong sa aking mga kaklase ko, some faculty, 'yung ibang kabatch ko, even 'yung ibang ka-close ko na mga lower years kaya kailangan kong maging okay. They're actually telling me na pumuti raw ako—sa isip ko naman, ang init kaya 'dun, tapos nakakaganda raw pala ang St. Mary Academy—I actually shivered with that thought.

Mabuti na lang nga at naibigay ko na kay Papa nang maaga 'yung mga papers na kailangang ipasa sa Principal (Like, kung ano 'yung natutunan ko sa 4 months na nagstay ako roon, anong mga bagay ang magaganda roon, ano raw masasabi ko sa next students ng Angels Academy na magiging exchange students sa St. Mary— stuffs like that) dahil kung sakali, baka napagalitan pa ako.

Pero sa lahat ng sumalubong sa akin, *dalawang* bagay lang ang tanging tumatak sa isip ko. Unang-una ay *ito.*

"You're so stupid Manilyn! Magkasama tayo nang apat na buwan, 'tas wala si Ace! Why you didn't tell me! Sa lahat ng pagpapahirap na ginawa ko sayo, sa lahat ng pang-aaway ko because I thought you really chose Lor over Ace, sa lahat ng iyon, 'di ka man lang nagsalita! Ba't ba tinanggap mo na lang agad! Ba't 'di mo man lang sinabi sa akin! Ba't 'di ka man lang gumanti! Ba't di ka man lang nagpaliwanag! God, I'm so stupid!"

"'Di ko alam na galit ka sakin dahil kila Ace. I thought galit ka sakin dahil naging close ko si Vince. You we're just saying, *I'm such an actress etc,* kaya ganoon ang naisip ko, kasi alam kong galit ka kay Vince."

"Argh! I'm mad at you because I really thought na pinili mo nga si Lor kaysa kay Ace! Why you didn't tell me that you and Lor were cousins? Edi sana, 'di nangyari 'to."

Sa totoo lang, hindi ko alam kung maiiyak ba ako o matatawa sa pagiging hysterical ni Christine. Matatawa dahil halatang frustrated na si Christine. Or maiiyak, because after 4 months, magkakaayos na 'yung dalawa. And maiiyak ulit dahil ako na naman pala ang dahilan. Dahil sa akin kaya nag-away 'yung dalawa. Dahil sakin, *at sa katangahan ko.*

Kanina kasi noong wala kaming teacher sa first two subjects—mga busy kasi, I immediately talked to Christine, na lagi ng kasama si Alex (Classmate namin). I told her all the stuffs that she needs to know. Nang matapos kong ikwento, umiiyak na tumakbo si Christine, na sinundan ko naman, hinatak si Manilyn at pumunta kaming tatlo sa may likod ng stage.

Iyon kasi ang una kong napansin—tama nga si JJ, hindi lang *siya* ang nagbago, dahil noong pagbalik ko, *magkaaway pala sila Manilyn and Christine.* Well, more like, si Christine ang nang-aaway talaga. Kaya pala noong umuwi ako last Christmas, kung wala si Christine, si Manilyn ang nandon. And vise-versa.

Christine thought na pinili talaga ni Manilyn si uhm, Lor kaysa sakin. Lagi na kasi itong magkasama. Christine never tell Manilyn kung anuman ‘yung mga sinabi ko sa kanya like mag-fiance nga ‘yung dalawa because she thought na alam na ito ng huli. Ang akala naman ni Manilyn, galit sa kanya si Christine dahil kay Vince (Yung tumalo sa kanya bilang vise-president ng student council) dahil naging close na sila ni Manilyn.

You guys see, puro *akala* talaga kami.

“It’s not, my story to tell kasi.” Sagot naman ni Manilyn.

“It’s not my story! Palusot mo! Eh kasi kung sinabi mo edi tapos ang problema! Hindi magpapakatanga si Ace! ‘Tas hindi tayo magkakalayo at magkakagalit! Argh! Nakakainis ka talaga!” Tuluyan na akong napaiyak. Actually, kaming tatlo eh umiiyak na talaga. Mabuti na lamang at kaming tatlo lang ang nandito sa may likod ng stage. Ang brutal na kasing magsalita ni Christine eh.

“Eh wala rin namang mangyayari kung sasabihin ko, nakapirma na si Ace sa waiver, babalik pa rin naman siya nang after four months kaya parang wala rin kung sinabi ko.”

Umungot si Christine. “Sorry bessy. Sorry talaga. Sorry ng napakarami sa lahat ng pangtataboy ko sayo.” Napapikit ito. “Gosh, why am I so stupid?” Dumilat ulit ito at hinarap siManilyn. “Sorry talaga liit.”

Manilyn smiled. A really bright smile. Tuluyan na rin akong nakahinga ng maluwag. “Takte, na-miss ko talaga ng sobra ‘yung pag-aasaran niyong dalawa.” Sabi ko sa kanila. I looked again at Manilyn, bigla akong nagtaka nang makitang namumutla ito. Before I could utter a word, *hinimatay na lang itong bigla.*

Sobra talagang kaba ‘yung naramdaman namin ni Christine when Nurse Alora said that Manilyn needs to be rushed at the hospital. Walang check-up talaga or anything, basta, nang makita niya iyong bestfriend namin, agad itong tumawag ng ambulansya. ‘Di ba kasi, once na dinala sa

hospital, may nangyari or may something na hindi ko alam kung malala ba or what kaya dinala roon dahil 'di nakaya sa clinic.

But when Manilyn's mom assured us that she'll be safe, nang humahangos na dumating ito, nawala na lahat noong kaba namin. We stayed there for about half an hour, bago ito nakalabas sa E.R. Sumunod naman kaming dalawa ni Christine sa kwartong pinaglagyan dito.

"Uhm, Tita, ano pong nangyari? Ba't bigla po siyang hinimatay?" Christine asked.

Huminga muna ito ng malalim before she faced us. "Manilyn needs a lot of tests to really determined if what's wrong with her. But just don't worry girls, she'll be alright." Lumingon ito kay bessy at saka lumingon muli samin. "Bumalik na kayo sa Academy. Kami ng bahala ng Tito niyo kay Manilyn."

"Uhm, Tita." Lumingon naman ito sa akin. "Can I ask something?" Tumango naman ito sa akin. "Remember po the last time we talked?"

"Oh, yes. I remember that day. Nag-alala pa nga ako sa iyo. Ano bang nangyari?"

"W-wala lang po 'yun. Uhm, Tita, ano po bang dapat idurugtong niyo sa sinabi niyo that day?"

"It's about uhm, Lor right? Ahm wait, alam mo na ba?"

Nagtaka naman ako noong una, pero nagets ko rin naman kaagad. "Na magpinsan po sila ni Manilyn?" Tumango ito sa akin. "Alam niyo rin po 'yun? 'Yung tungkol sa plano niya?"

Manilyn's mom gave me a comforting smile. "Oo naman Ace. Lahat kami sa pamilya ay alam iyon. Kaya nga noong araw na kinausap mo ako, nag-alangan pa ako kung anong itatawag ko sa

pamangkin ko. Kaya sinabi ko na lamang iyong buo niyang pangalan.” Napabuntong-hininga ako. “About ‘dun sa tinatanong mo, I actually wanted to say that it’s Lor who first told me about what Manilyn felt for having a fiancé. Na sobra kong naiintindihan talaga, kung bakit kayo nag-aalala sa kanya. Pero wala na kasi akong magagawa. It’s her fathers’ decision.”

.

.

Saktong pagkalabas namin ni Christine ng kwarto ni bessy, kaagad itong nagsalita. “Ang tanga natin talaga pareho ‘no bessy?” Tumango ako. Sabay kaming napabuntong-hininga.

.

.

‘**D**i ba ang sabi ko, may sumalubong sa aking dalawang bagay? The first one is about my bestfriends na luckily, tapos na. Saktong pagkabalik namin ni Christine sa Academy, nauna ng pumasok si bessy sa classroom dahil malapit ng magtime at ako naman ay inutusan ni Ma’am Lacangan, pagkatapos ko ay tinungo ko na iyong daan pabalik ng classroom at dito nangyari iyong *pangalawang bagay*.

“Mariel?” Tawag ko sa kanya.

Lumingon naman sa akin si Mariel na galing ng cafeteria. “Oh, hi Ace. Welcome back ulit.”

Napatitig ako sa phone na hawak niya sabay turo doon. “Is that Lors’?”

Tumango naman siya sa akin. “Yep. Why?”

Nagkaroon ng bikig sa lalamunan ko. *So, totoo talaga 'yung sinabi ni Manilyn sa akin?* Napahinga ako ng malalim habang pinipigilan na mangilid 'yung luha ko. *You need to be tough, Ace.*

Bigla akong napatingin sa paligid, and thank God kaming dalawa lang ang nasa labas pa matapos tumunog ang intercom saying that we already need to go inside our classrooms. "C-can, I ask you a favor?"

Hindi ko alam kung ano 'yung pumasok sa utak ko. Siguro, 'yung katotohanan na nagmukha akong napakatanga sa pag-aakala ko before na magfiance sila, ngayon, kahit sinasampal na ako ng katotohanan na mukhang totoo nga ang sinabi sa akin ng bestfriend ko, gusto ko pa ring makasigurado. *Para hindi ako lalong magsisi.* Ewan, hindi naman masamang umasa 'di ba?

"Uhm, what is it?"

Humigpit 'yung hawak ko sa palda ko. "P-pwede mo bang tingnan 'yung files sa phone *niya?* Yung folder ng *songs*? Pwede mo bang buksan? Then, kung may isa pang folder na nakalagay sa folder na 'yun?" (Refer Chapter 22, iyong about sa usapan nila Ace and Lor via skype. Lor's friends recorded the confession and he kept that record to his phone sa folder ng mga songs. Remember?)

Sobrang lakas na ng tibok ng puso ko dahil sa kaba—kaba, dahil baka wala na 'yun doon. Dahil din sa excitement—excitement, dahil kapag nalaman kong nandoon pa iyon, alam kong may pag-asa pa kami. *Sana.*

If ever mang, *wala na ito*, siguro… siguro… *ugh, hindi ko alam kung anong gagawin ko.* Ayoko rin kasing isipin na baka nga, wala na ito.

"Uhm Ace, nasa folder na ako ng songs, sabi mo sa folder na iyon, may isa pang folder 'di ba?" Tumango ako. "Uhm, w-wala eh."

Napakagat ako sa labi ko. "P..pwede bang tingnan?"

She handed me *his* phone. Nanginginig ko namang pinasadahan ng tingin iyong buong folder. Binack ko pa nga at nagbakasakali na may iba pang Songs na folder pero wala eh. 'Yun lang talaga. And it looks like, *Wala na nga.*

Nanlulumo kong ibinalik sa kanya 'yung phone. Sa totoo lang, sobrang taas noong binagsak ng expectation ko. *Ace, umasa ka na naman sa wala eh.*

Mariel looked at me. "U-uhm Ace, papasok na ako sa loob. Sabay ka na ba?"

Umiling ako. "Y…you go ahead."

Tumalikod na sa akin si Mariel papunta sa direksyon ng classroom namin, ako naman, tumalikod din, palayo naman sa classroom namin. And it looks like, *palayo na rin sa kanya.*

'Yung record na lang na 'yun 'yung pinanghahawakan ko, but it looks like, *wala na ito para sa kanya.*

I fished out my phone at pinindot 'yung nag-iisang recorded voice *niya* 'ron. **"Gusto kita, gusto kita, gustong-gusto kita."** Namalayan ko na lamang 'yung sunod-sunod na pagtulo ng mga luha ko. (A/N: May record din ng voice si Lor sa phone ni Ace, refer Chapter 20)

*Huli na ba talaga ang lahat?*

---

*REVISED: June 6, 2014*

Cerisemie © Wattpad 2012

# Chapter 29- Last Chapter

*2 and a half weeks before their Graduation…*

"Tigilan mo 'ko JJ. 'Di ako natutuwa sayo." Angal ko sa kanya sabay tanggal ng braso niya na nakasampay sa balikat ko.

Nginisian ako ni JJ. "Ba't ba? Noong nasa St. Mary tayo, okay lang sayo na ginagawa ko 'yan. Pero ngayon, tingnan mo 'to."

"Eh sa ayoko eh! Pakelam mo ba?"

"Woah. Chill Ace." Sagot niya sakin.

Biglang umentra si Christine. "Kung hindi ko lang talaga alam na may iba kang gusto bessy," Sabi niya sakin. "Iisipin kong may something sa inyo ni JJ eh." Dugtong nito.

Kaagad akong napanganga. "Over my dead body!" Sagot ko. "No way!" Sagot naman ni JJ.

Natawa silang pareho ni Manilyn sa reaction namin. "Mas malala sila sating mag-away, liit."

"Oo nga, liit the second." I rolled my eyes.

Pinuntirya ko na naman ‘yung katabi ko. “Alis na nga JJ!”

Kaagad na bumalik ang nakakabwisit na ngiti niya sakin. “Natatakot ka lang atang magselos siya eh. ‘Wag kang mag-alala, aalis din ako dito mamaya. Alam ko namang katabi mo siya eh. And alam kong excited ka ng makatabi siya ulit.”

“Tss. Hindi ah.”

“Palusot pa eh.”

Napabuntong-hininga naman ako. Tila, parang nakalimutan ko bigla ang pang-aasar nilang tatlo sakin. Matagal pa bago ako nakapagsalita. “Wala na JJ. Kahit anong gawin mo, o ninyo, wala na. Tapos na talaga.” At saka ako napahawak sa mukha ko at sumubsob sa desk. Hindi ko alam kung nagets ba nila ang sentimyento ko, basta, iyon lang ang alam kong nararamdaman ko ngayon. “Bumalik ka na ngang St. Mary. Tapos naman na ‘yung mga ipapasa mo ah.”

“Oh, so you’re in an emo-mode?” He tsk-ed. “’Di mo ba itatanong sakin kung totoo ba ang sinabi ni Manilyn tungkol kila Mariel?”

I immediately glared at him. “So you’re saying that my bestfriend is a lier?”

“Hindi ah.” Kaagad nitong sagot.

“Amalayer?” Entra ni Manilyn.

“Ate, ginanon mo ako eh! Oh, so you’re telling me amalayer?” Alam kong nagpapatawa lang ‘yung dalawa kong bestfriend, but seriously, ‘di ako natawa.

“At saka, ang sasabihin ko naman talaga eh, kukumpirmahin ko lang na totoo talaga ang sinabi ng bestfriend mo.” Sabi sakin ni JJ. At saka niya ako tinawanan ng malakas.

Siguro, lahat na ng inis sa katawan ko ay lumabas na. Kung ayon nga sa kanya na nasa emo-mode ako kanina, well, makikita niya ang beast-mode ko ngayon. Kung sabihin sakin ng iba na paiba-iba na ako ng ugali, wala na akong pakelam. Basta, bwisit na bwisit lang ako sa lalaking katabi ko ngayon. “Pakyu JJ, pakyu. Sana hindi ka sagutin ng kapatid ni Justin. Karma ‘yun sayo! Bwisit!”

“Uy aray, aray!” Umiwas siya sakin pero nahagip pa rin siya ng kamay ko. “Argh, nakakainis ka Ace! ‘Pag ako nabadtrip sayo hindi ko na itutuloy ‘yung plano namin!”

“Pakelam ko sayo! Basta, bwisit ka, bwisit ka, bwisit ka!” Bigla akong tumigil nang tuluyan na rin akong mapagod. *Buti nga sayo JJ, ginusto mo ‘yan eh.*

Hanggang sa makarating si Ma’am Cruz ay hindi ko na pinansin si JJ. Dumating na rin naman si err-Lor at tumabi sa tabi ko kaya mas lalo akong napipi. Sila bessy naman ay nasa likod ko, katabi nila si JJ. Naririnig ko pa ang pasimple nilang pasaring sakin, pero dinedma ko na lang.

Tinuon ko naman na ‘yung atensyon ko sa harapan. “Oh, 2 and a half weeks na lang pala graduation niyo na.” Nagkaroon ng malakas na *awww* sa paligid nang sabihin iyon ni Ma’am. “Pero bago kayo magpapirma ng clearance at bago kayo gumraduate, may gagawin kayong activity for today. Don’t worry 4-A, last activity niyo na ‘to ngayong 4th year kayo.” Nagkaroon na naman ng *awww,* kaya napailing na lamang ako habang nakangiti. “So, tutal may groupings kayo, go to your respective groups at saka ko sasabihin ang gagawin niyo.” Tumingin naman bigla sakin si Ma’am Cruz. “Before I forgot, Ace, Principal’s Office, tawag ka ‘don. Isama mo raw si Carl.”

“Uhm, bakit daw po?”

“I don’t know. Maybe, the Principal will say something for the both of you?” Napa-huh naman ako sabay kunot ng noo. “Carl, ikaw ng bahala ha?” Bilin sa kanya ni Ma’am Cruz na may kasamang ngiti na hindi ko ma-explain. Tumango naman si Carl.

Nagkibit-balikat na lamang ako at saka tumayo. I heard JJ said, “This is the most exciting part. Ayan na. I couldn’t wait for it.” Nagtaka naman ako pero ngumisi lang siya sakin. Tumingin ako sa dalawa kong bestfriends to wait for an answer pero maski sila, nakangisi sa akin.

Pinagwalang bahala ko na lamang iyon. Kami naman ni Carl ay sabay ng dumiretso sa Office. “Ba’t ba tayo pinatawag? May idea ka?”

Isang nakakalokong ngiti ang binigay sa akin ni Carl. “Beats me.”

Kumunot na naman ang noo ko. “You’re weird.”

“Am I?”

“Actually, you’re all weird. JJ, Manilyn, Christine, you and including Ma’am Cruz.”

Natawa si Carl sa sinabi ko. “Uy, teacher ‘yung sinabihan mo ng weird ah.”

“Eh totoo naman eh. Ba’t ba kasi ang weird niyo?”

“Hmmm. Let’s see Ace. Let’s see who will be the real weird, later.”

“Ha?” Taka kong sabi. “Ano bang meron?”

“Bakit? Ano bang meron?”

Tuluyan na akong sumuko. “Ugh. Fine. Ayaw niyong magsalita edi ‘wag!”

Pagkapasok namin sa loob ng Office, nagtaka ako na hindi ang Principal ang bumungad samin kung hindi ang ST (Student Teacher). ‘Di ba, ang sabi ni Ma’am Cruz, maybe the Principal will say something for Carl and I? Ang nangyari, may iniabot lang na folder ‘yung isang S.T saming dalawa, it’s as if na alam na niya kaagad na samin iaabot dahil wala man lang siyang sinabi, basta ay iniabot lang.

Naunang lumabas si Carl na bitbit ang folder, kaya kahit naman naguguluhan ako sa mga pangyayari ay sumunod na ako dahil syempre, ayokong maiwanan ng kasama ko. “Dumiretso raw tayo sa Auditorium. Iyon ‘yung nakasulat sa note.” Sabi sakin ni Carl nang makasabay na ako sa paglalakad niya.

“Ha? Anong note? May klase tayo ‘di ba? May activity pa nga, remember?”

Pinakita naman niya sakin ‘yung note na sinasabi niya. “Ayan oh, ebidensya.”

Tinignan ko naman. May pangalan namin ni Carl, totoo rin na pinapapunta nga kami sa AVR, pero walang note na nagsasabi kung kanino ito galing. “Eh, sino may sabi? At saka bakit daw?”

“Ewan ko. Basta, pumunta raw eh. ‘Wag ka ng matanong, malalaman mo rin ‘yan mamaya.”

Bigla naman akong napairap. “Sungit.” Bulong ko.

Naging mabagal ‘yung lakad ni Carl, kaya wala akong choice kung hindi bumagal na rin ang lakad. “Oh, oo nga pala, ano nga palang ikekwento mo about sa parents mo? Hindi mo na nakwento noong huli nating pag-uusap dahil bigla akong napatawag sa gym eh.”

“Oh, that thing.” Sandali ko namang inalala iyong nangyari noong araw na ‘yun. ‘Yung tipong, sobra talaga ‘yung iyak ko, na may halong inis, na ewan, lahat na ng emotion nandon. “Remember the day I told you na nakipag-usap ako kay Manilyn? Noong malaman ko na nga na magpinsan lang pala sila ni uhm, Lor?” Tumango siya sakin.

“Ha. I wouldn’t remember that day. Information overload eh.”

Nagpatuloy naman ako sa pagkekwento at hindi pinansin ang sinabi ni Carl. “That evening, umuwi rin naman ako kaagad nang ihatid ako ni Manilyn at noong driver nila. Sabi kasi sakin ni bessy ay kailangan ko ng umuwi because I’m done talking to her at syempre, hahanapin ako nila Mama kahit sabihin pang alam nila na nandon lang ako kila bessy. She also told me that I need to talk to my parents, and I did. Pagkadating pa lang talaga sa bahay, as in pagkapasok ko sa loob ng sala namin ng datnan kong nandon pareho ‘yung parents ko, right away, I asked them kung alam ba nila ‘yung tungkol sa Raffy thingy, basta, ‘yung tungkol sa lahat. Walang kagatol-gatol, walang isip-isip, they said yes.”

“Anong naging reaction mo?”

“Ofcourse and obviously, naiinis na nagagalit na nalulungkot, na, sobrang nanghihinayang. Sobra-sobra na talaga ‘yung nararamdaman ko ng araw na ‘yun. Ang sabi ko sa kanila, ba’t hindi nila sinabi sakin. Sabi naman sakin ni Mama, hindi naman daw ako nagtanong. ‘Tas sabi ko sa kanila na naiinis ako, kung sinabi nila sakin ‘nun pa edi sana hindi nangyari ‘to. Sabi naman sakin ni Papa, nakakahalata naman daw siya sa nangyayari, na para nga raw na may nangyaring ‘di maganda sa pagitan namin ni Lor. Hindi na lang daw sila nagtanong because they know me, magsasalita ako kung kailan ready na ako. Tapos nga ay umalis pa ako, so they never had a chance na sabihin talaga sakin. Nakakainis ‘no?” Natawa si Carl sa sinabi ko. “Ba’t ka natatawa? Nakakainis kaya! At syempre, masakit din. It’s as if, pinagkaitan nila ako ng katotohanan na deserving ko namang malaman.”

Carl gave me a slight smile. “Now, alam mo na ‘yung pakiramdam na nilihim sayo kung ano ba talaga ‘yung totoong nangyayari. Masakit, galing na nga sayo.” Bigla akong natahimik at napahinto. *Bull’s eye* eh. Si Carl naman ay diretso sa paglalakad. Maya-maya ay lumingon siya sa akin. “Nagsisisi ka ba Ace?”

Diretso kong tiningnan si Carl sa mga mata niya. “Paano kung sabihin kong oo?”

“Edi itama mo ‘yung pagkakamali mo.”

Pakiramdam ko ay parang nagkaron ng bikig sa lalamunan ko. “H…how?”

“Ace, you told me before na sa buhay, hindi ikaw palagi iyong bida. You told me na minsan, ‘di mo namamalayan na ikaw na pala ang kontrabida sa kwento ng iba. Ngayon, patunayan mo sa sarili mong mali ang sinasabi mo. Na tulad nga ng sinabi ko before, na kaya hindi nakukuha ng mga bida ng mas maaga ang happy ending nila ay dahil may mas marami pa silang kailangang harapin at pagdaanan. Patunayan mo na kayo ‘yun. Patunayan mo na, ikaw at siya ang tunay na bida.” Lumapit ako sa kanya.

“It’s now or never Ace.” Sabi sakin ni Carl. Nag-abot siya sakin ng folder na kinuha ko naman. “It’s up to you kung susundin mo ang nasa script na ‘yan. Pero isa lang ang sasabihin ko sayo, *fight.* You need to *fight*. Kung ayaw mo talagang mahuli ang lahat.” Magsasalita pa sana ako ng pumasok na siya sa loob ng AVR at iniwanan akong nakatayo sa may labas ng pintuan. Ngayon lang din nag-sink-in sakin na nandoon na pala kami sa tapat ‘nun. At ngayon lang din nag-sink-in sakin na, *woah, what’d happened? Si Carl ba talaga ang nagsabi ‘nun?*

Napahinga ako ng malalim at tinignan ang folder na hawak ko, isa raw itong *script*, pero script ng alin? Then, susundin ang script? Ano bang laman nito?

Tila nasagot ang katanungan ko ng makapasok ako sa loob ng AVR. More like, may biglang humila sakin papasok. Nakita ko bigla si Ma’am Cruz. “Ace, umakyat ka na sa stage. Ikaw kasi ang pinili ng groupmates mo na bida.”

Napatanga naman ako sa sinabi ni Ma'am. "Ma'am, bida? Eh hindi ko pa nga po alam 'yung script. O kung anuman po 'yung ipe-play namin."

"Hawak mo naman eh. Okay lang namang basahin 'yan. Basta nandon ang feelings. Go ahead Ace. Last activity niyo na 'to. Para 'di ka mahiya, they dimmed the lights and I assure you na hindi mo makikita ang nasa baba ng stage." Bigla akong napatingin sa paligid, oo nga, sa sobrang occupied ko sa ibang bagay, hindi ko napansin na ang dilim-dilim nga sa parteng iyon, at meron lang dalawang spotlight lang sa stage. 'Yun lang ang maliwanag sa loob ng AVR. Mabuti nga at malapit kami sa may stage kaya may liwanag eh.

Wala naman na akong choice kung hindi ay sumunod at umakyat sa stage. Huminga ako ng malalim at akmang bubuksan na ang script ng may biglang lumabas sa may backstage. *And it was Lor.* Biglang lumakas ang tibok ng puso ko.

"Why are you here?" Napapitlag naman ako sa boses na iyon. Nakatingin sakin si Lor, direkta sa mga mata ko, na may hawak ding script ngayon. "I said why are you here!"

Sa gulat ko, dali-dali kong binuksan 'yung script at binasa 'yung nasa simula. "Ah-ah, I-I came here to talk to y-you."

"Why? What do you need from me?"

Napalunok ako at binasa pa rin ang nakasulat doon. "I-I wanted to explain myself." Huminga ako ng malalim. "I… I didn't intend to hurt you. It wasn't my intention to hurt you."

"But you already did."

Nanginginig ako sa script na binabasa ko. Shit, *bakit ganito ang mga linya?* "You see, I love someone else."

"Stop Brittany, stop. Can't you see? You hurt me a lot! A lot! You left me! You even brought my heart with you! So please, stop. Stop saying nonsense things." *Shit, ba't parang feeling ko, totoo 'yung mga sinasabi niya?*

"I l-like you a lot."

"Shit Brittany. You pushed me away. You heard me? You. Pushed. Me. Away. You even told me that you didn't like me. Then what? You'll say that you like me? A lot? Then what will you do next? Chase me? I already moved on!"

Hinigpitan ko 'yung hawak sa script. "I liked you a lot. But I already love someone else." *Seriously?*

"Fine." Nahigit ko ang paghinga ko ng mga oras na 'yun. "Why did I forgot that thing? You chose to be with *him* right?" May kung ano sa boses niya na alam ko, alam na alam ko, labas sa script na 'yun.

"I never said that I chose Carl!" Sigaw ko sa kanya. Upon thinking on what I just said, nanglaki ang mata ko. Kasabay 'nun ang narinig kong pagsinghap sa paligid. *Shit, ba't ko sinabi 'yun?* Ace, focus sa script please!

"Then what? Why did you leave me? You like me, a lot? Then what? You love him too?"

Tinignan ko 'yung script. "I…" *I already chose to be with Kent. I'm sorry.* Iyon 'yung nakalagay sa script. Pero hindi ko alam, hirap na hirap akong bitawan 'yung salitang iyon. Napahinga ako ng malalim.

Parang may umilaw sa utak ko at naalala ko bigla ang sinabi ni Carl kanina. *"It's now or never Ace. It's up to you kung susundin mo ang nasa script na 'yan. Pero isa lang ang sasabihin ko sayo, fight. You need to fight. Kung ayaw mo talagang mahuli ang lahat."* Napatitig ako sa script. *It's up to you kung susundin mo ang nasa script na 'yan.* Script? *Fight. You need to fight.* Biglang may tumulong luha sa mga mata ko. *Screw script. Ayokong mahuli ang lahat.*

Huminga ako ng malalim at tumitig muli sa mata niya. "I never said that I chose to be with Carl kasi ikaw lang. Ikaw lang naman talaga sa simula pa lang."

Napansin kong huminga rin ito ng malalim. "Why did you leave me? I can't think of another reason. It's only Ca-shit, Kent."

Binitawan ko na 'yung script dahil alam kong wala na itong kwenta. "Umalis ako, oo. Pero kahit kailan, hindi ko pinili si Carl."

Umiwas siya sakin ng tingin. Matagal bago siya nagsalita. Pero nang muli siyang tumingin sakin, diretso ulit sa mata, alam ko na, hindi na rin niya susundin ang nasa script. "I was really miserable Ace. Dahil sayo. Dahil bigla kang umalis. Dahil bigla mo kong iniwan."

Napapikit ako. Sa kabilang banda, nagtataka man ako dahil walang pumipigil samin dahil iba na 'yung sinasabi namin ay wala na akong pakelam. I have my own problem to deal with. "You're Raffy."

Napansin kong napatahimik siya, pero bigla ring nagsalita maya-maya. "So what? Eh ano ngayon kung alam mo na? Eh ano ngayon kung ako siya? Tinaboy mo ako Ace. Tinulak mo ako palayo."

Tumulo na naman 'yung luha ko. Napakagat ako sa labi ko. "I'm sorry Lor. I was, I was really confused that time. You see, Manilyn's Mom told me na ikaw daw ang fiancé nito."

"That was impossible. Really impossible."

"Yes, now I know that it's really impossible. She's your cousin eh. Misunderstanding lang ang lahat. When I asked Manilyn's mom kasi if who is her fiancé, she mentioned your name. Kaya, inassume ko na, na ikaw. Hindi ko naman na napakinggan 'yung sunod na sinabi ni Tita dahil, dahil wala na akong maintindihan pa. Na-stuck lang ako sa nalaman ko. So, I'm sorry. I'm really sorry. 'Di ko alam."

"You know what? The moment you say we need to end this, was the day I'm going to tell you that Manilyn and I were cousins. Sasabihin ko sayong ako si Raffy. I'm sorry if I didn't tell you much early na ako 'yung batang 'yun. But, fuck reasons, fuck thoughts. You pushed me away Ace! Para lang pala sa wala?"

Napasinghap ako. "You promised when we were little that you're going to court me right? Totoo pa rin naman 'yun di ba? I mean, hanggang ngayon."

Matagal na katahimikan ang namayani sa paligid. Unti-unti na ring nanghihina ang mga tuhod ko. pero ganoon na lang 'yung gulat ko ng biglang lumabas 'yung mga barkada ni Lor. "Mahal na prinsesa." Bungad nila sakin. "Gusto lang naming sabihin na masyado kaming nababagalan sa pakulo ni JJ na sinang-ayunan naman ng iyong prinsepe." Brix said. Naguguluhan naman akong tumingin doon sa lima na nakapagitna samin ni Lor.

"Kaya kami na ang tatapos." –Geoff.

"T..teka!" Sabat bigla ni Lor.

"Pre, ang kupad mo eh. Pwede climax na?" –Matthew. Na sinang-ayunan ni Mark.

“Para matapos na, umaarte lang si Lor. You see, masyado kasi siyang nagselos kay JJ dahil kung anu-ano ang sinabi tungkol sayo kaya ganyan ‘yan umarte. Lalo na raw noong prom niyo na siyang partner mo.” –Edmon.

Pakiramdam ko parang sasakit ang ulo ko. “Wait, ‘di ko maintindihan.” Sagot ko naman sa kanila.

“Kasabwat Ace. Marami ang kasabwat para sa araw na ito. lahat ng classmates natin, Mariel, Carl, Manilyn, Christine, si Ma’am Cruz, ‘yung SA sa Office, maski si Ma’am Lacangan. JJ informed us na masyado ka raw mabagal para makarealize ng mga bagay-bagay kaya uunahan ka na niya at namin.” Sabi ulit ni Brix. Nakarinig ako ng nagsalita sa may audience, “Ahh, eh mabagal naman talaga ‘yang si Ace eh.” And I’m sure it was JJ.

“I guess, masyadong nagugustuhan ni Lor ang pangungunsensya sayo when in fact, he already knew the reason why you pushed him away noong araw pa lang na bumalik ka rito courtesy of Jacob.” Napanganga na naman ako, *shit, information overload na naman.*

“JJ?” Tanong ko sa kanila.

“Yep. Planado ‘to lahat ni JJ.” Geoff said.

“Kaya mahal na prinsesa, ‘wag kang magselos kay Mariel. Wala lang ‘yun. Planado nga ‘di ba?”

Matapos sabihin ‘yun ay umalis na bigla ‘yung lima. Unti-unting sumilay ang mga ngiti sa labi ko kahit napapaiyak pa rin ako. Muli akong tumingin kay Lor na nakatingin sa sahig. I heard him let a sigh at muling tumingin sakin. “After all what happened Ace, sayo pa rin talaga ako bumabalik. Sayo lang, palagi.”

Bigla akong lumapit sa kanya at saka siya niyakap. Napakagat ako sa labi ko nang maramdaman kong niyakap niya rin ako, *sobrang higpit.* Naramdaman ko rin ang pagdampi ng labi niya sa noo

ko. Sobrang lakas ng tibok ng puso niya, na sinasabayan din ng sobrang lakas na tibok ng puso ko. “Hindi ako nangangakong hindi na ako aalis, or hindi na rin kita sasaktan, I’d learn from my mistakes. But Lor, gagawin ko ang lahat, para hindi na maulit ito.”

I felt Lor fished out his phone. Maya-maya, bigla akong nakarinig ng boses, ‘yung boses ko pala. *“G-gusto ko siya. Pero, p-pero hindi naman niya ako gusto eh.”*

Bigla akong napalayo sa kanya. “Y-yung, yung recorded voice ko.” Namamanghang sambit ko sa kanya. “P-paano?”

“Nasa ibang folder. Nilipat ko. Alam ko kasing, gagawin mo ‘yung ginawa mo noong araw na ‘yun.” Tumitig siyang muli sa mata ko. “Mahal kita, Ace.”

Isang malaking ngiti ang umalpas sa labi ko. “Lor, pwede mo ng burahin iyang record na iyan.”

Taka naman siyang nagtanong sakin. “Why?” Ngumiti pa ako ng pagkatamis-tamis, huminga ng malalim bago tuluyang nagsalita. Pinakiramdaman ko ang nasa dibdib ko, ganon pa rin ‘yung bilis ng tibok ‘nun.

.

.

“Palitan natin nang, *mahal kita Lor, sobrang mahal kita.*”

*-END-*

May Epilogue pa po. Hihi <3

*REVISED: June 16, 2014*

---

Cerisemie © Wattpad 2012

# Epilogue

Minah’s POV (Refer Chapter 12, kababata siya ni Carl)

Alam mo ‘yung mahirap sa mga extra lang sa bawat istorya? Ito ‘yung katotohanan na, pagkatapos ng happy ending ng mga bida, nakatengga na lang sila sa isang tabi, not knowing who will be the one for them. Basta, hanggang doon lang sila ginawa ng manunulat sa puntong, tuluyan na nilang binitawan ‘yung bida para lang magkaroon ng happy ending ang mga ito.

Ang saklap ‘di ba? Eh nasaan ang kasiyahan ng mga extra? At ano nga bang nangyayari sa mga extra, after nito?

Bumukas ang ilaw sa may gilid kaya napatingin ako kay Carl na nasa gilid ko. Napansin ko naman ang panginginig ng balikat niyang nakadikit sa balikat ko. Napakagat ako ng labi ko nang mapansin ko ang napakalungkot na expression ng mukha niya habang nakatitig sa magkayakap na Ace and Lor sa stage.

Napahinga ako ng malalim at nahigit ang paghinga habang pinipigilan ang luhang gustong dumaloy sa mga mata ko. Matagal ko ng mahal si Carl, matagal na, sa sobrang tagal eh nakalimutan ko na kung kailan nagsimula. Kahit kababata ko na siya at kahit sobrang lapit namin sa isa’t-isa, iba pa rin ang hinanap niya. It’s as if, hindi pa ako sapat sa kanya. Nakuha ko pa ngang umextra at ipagkalat sa buong Academy na naging kami para lang maniwala siya na mahal ko siya. Hindi kasi siya naniniwala dahil para sa kanya, *magkababata lang kami*.

Napatingala ako at muling napakagat sa labi. Kung para sa iba, extra siya sa buhay ni Ace, come to think of it, *Extra lang din talaga kaya ako sa buhay ni Carl?*

xxxxx

*Graduation Day*

Ace's POV

"JJ! Happy graduation for the both of us!" masaya kong bati sa kanya noong sagutin niya iyong tawag ko. Naglalakad ako papunta sa Classroom namin dahil mahigit 30minutes pa naman bago magstart ang Graduation. Marami akong nakasalubong na ka-batch ko at bawat makita kong kakilala ay nginingitian ko. And besides, pinag-i-istay kami 'ron para raw hindi kami naggagala sa paligid ng Academy. Naiwan naman sila Mama sa may field dahil doon naman sila pinapunta at pinaghintay.

[Thanks Ace. Sayang nga at wala ko diyan.]

"Aysus, ang arte!" Natatawa kong sabi sa kanya. "Eh pwede ka namang pumunta rito anytime you want ah."

Narinig kong bumuntong-hininga ito. [Sa Manila na ako mag-aaral ng College.]

"Really? Edi maganda! Pero bakit parang disappointed ka pa ata?"

[It's not that. Alam mo namang doon naman talaga kami nakatira. Nag-stay lang ako sa St. Mary because of my Lola.]

"Eh ano bang problema mo? Isama mo si Justin!"

[Kasama ko naman siya eh.] Bumusangot na ‘yung mukha ko. Ang gulo naman kasi nitong lalaking ito. [Ohh, I feel that someone’s creasing her forehead.]

Napairap na lamang ako. “Ang sabihin mo, kaya ka nagkakagayan dahil maiiwan mo na ‘yung kapatid ni Justin.” Aangal na sana siya nang magpatuloy ako sa pagsasalita. “About last time, I really wanted to say thank you JJ. Kahit alam kong napakalaking perwisyo mo sa buhay ko, I still owe you a lot. Thank you talaga.”

Narinig kong napatawa ito. [Hmm, kunwari wala na lang akong narinig na perwisyo.]

Magsasalita na sana ako nang maramdaman kong may biglang humawak sa kamay ko, pero dahil naramdaman kong biglang lumakas ang tibok ng puso ko, eh alam ko na kung sino ito. “Hi Ace.”

Napangiti ako at ramdam ko ang pamumula ng mukha ko. “Hello Lor.”

[Mukhang sagabal na ako sa inyong dalawa. Ibababa ko na ito Ace. Siguro next week nandyan ako, daraan ako diyan habang inaayos ‘yung papers ko sa pag-aaral sa Manila. So, happy graduation din. Enjoy the day and take care always.]

Nilagay ko na ‘yung phone ko sa bulsa ko upang tuluyang maharap si Lor. “Hinihintay na nila tayo sa classroom. Let’s go?” Tumango naman ako.

Nang makarating kami sa classroom ay nagulat kami sa nadatnan, napahiwalay tuloy bigla ‘yung kamay ko kay Lor dahil ‘yun iyong pinangtakip ko sa bibig ko. Nag-iiyakan na kasi ‘yung mga kaklase ko eh hindi pa mandin nagsisimula ang ceremony. Tapos may biglang yumakap sakin, and it was Mariel. “Ace, I’m so sorry last time. Basta, it was just a plan okay?”

Kumawala ako sa yakap niya at nginitian siya. “No harm done, Mariel.”

“I’ll miss you. For the past 4 years that we’ve been classmates, you’ve been good to me. Thanks for all the memories.”

Napatawa ako at napakagat sa labi. Bigla akong napaiyak. “Myghad, nag-iiyakan na agad tayo rito!” Niyakap ko rin naman siya. “I’ll miss you too Mariel. Thank you rin sa lahat.”

Bigla namang may lumitaw sa gilid ko, and it was Lor’s friends. “Mahal na prinsesa!”

Natawa ako sa kanila. Ang cute kasi nilang tingnan habang suot ‘yung toga. “’Di ako makapaniwala sa hitsura niyo! Mukha kayong disente! Pero ang higit sa lahat talaga, ‘di ko ineexect na gagraduate kayo ha?”

Natawa silang lahat sa sinabi ko. “Teka nga,” Singit ni Mark. “Kayo na ba? Para klaro lang.”

Nagkatinginan kami ni Lor at sabay na natawa. Hinawakan niya iyong kamay ko, hinigpitan ang pagkakahawak doon at itinaas. “Ano sa tingin niyo?” Tumingin siyang muli sakin, tapos tumingin ulit sa mga kaibigan niya. “But to satisfy your curiosity guys, yes, we’re finally together. Actually, kahapon lang nga.”

Nagsigawan sila kaya samin natutok ang atensyon ng lahat. Nag-ayieh pa nga ang mga kaklase ko. Napailing na lamang ako sa nangyari. Akma naman akong yayakapin isa-isa nila Mark nang biglang humarang iyong kamay ni Lor. “Ooops, walang yakap.”

“Possessive mo naman pare, parang ‘di kaibigan oh. Parang ‘di rin tinulungan noong namomroblema sa lovelife.” Singit ni Brix.

Nag-asaran pa sila roon nang nag-asaran. Napailing na lamang ako. Napalingon ako sa gilid ko nang makuha iyong atensyon ko ni Janeth, “—torian siya. Oo, ‘di nga ako makapaniwala.

Hanggang ngayon pa rin naman." Bumuntong-hininga ito. "Masaya? Masaya ba iyon? Tss." Lumapit ako sa kanya nang binaba niya iyong tawag.

"Hi Janeth. Happy graduation." Nakangiti kong bungad sa kanya.

"Oh, hi Ace. It's good na hindi ka umiiyak unlike others. Ang emotional na kasi nila hindi pa mandin nagstart."

"Aysus, napaiyak kaya ako ni Mariel. And besides, I saw that you cried too noong kausap mo si Kristel!"

Natawa siya sa sinabi ko. "Baliw ka talaga Ace." I flipped my hair, alam na iyon ni Janeth. Bigla itong napalingon sa gilid, sinundan ko iyong tinitingnan niya and it was Alvin.

"Kausapin mo Janeth."

Nagugulat na napatingin siya sakin. "Ha? Anong sabi mo?"

I gave him a bright smile. "Talk to him Janeth. Based from what Carl told me, *it's now or never*. If you don't want to end up with regrets, talk to him." Then I tapped her shoulders.

Someone barged in our  rooms' door, and it was Christine na kasunod pala si Manilyn na tila hingal na hingal. Actually ay pareho sila at mukhang kagagaling lang nila sa takbuhan, and I wonder why kaya lumapit ako sa kanila. "What happened?"

Huminga muna sila pareho ng malalim bago ako hinarap. "May humahabol samin." Sagot sakin ni Christine. Kumunot naman iyong noo ko, and I know, by that look, they already know what I wanted to say.

“Actually, si bessy lang ang hinahabol. Hinatak lang niya ako sa parents ko from the parking lot up to here.” Irap na sagot ni Manilyn.

“Hoy ‘di ah! Hinahabol ka kaya noong isa doon!” –Christine.

“Deny pa! Denial queen ka talaga eh!” Sagot ni Manilyn. Bumusangot naman lalo ang mukha noong isa.

Napatingin ako sa may labas. Nakita ko sa may pinto na nandoon sila Minah at Carl. Napangiti ako, inaayos kasi ni Minah iyong bulaklak sa toga ni Carl. Ngayon ko lang din napansin, they’re really cute pala when they were together.

Upon thinking what Carl told me before, mukha ngang ako talaga ang weird that day, gawin ko ba naman ibahin ang nakasulat sa script eh.

“Hello to Earth Ace, hello to Earth. Yoohooo?” Napalingon muli ako doon sa dalawa.

“Uhm, why?”

“I know it’s so korni but, I’d made letters for the both of you. Hindi ko kasi kayang sabihin ng harapan because I know na maiiyak lang ako.” Umpisa ni Christine.

“Biglang shift ng emotions?” Pang-aasar ko sa kanya.

“Ugh, basta. Gumawa ako ng letters. Bitbit ko na ‘yun actually noong papunta rito. But then again, dahil may humabol samin—“

“Ikaw lang nga ang hinabol. Dinamay mo lang ako, duh.”

“—Tss. Basta, dahil may humabol samin eh dali-dali ko na lamang nilagay iyong letters sa bag na dala ni Manilyn. Kunin niyo na lang doon.”

“Actually, I made letters too.” Bigla naman kaming nagkatinginan ni Manilyn. Sabay naming sinabi iyon kaya kami napatawa.

Napailing si Christine. “Magbebestfriend nga talaga tayong tatlo. Letters, really?” At saka naman kaming nagtawanang tatlo.

Then silence followed. “I’ll, I’ll miss you guys.” Sabi ko sa kanila. Nagsalita si Christine, “Group hug!” So we did.

Maya-maya, biglang may tumikhim. Naghiwalay kami at saka napatingin sa pinto kung saan nanggaling iyong pagtikhim. “Christine.” Sabay nilang sabi. Napangisi ako nang makita ang reaction ni Christine. Iyon kasing tumawag sa kanya eh sila Alex and Vincent/Vince.

Naramdaman ko ang may biglang paghawak muli sa kamay ko. “In demand ka yata. Ang daming kumakausap sayo eh.” Sabi niya sakin.

“Iba talaga ang karisma ng magaganda.” Sabi ko sa kanya.

Manilyn retorted. “Iyong gandang tinutukoy mo, ‘di nag-e-exist dito! Shupi nga kayong dalawang lovebirds!” At saka ito lumayas sa harap namin pero binigay naman sakin iyong bag niya. Natawa na lamang kaming dalawa ni Lor sa sinabi nito.

“Are you excited for what will happen later?”

Tumango ako. “Ofcourse. But I’m afraid too.”

“Why?”

Napatingin ako sa kabuuan ng classroom namin, pati na rin sa mga kaklase kong maiingay sa paligid. “High school has been my comfort zone for the past 4 years. And I’ve been with some of my classmates since elementary. And ofcourse, I’ve been with my bestfriends nang sobrang tagal na.”

“And?”

“And I’m afraid to go out of my comfort zone. Natatakot akong lumabas sa kung saan ako nasanay na. Halos lahat naman ‘di ba? Ayoko mag-college. Well, gusto ko, pero syempre, gusto ko lang kapag kasama sila, kayo. Sanay na akong kasama kayo, and I don’t want a new environment without you guys.”

Ngumiti siya sakin. “Well, let’s think about this one. When the time comes that you’ll feel you’re lost, or you’re feeling empty, don’t think those things. Your classmates, your bestfriends, your family, I myself, we’re your home. And no matter how far you are from us, you do still know how to get back because we were your home. And you are my home Ace.”

Napangiti ako. “Thank you Lor. Basta, thank you sa lahat. And don’t worry, you’re my home too.”

Hinalikan niya iyong noo ko. “I love you okay? Lagi mong tatandaan ‘yan.”

Tumango ako. “Opo.” Tumingin ako sa kanya. “Nakakatawa ‘no? I can’t still believe that you and Raffy were the same. But now, above all this things, I can already consider this one thing, I love you too, ***My First Love***.”

Maya-maya, bigla ko namang naalala iyong letter na binanggit ni Christine kanina. “Wait, ilang minuto pa ba bago magstart?”

Tumingin ito sa relong pambisig nito. “Uhm, 10 minutes.”

Binuksan ko iyong iniabot saking bag ni Manilyn at binuksan ang loob nito. Nakita ko naman kaagad iyong letter na sinasabi ni Christine kaya kinuha ko na iyon kaagad. Napairap pa nga ako nang tuluyan ko na itong nakuha. “Ayyy, talaga naman. ‘Di man lang nag-effort lagyan ng design.” Nakalagay lang kasi ito sa parang folder pero medyo maliit naman.

“Letter? Ni Christine sayo? Sa inyo?” Tanong sakin ni Lor. Tumango naman ako. Medyo lumayo naman siya sakin para bigyan ako ng privacy para basahin ang sulat.

Tinutok ko naman na iyong paningin ko sa papel. Nagtaka pa nga ako ng mabasa na parang puro about sa medical terms ang nakasulat doon. ‘Di naman ako na-inform ni Christine na ganito pala niya gustong isulat ang letter niya. Dudugo pa ata ang ilong ko rito. Napatitig ako sa babang parte nito, at may nakasulat na *Manilyn Regalario*. “Ayy, mali pa ata ako ng nakuhang letter.” Sabi ko pa. Pero kaagad din akong natigilan ng nabasa ko ang sumunod na mga salita, *Manilyn Regalario’s Diagnostic Tests, bone marrow test, leucocyte test.*

Bigla akong natigilan. Pagkaraan ay iniangat ko ang paningin ko para hanapin si Manilyn. I know, there’s something wrong with this paper. “Hey, what’s wrong?” Tanong sakin ni Lor.

Hindi ko alam na hinihigit ko na pala ang paghinga ko ng mga sandaling iyon, napakapit ako sa braso niya. “Manilyn, Lor. I need to see her. Right now.”

Inalalayan naman niya ako palapit kay Manilyn, na katabi na pala si Christine sa may sulok. “Ace.” Masaya pang bungad sakin ni Christine.

Humarap ako kay Manilyn. “Ano ‘to, bessy? Ano ‘to?”

Nanglaki ang mata niya habang nakatitig doon sa papel. Tila gulat na gulat na para bang may nalaman kami na hindi dapat namin nalaman. Biglang kinuha ni Christine ‘yung papel at binasa ang mga nakasulat doon. “Bone marrow test? Leucocyte test? A-anong test ‘to? Ba’t ka kumuha nito? Ba’t sayo nakapangalan?”

Biglang may tumulong luha sa mga mata ni Manilyn pagkatapos nitong huminga ng malalim. Napakagat ako sa labi ko. “You see Ace, Christine, kinailangan kong makipaghiwalay kay Harold ‘di ba? Kunwari ‘di ko na siya mahal. Pero tingnan mo nga naman, ‘yung lame excuse that I used to Harold, magkakaroon pa pala ng mas malaking rason.”

Naramdaman ko ang pangingilid ng luha ko kahit ‘di ko naman alam kung bakit. “Please enlighten us, Manilyn. Naguguluhan kami.” Lor squeezed my shoulders, para siguro gumaan-gaan ang loob ko. Alam ko na pati siya ay naguguluhan, but I guess, he doesn’t want to interfere with us.

Kinuha nito ang papel mula kay Christine. “Alam kong nagtataka kayo kung bakit biglang may nagbago sa pangangatawan ko these past few weeks. Ang dami niyong tanong sakin pero ang tanging sagot ko lang was I’m fine.” Huminga ito ng malalim. “So, bone marrow, leucocyte and other tests.” Tumitig siya isa-isa sa mga mata namin. **“May sakit ako. Yes, tama kayo ng rinig. I have a *cancer*. *Leukemia, stage 1*.”**

==== **Book 1- My First Love** finally ends here ====

--

Author’s note:

Unang-una sa lahat, I know, cliffhanger XD Sorry naman po, I need to make that kind of ending para syempre basahin niyo iyong kasunod.

Anyway, pakitandaan mabuti ‘yung date, ples, HAHAHA. Baka kasi magluhan kayo, this story was finished way back in May 2012 if I’m not mistaken. Then, nang matapos ko ‘yung pagrerevised—JUNE 2014. *Lahat po nabago,* as in lahat ng scenes, baka kasi magtaka kayo once na basahin niyo ‘yung story ulit. Pero don’t worry guys, ganon pa rin naman ‘yung problem ‘di ba? Mas improved lang nga :)

Oh, para sa nagtatanong kung anong next story. It’s *Book 2- My Forever Bestfriend,* story of Christine.. You can also read *Book 4- One Sided Love* story of Joana Mischelle Enriquez too since Book 2 was still not finish. Yes, siya iyong babaeng nakausap ni Ace sa chapter 27. Sa mga naguguluhan naman, ito ang flow nang bawat book.

**Book 1- Story of Ace**. **Book 2- Story of Christine**. **Book 3- Story of Janeth**. Iyong girl sa chapter 10 and sa Epilogue. **Book 4- Story of Joana Mischelle. Book 5- Story of Joyce.** Pinsan niya si Mischelle. Well, you could hear everything about her once you read Book 4 or this story mismo syempre. I won’t spoil, da kasi, trip ko lang! HAHAHA. And ofcourse, **Book 6- Story of Manilyn.**

Hinuli ko si Manilyn because I think, she deserves it. And maiintindihan niyo rin naman kung bakit once na basahin niyo lahat. Sa bawat book kasi, plinano ko na magkakaiba and magkakasunod lang ang timeframe nila, mas huli si Manilyn kasi iba ‘yung plano ko sa story niya. Sa totoo lang, palabok lang ang Book 4 and Book 5. Pansin niyo naman ‘di ba, wala sa circle of friends ni Ace or sa AA ‘yung sila Mischelle and Joyce.But then again, kahit palabok lang sila Joana Mischelle and Joyce they’re REALLY important for me. Sa Book 6 po magtatapos ang mga ito. Wala nang kasunod. Tama na. Besides, may bago naman akong storya bukod sa anim na book na ito. Hihi.

Special thanks sa Ate ko, hihi. May balak kasi siyang basahin ito, but well, hindi ko alam kung kailan niya BALAK na basahin ‘to. Hahaha! And besides, may naitutulong din siya sa akin kapag tungkol sa emotions na ang pinag-uusapan. Hihi, Ayieh si Ate kinikilig mwahahahahaha! Libre mo ‘ko quesadillas daliiii! XD

XXXXX

---

**Book 1- My First Love**

Cerisemie © Wattpad 2012

[Posted at TRE and Wattpad, *only*]

Written by:

Cerisemie Or Jam Mendoza

Property of: **cerisemiestories.weebly.com**